# *Isang Tunay Na Tanda Na Napalampas*

...magkatipon-tipon sa umagang ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at matapos na makapanalangin nang puspusan. At sa umagang ito, hindi ako bumangon nang maaga. Medyo atrasado ako, sa pagbangon, at sa palagay ko alam naman ng lahat kung bakit, ngayon lang.

2 Umuwi po ako, nung isang umaga, o nung isang gabi, at ang kapitbahay ko po'y nakatayo sa bakuran, siya at ang munti niyang anak na babae. Ang maybahay po niya'y isang nars sa paanakan sa ospital. Mangyari na may—may tungkod siya sa kanyang kamay, na mga *ganitong* kahaba, na may—may munting nakasulat dun, may laso, at sabi dun sa munting nakasulat dun, "Lolo Branham nang mga, sa palagay ko, mga 3:43 o 4:43, ika-11 ng Oktubre." Pagkatapos, may malaking panaklong sa ibaba, ang sabi, "Mas matanda ka na kaysa sa inaakala mo." Kaya may legal na akong karapatan ngayon para makapahinga nang mahaba-haba sa umaga. Tama ba, Kapatid na Wright, kapag ikaw—kapag ikaw ay naging isang lolo na?

3 At kaya sa palagay ko medyo pinagpapaumanhinan ako n'yan, kung ganoon, Kapatid na babaing Kidd, sa umagang ito, sa di pagbangon sa pagpunta n'yo rito mula sa Ohio. Tunay nga na parang mas tumanda ako nang sampung taon, sa palagay ko, pagkatapos nun. Pero, gaya ng nalalaman n'yo nang lahat na may munting apo ako roon, na mga pito o walong libra ang timbang, parang ganoon, pinaka pangit na munting bata na nakita ko kailanman. Sabi tuloy, "Kamukha siya ng kanyang lolo." Kaya... At tinitingnan ko kung saan siya nagpunta, kung saan nagpunta si Billy.

4 Mangyari, kagabi, sa pagdaan ko dun sa pasilyo, matapos na sagutin ko ang mga tawag sa akin, nakatagpo ko ang isang grupo ng tapat na mga kaibigan mula Georgia at sa palibot, at naroon kaming lahat na nakatingin sa munting mga bata. At nakakatuwa sila. Ngayon, sila nga'y para bang... Sa tuwina nga'y ang pakiramdam ko'y parang, "Billy, natatakot ka na baka mabalian mo sila, alam mo. Napakaliit kasi nila." At sa palagay ko si Kapatid na babaing Beeler ang nagsabi nun... Lagi kong iniisip dati... Lagi niyang iniisip ang ganoon din dati, pero, pagkatapos, ay nalaman niya na di naman sila madaling mabalian. Kaya, naisip ko na baka ganoon nga.

5 Kahapon ng hapon ay nagkaroon ako ng pribilehiyo na makaparoon sa isa sa mga tahanan ng ating kapatid na babae

rito sa iglesya, sa bahay ng anak niyang babae; at sa palagay ko ay dumadalo rin siya rito sa simbahan, kung saan nagdaos sila ng munting hapunan para sa kaarawan ni Kapatid na Neville. At 'yun nga'y isa na namang kilometrahe na naabot niya kahapon. At kaya nagpaabot kami kay Kapatid na Neville, "Ng isang tunay na maligayang kaarawan," bawat isa sa amin, dahil siya'y isang napakainam na kapatid. At, hayan nga, siya'y nakaabot na ng beinte-singko, nito-nito lang, haya't kagaya ko nga. At hayan po na nakaabot na kami rito, nang ikalawang beses na. Yan. . . Ngayon kami'y tumatanda na, kapag nakaabot kayo roon sa markahan na 'yun nang ikalawang beses, alam n'yo.

6 Naalala ko 'yung umaga noong nagpunta rito si Frankie Weber. At siya po'y kapitbahay namin sa kabilang pinto rito; ang kanyang anak na babae ang nakatira roon ngayon. Nasa Florida na siya. At si Frankie at ako'y nagkasama noon sa eskuwelahahan. At inihulog ni Frankie ang kaloob niya na pahiwatig ng kanyang kaarawan. At ako'y nangangaral na noon nang mga tatlo o apat na taon na. Akin ngang naakay si Frankie sa Panginoong Jesus. At naghulog siya nang sangkapat na dolyar. Sa pagkaalala ko ay beinte-dos ako noon. At naghulog siya ng sangkapat na dolyar. Sa isip-isip ko, "Oh, naku, ang ibig mo bang sabihin ay beinte-singko anyos na si Frankie Weber? Whew! Naku, pinangangambahan ko 'yung panahon na umabot na ako ng beinte-singko." Ngayon ako'y nalalapit nang maglagay ng tatlo nun, hayan nga't, malapit na. Hayan po na—na hindi na 'yan magtatagal.

7 Kapag tumitingin ako rito at nakikita ko si Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Kidd na sila'y nasa otsenta na't malakas pa rin, naiisip ko, "Panginoong Jesus, patawarin Mo po ako sa pagrereklamo, sa edad na singkuwenta'y dos." At samantalang sila. . . Kayo po'y otsenta na, at si Kapatid na lalaking Kidd ay otsenta'y uno na. Tama po ba? Otsenta'y uno. At sila'y nasa pagmiministeryo pa rin. At sinasabi ko sa inyo, nagbibigay sigasig 'yan sa atin, hindi po ba? Tunay nga. Ang Panginoon ay tunay na mabuti sa atin.

8 Ngayon, may isang bagay lang ako na pinangangambahan, sa pagdadaos ng pagtitipon dito sa umaga, at 'yun ay. . . Nakakakilabot, para pong kahiya-hiya mismong sabihin. Pero marami akong mga kaibigan na nanggaling pa, sa napakalayo, para dumalo sa—sa mga gawain.

Hindi ko nakikita ang mga Evans dito, pero narito sila kung saanman, sa palagay ko. Kailanman ay di sila lumiban maski isa. At alam n'yo ba kung gaanong karaming milya ang minamaneho nila kada Linggo para makapakinig ng pangangaral? Labing-tatlong daang milya. Hindi sila makabibiyahe nang mababa sa animnapu hanggang pitumpung dolyar kada sanlinggo, para makasimba lang, ganoon nga, kapag nagtutungo sila rito kasama

ang buong, pamilya nila mismo, na dadako rito, ganoon ang gastos nila.

9 Ngayon, hindi lang 'yun, pero heto ang isang munting kapatid mula sa Alabama, na nagmamaneho nang ganoon ding kalayo linggo-linggo. Kapatid... Oh, grabe! Si Kapatid na "Welt"? [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "West."—Pat.] West. Ako... Kabataan siyang tingnan, sa akin. Siya'y—siya'y isang tatay na, may mga anak na. Pero lagi ko siyang naaalala, na siya'y napakabatang tingnan, siya at ang maybahay niya. Si Kapatid na West.

10 Sina Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Palmer na nakaupo riyan sa likod, sila'y mula naman sa Macon, Georgia.

At—at si Kapatid na babaing Ungren, kadalasan narito sila, na mula naman sa Memphis, Tennessee. Nandito ba sila sa umagang ito? Ako—ako... Kadalasan ay narito sila. Si Kapatid na babaing Ungren at—at ang grupo mula sa Memphis, Tennessee, diyan, po, sa likod na likod.

At may iba pa. Akin lang... Napakarami po nila, para banggitin isa-isa. Ang ilan sa kanila, galing sa katimugang Kentucky. Ang ilan, galing pa malapit sa Chicago. At ang ilan ay galing Chicago, at lampas pa ng Chicago, sa palibot dun.

11 Noong Linggo, sa pagkakaintindi ko may isang lalaki rito na nanggaling pa ng California, at may kaunti siyang nais sabihin sa akin; nais akong makita. Mangyari po, na abalang-abala ako, pagkatapos ng pagtitipon. At umuwi ang lalaki, na hindi man lang ako nakita.

May isa pa na galing Illinois, sa kung saan. Kung ang lalaki pong 'yun ay narito sa umagang ito, 'yun po ang pinaka masasarap na mga mansanas na nakain ko. At dinalhan niya ako ng isang kaing na mansanas.

At isa sa mga kapatid mula sa Georgia, sa palagay ko, o kung saan, nagdala naman siya ng isang malaki talagang kahon ng pecan, mga *ganoong* kalaki, 'yung paper shell na klase. At, oh, talagang nawili akong kainin!

12 Ngayon po, ako'y, hayan nga, hindi ako nakakakain ng kaaya-ayang mga pagkain nang mga ilang araw na, sadyang hindi po mula noong yumao ang nanay. Ako'y dumudulog sa Panginoon para sa isang—isang bagong pangitain. Malalambot lang na pagkain ang kinakain ko, at dahil doon ako'y... sa kaunti na 'yun na kinakain-kain ko; nabawasan ako ng dalawampung libra na timbang. Na heto... Ngayon, hindi po ako nag-aayuno. Hindi po... hindi. Haya't, ginagawa ko lang 'yun, hindi po 'yun pagkakaloob para sa Panginoon. Ang nais mo ngang ibigay sa Panginoon ay ang pinakamainam na taglay mo. Hindi ang...

13 Mangyari na nagkita rin kami ni Kapatid na Sumner at sila sa likod dun. Napakarami nga. Ako . . .

Gaya, nung nakaraang Linggo, nabanggit ko sa mga tao na—na nag-ayos para kay nanay, at mga bagay-bagay. At isang tunay na tapat na kapatid na babae ang naroon. Nakalimutan ko lang ang pangalan ng babae na 'yun. Ngayon, kung narito po siya sa umagang ito, humihingi po ako ng paumanhin. Ang isa sa kanila ay si kapatid na babaing Beeler, at 'yung isa ay sina Kapatid na babae't Kapatid na lalaking Steffy. At marami pa! Ako . . .

14 Lahat kayo'y sapat na nakikilala ako na malaman na hindi ko sadya, kung may pangalan ako na nakakaligtaan o may tao na nakakaligtaan. Sila pong lahat ay talagang tapat! At kung minsan sa pagkakaupo rito, babanggitin ko lang ang ilan na pumapasok sa isip ko. Pero ako . . . Dahil diyan, ang buong grupo po mismo, ang lahat, kita n'yo, sadya ngang napakabuti. At pagkatapos, ang lahat, ay kalugud-lugod, mabuti sa amin. At tunay po na ikinapapasalamat namin 'yan.

15 At ngayon, sa umagang ito, sisikapin natin na dumulog muli sa Salita ng Diyos. Ngayon, nais kong sabihin ang pahayag na ito, para maging mas malinaw ito, na hindi po ako—hindi ako nagpupunta sa anumang pagtitipon na basta makita lang. Hindi po ako nagpupunta para lang sabihin, "Buweno, nais ko marahil manalangin sa Panginoon na bigyan ako ng isang—isang Mensahe na magbubunsod sa mga tao na sadyang makaramdam ng kaigihan at makasigaw." Napakarami na natin n'yan, pero, haya't ikinapapasalamat natin 'yan. Ayos lang ang lahat ng 'yan. Kita n'yo? Kaaya-aya 'yan. Kita n'yo? Pero ang bagay na nais kong magkaroon ng kabatiran, ay, "Panginoon, Iyo pong pangunahan ang aking mga pag-iisip sa bagay na magiging isang tulong sa mga tao, na mailalagay sila nang mas malapit pa sa Diyos, na—na—na magbubunsod ng isang bagay para sa kanila, na—na, hindi lang sila palaguin sa espirituwal, kundi palaguin sila sa kaalaman at paalala ng Diyos, para batid nila kung paano tumindig kapag darating ang kaaway."

16 Kausap ko ang isang kapatid na babae na dumalo rito para bumisita ngayong sanlinggo, si Kapatid na babaing Palmer. Ang sabi niya, nais niyang malaman kung paano ako nakakapamalagi sa lalawigang ito. Haya't, magpunta lang kayo rito, at, siyanga, sa tuwing darating ako sa lambak ay nagkakasakit ako sa pagkapunta na pagkapunta ko pa lang. Sadya ngang di maganda sa kalusugan ang lambak na ito rito. Alam natin 'yan. Pero ang Diyos ay maraming mga anak sa dako rito. At kaya isa sa mga araw na ito . . .

17 Ako'y dumudulog sa Panginoon ngayon, para makasumpong ng isang tunay na direktang Mensahe mula sa Diyos. Kita n'yo? At ako, sa tulong ng Diyos, ninanais ko lang na makapanghawakan hanggang sa Siya'y dumating, 'yan po'y

hanggang sa Siya'y makapagkaloob ng ilang pahayag sa akin. Dahil nararamdaman ko na marapat na may. . . May bagay na nalalapit nang mangyari sa palibot dito, at nais kong malaman kung ano 'yun. Nais kong malaman nang direkta mula sa Diyos, para masabi ko na ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo? At pagkatapos—pagkatapos malalaman n'yo, kayo, na mga kapatid, pagkatapos nga'y malalaman n'yo na ito'y—ito'y hindi ako. Kaya, inaasam ko na pagsikapan na mangyari 'yan, na, o, makapakinig unang-una mula sa Kanya.

18 Dahil, kung inilalagay Niya ang Kanyang mga Salita sa—sa isang tao, buweno, kung ganoon hindi na ito ang tao na 'yun; Siya na ito. Mangyari nga na kung sinasabi ito ng tao, sa ganang sarili niya, kung ganoon hindi ito tutumbas sa anumang bagay ano't anuman. Pero kung Siya, ang Salita ng Panginoon, ay naroon sa tao, Ito'y mailalahad, at pagkatapos ito'y—ito'y magiging saktong-sakto mismo. Yan 'yung bagay na inutos sa atin sa Biblia, doon sa bandang ika-20 kabanata ng Deuteronomio, sa palagay ko, ang sabi Nito, hayan nga, "Antabayanan ninyo, at kung may isa na mangungusap sa Pangalan ng Panginoon, at hindi ito mangyari, kung ganoon ay huwag ninyong pansinin ang tao na 'yun." Kita n'yo? "Pero kung kanilang sasalitain ito at ito'y mangyari, kung ganoon ay mainam na pakinggan ninyo ito," kita n'yo, "dahil ito'y nagbubuhat sa Diyos."

19 Ganoon nga ang Diyos. Kanyang inilatag ang Kanyang regular na programa rito sa Biblia. Batid natin kung paanong dapat nating basahin 'yan. Pero may ilang mga bagay, na—na ukol sa Iglesya at ukol sa panahon at mga bagay-bagay, na hindi Niya isinulat rito sa Biblia, kaya Kanyang inilagay ang Kanyang Tinig sa isang tao at kanilang ipinapahayag Ito, kita n'yo, ipinapahayag Ito. Kaya, mangyari, na ang paraan para hatulan ang tao na 'yun ay alamin kung 'yun ba'y mangyayari sa paraan na sinabi nila ito. Pagkatapos, kung ganoon, na hayan nga't nangyayari sa tuwina sa ganoong paraan, buweno, mababatid nga natin na 'yun ay galing sa Panginoon. Tapos tayo'y—tapos tayo'y may kompiyansa, kung ganoon, na maghanda para sa mga bagay na 'yun na parating.

20 Nais kong bumasa sa dalawa o tatlong dako rito sa Mga Kasulatan ngayong umaga. At nais kong basahin, muna, ang galing sa Aklat ng Exodo, at sa palagay ko sa bandang ika-4 na kabanata ng—ng Exodo, bilang pasimula.

21 At ngayon marahil iaanunsyo ko habang naghahanda kayo na basahin ang Mga Kasulatan na ito, marahil iaanunsyo ko ang bagay na nais kong ipangusap sa inyo, ang bagay na inilagay ng Panginoon sa puso ko na ipangusap, sa umagang ito. Hindi ko alam kung anong gagawin Niya tungkol dito, sa mga tao; marahil direkta ito para sa isang tao rito, marahil para sa mga nariyan sa teyp, sa kung saang dako. Pero nais kong ianunsyo, sa umagang ito. . .

22 Sa pagkakaalala ko, noong nakaraang Linggo ng umaga, nangaral ako tungkol sa *Isang Tunay Na Saksi*. At sa umagang ito, loobin ng Panginoon, nais ko namang mangaral tungkol sa *Isang Tunay Na Tanda Na Napalampas*.

23 Ako. . .Sinasabi sa akin ni Kapatid na Palmer, kagabi, na noong nakaraang Linggo ng umaga ay nangusap ako sa paksa . . . o ang sabi'y mangangaral ako, sa Linggong ito, tungkol sa "Ang apat na salikop ng Iglesya." At noong pumasok ako kagabi . . . Kadalasan ay inililista ko 'yun. Ang bagay . . .Hindi ko alam kung dapat n'yo bang gawin 'yun o hindi. Pero napakarami ko ngang bagay, na sinisikap bulayin. Kapag may bagay ako na nahahagip, akin ngang inililista 'yun sa kapirasong papel. Kita n'yo? At akin ngang tiningnan 'yun, at ang akin ngang ibig sabihin dun ay hindi eksaktong apat na salikop. Ganoon lamang ang pagkakasabi ko, hayan po. Pero ang ibig kong sabihin, ay, "Ang apat na anyo ng pamamahala sa Iglesya." At para gawin 'yan, kailangan kong maglikom ng maraming kasaysayan. At marahil sa susunod ay mayroon na ako nun. Pero kailangan pa nang kaunting panahon kaysa sa mayroon ako, na panahon para makapag-aral, para makuha ito, dahil kailangan mong bumalik-balik at kunin ang mga petsa, at iba pa.

Dahil, lahat kayo, lahat kayo'y nauunawaan na ito'y nasa lahat ng dako. Aba't, nais nating makasigurado nang husto ukol sa mga bagay na ito bago natin sabihin ang mga ito. Kinakailangan na tama ang mga ito. Dahil, nakatayo tayo rito, hawak-hawak ang pinakamataas na katungkulan na hawak sa mundong ito: ang pagiging isang ministro. Ang pagiging isang ministro, haya't kinakailangan na talagang makatotohanan at tama, tumpak, ganoon dapat tayo. Kinakailangan nating dumepende sa Diyos para gawin ito.

Ngayon, sa Aklat ng Exodo, sa ika-4 na kabanata:

> *At si Moises ay sumagot at nagsabi, . . .narito, hindi nila paniniwalaan ako, ni didinggin ang aking tinig: sapagka't kanilang sasabihin, Ang* PANGINOON ay *hindi napakita sa iyo.*
>
> *At sinabi sa kaniya ng* PANGINOON, *Ano iyang nasa* iyong *kamay? At kaniyang sinabi, Isang tungkod.*
>
> *At kaniyang sinabi, Ihagis mo sa lupa. At kaniyang inihagis sa lupa, at* naging *isang ahas; at si Moises ay tumakas sa harap ng ahas.*
>
> *At sinabi ng* PANGINOON *kay Moises, Iunat mo ang* iyong *kamay, at sunggaban mo ang buntot. At kaniyang iniunat ang kaniyang kamay, at kaniyang hinawakan, at naging isang tungkod sa kaniyang kamay:*
>
> *Upang sila'y maniwala na ang* PANGINOONG *Dios ng iyong mga magulang, ang Dios ni Abraham, ang Dios ni Isaac, at ang Dios ni Jacob,* ay *napakita sa iyo.*

*At sinabi pa sa kaniya ng* P*ANGINOON*, *Ipasok mo ang* iyong *kamay, sa iyong sinapupunan. At kaniyang ipinasok ang kamay niya sa kaniyang sinapupunan: at* nang *kaniyang ilabas, ay narito, ang kaniyang kamay ay* ketong *na maputing parang niebe.*

*At kaniyang sinabi, Ipasok mo uli ang iyong kamay* sa *sinapupunan. At kaniyang ipinasok uli ang kamay niya sa kaniyang sinapupunan; at nang kaniyang ilabas sa kaniyang sinapupunan, ay, narito,* nagsauling *gaya ng kaniyang dating laman.*

*At mangyayari, na kung sila'y hindi maniniwala sa iyo,* ni *makikinig* sa *tinig ng unang tanda, ay kanilang paniniwalaan ang tinig ng huling tanda.*

Napansin n'yo ang dalawang tanda, at ang. . .bawat tanda ay may isang tinig. Hayaan n'yong basahin ko uli ang ika-8 talata:

*At mangyayari, na kung sila'y hindi maniniwala sa iyo, ni makikinig* sa *tinig ng unang tanda, ay kanilang paniniwalaan ang tinig ng huling tanda.*

*At mangyayari, na kung sila'y hindi maniniwala sa dalawang tandang ito, ni hindi makikinig sa iyong tinig, ay* mangyaring *kukuha ka ng* mga tubig *sa ilog, at iyong ibubuhos sa. . .tuyong lupa: at ang tubig na iyong kukunin sa ilog ay magiging dugo sa tuyong lupa.*

24 At ngayon sa San Juan, sa unang kabanata at sa ika-6 na talata, mababasa natin ang mga talata, o ang talata na ito. San Juan, unang kabanata at sa ika-6 na talata. Haya't. . .

*Naparito ang isang tao na sugong mula sa Dios, na ang kaniyang pangalan ay Juan.*

*. . .isang tao na sugong mula sa Dios, na ang kaniyang pangalan ay Juan.*

25 At sa Ezekiel 24:24, nais kong ilagay ang Kasulatan na ito, para idugtong mula sa Lumang Tipan, sa mga propeta, sa Bagong Tipan; para maunawaan n'yo itong pagtutugaygay rito, mula Exodo, nang simula hanggang dulo.

*Ganito magiging isang tanda sa inyo si Ezekiel: ayon sa lahat niyang ginawa ay inyong gagawin: pagka ito'y* dumating, *ay inyo ngang malalaman na ako ang Panginoong* D*IOS*.

Ngayon iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali habang taimtim tayong dumudulog sa Kanya ngayon sa pamamagitan ng panalangin.

26 Diyos Ama, kami'y dumudulog sa Pangalan ng Diyos ni Abraham, Isaac, at ni Jacob: si Jesus Cristo, ang matuwid. Kami'y dumudulog, na may kabatiran na Kanyang

diringgin kami, dahil hindi kami makalalapit gaya ng isa na pumapasok lamang ng gusali, bagkus kami'y lumalapit nang may katapangang may kalakip na pananampalataya, na sumasampalataya na ang bagay na Kanyang ipinangako, ay Kanyang gagawin. Kaya humihiling kami, ngayong araw na ito, Panginoon, na Iyong kukunin ang bawat isa sa amin na narito, ang lahat po mula sa pulpito hanggang sa likod ng gusali, sa lahat ng mga dako, at buksan ang bawat puso't tuliin ang aming pandinig, na ang Salita ng buhay na Diyos ay dumating mula sa Langit, sa umagang ito, at ibuhos sa aming mga puso, nang sa gayon ay makasampalataya kami, habang pinakikinggan namin ang Salita ng Panginoon at gaya ng binasa sa amin sa aming mga tainga sa umagang ito. At pinasasalamatan Ka po namin para sa Iyong Salita. Ang Iyong Salita ay Katotohanan.

27 At ngayon, habang nakikita namin ang masamang mga oras na parating, na ang lahat ng galit ng Diyos ay abot-abot na sa himpapawid. At sagad na mismo sa oras na may bagay na maaaring mangyari sa bansang ito na tinalikuran Ka, na magkakaroon ng isang malakas na pagsabog na sadyang bubura sa bansa mula sa mapa ng mundo, na may kalakip na mga panganib sa likod nito, ng isang di maka-Diyos na bansang sabik na gawin ito. At sa pagkakaalam nito, sa halip na mas lumapit pa sa Diyos, sila'y mas lalo pang napapadpad palayo. Yamang nalalaman sa Aklat ng Apocalipsis at sa buong Mga Kasulatan na ihinula ang araw na ito, na kung ganoon ay tumalima kami sa babala, Panginoon, na hindi maging tamad at pahila-hilata lang, gaya nun. Nawa kami'y bumangon at gisingin ang aming mga sarili.

28 Nawa kami'y magkamit ng pagkaunawa, sa araw na ito, gaya ng di pa kami nagkakaroon noon. Nawa ang aming mga puso'y mag-alab nang husto, pagkatapos ng araw na ito, na magkaroon mismo ng nagniningas na apoy sa aming mga kaluluwa na lalaganap sa bansang ito, Panginoon, at maging isang buhay na patotoo saanman kami pumaroon.

29 Iyo pong pagpalain ang mga maysakit at mga nagdadalamhati, sila na mga nangangailangan, kapwa sa aming kalagitnaan at wala man sa aming kalagitnaan, na Iyong bayan, saanmang dako.

30 Iyo pong pagpalain ang Iyong Salita, Panginoon. Pakalinisin ang Iyong lingkod, at Iyong mga lingkod na nakikinig, na, sa pagsasama-sama, ay madala kami nang mas malapit pa sa pagsasakatuparan ng Kanyang pagpapakita, nang mas maliwanag pa kaysa noon sa buhay. Hindi lamang ang mga narito ang akin pong ipinapanalangin, bagkus maging sila na mga makikinig sa teyp sa buong mundo, na sila'y dalhin nawa papasok sa Iglesya ng buhay na Diyos. Sapagkat napagtatanto namin na may nag-iisang daan lang na kami'y maaaring maging bahagi ng Iglesyang ito, 'yun ay sa pamamagitan mismo ng isang

kapanganakan sa Espiritu, pagkatapos kami'y mabautismuhan sa pamamagitan ng isang Espiritu tungo sa isang Katawan. Nananalangin ako, Diyos, para sa bawat isa sa kanila sa palibot ng mundo, na Iyong kunin ang lahat ng kaluwalhatian para sa Iyong Sarili. At nawa maihanda namin ang aming mga kaluluwa, na sa isang sigaw sa buong palibot ng mundo, ay makasigaw kami, "Kaya naman, pumarito Ka na, Panginoong Jesus." Aming idinadalangin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

31 *Isang Tunay Na Tanda Na Napalampas*. Ang mga tao'y naghahanap ng mga tanda, mula pa noon kina Faraon hanggang sa panahon ngayon.

At nagsaysay sa atin si Jesus ng isang—isang panahon na magkakaroon ng mga naghahanap ng mga tanda, at sinabi, na, "Isang masama't, mapangalunyang salinlahi ay humahanap ng mga tanda. Pero, gayunman, sila'y tatanggap ng isang tanda." At tatanggap ang salinlahi na 'yun ng isang tanda ng pagkabuhay na mag-uli; na magiging isang mahina't, masama, at isang mapangalunyang salinlahi na bibigyan ng isang tanda ng pagkabuhay na mag-uli.

32 Pero gaya ng Kasulatan na ito na nasa harapan natin, sa Ezekiel sa ika-24 na kabanata at ika-24 na talata, ang propetang ito'y ginawa na isang tanda. At 'yan ang tanda na nais kong ipangusap.

33 Ang lalaking ito'y ginawa na isang tanda sa Israel. At sa tugaygay ng Mga Kasulatan, ginamit ng Diyos ang Kanyang mga propeta bilang mga tanda. At sa tuwina'y lagi silang napapalampas. Hindi masalo ng mga tao ang tanda na 'yun. Lagi kasi silang naghahanap ng tanda ng emosyon.

Maging ang mga Fariseo sa panahon ni Jesus, ang sabi, "Magpakita Ka sa amin ng isang tanda mula sa Langit."

34 Pero tinukoy sila ni Jesus na sila'y makakakuha ng isang tanda. "Mayroon na kayong tanda." Sabi, "Napagkikilala n'yo ang kalangitan. Nakikita n'yo ang tanda niyaon. Sinasabi n'yo, 'Kapag mapula, makulimlim, bukas ay masama ang panahon.'"

35 Kung sila ay talagang naghahanap ng isang tanda, dapat nga silang tumingin sa Kanya, at mapagkilala na Siya nga ang tanda ng Diyos para sa kanila; dahil ang kanilang mga propesiya ukol sa Kanya ay nagaganap na mismo sa harap ng mga mata nila. Pero sila'y naghahanap pa rin ng isang tanda.

36 Tila kakatwa nga na gagawin 'yan ng mga tao, na nagsisihanap pa rin ng isang tanda samantalang ang tanda'y nasa harapan na nila mismo, naroon na mismo sa kalagitnaan nila. Ngayon, ang Israel ay nasadlak sa ganitong kalagayan.

37 At kung minsan ang pahirap na pinagdadaanan ng tanda ay nakakagulat nga; ang pahirap na dinaanan mismo ni Jesus, para patunayan ang tanda ng Diyos, na Siya ang Mesiyas.

38 Nalaman natin dito, ang kabataang propeta na ito na nagngangalang Ezekiel ay tuluy-tuloy na naging isang tanda, sa lahat ng panahon. Ganoon na lamang ang pahirap niya sa kanyang sarili! Nasumpungan natin sa isang dako rito kung saan siya'y humiga sa kanyang kaliwang tagilirian nang tatlong daan at siyamnapung araw. Sinabihan siya ng Diyos na kumuha ng ilang munggo at ilang bulanglang, na paghaluin 'yung lahat, lutuin 'yun, at ilagay 'yun sa tabi niya, at mahiga sa isang tisa, at humiga sa kaliwang tagiliran niya, lamang, na hindi mag-iiba nang posisyon, nang tatlong daan at siyamnapung araw. Isipin n'yo 'yun. At pagkatapos ang sabi, "Bumaling ka naman sa kanang bahagi mo at manatili riyan nang apatnapung araw naman."

39 At ang sabi Niya rito, "Ang bagay na 'yan na nakikita mo, Ezekiel," sabi, "ay dahil dala-dala mo ang katampalasan ng bayan, na bawat araw ay ibibilang Ko na isang taon sa kanila." Kaya naman, hayan nga, ang bawat araw na kanyang inihiga roon, ang ibig sabihin nun ay isang taon na ang mga tao'y mabibihag, at ang kanilang katampalasan ay aalalahanin ng Diyos, at hindi na pakikinggan ng Diyos ang kanilang pananalangin.

40 Pero ang hirap na pinagdaanan ng lalaking 'yun, bakit pa kailangan 'yun? Marami ang nagtataka, bakit pa kailangan na gawin 'yun ng isang tao. Dahil nga ayaw basahin ng mga tao ang Salita, at ayaw nilang manalangin. Kaya, ang Diyos ay makapangyarihan, at Kanyang ipinapadala ang Kanyang propeta bilang isang tanda. Hindi kasi nagbabasa ang mga tao. Hindi nila pinagtutuunan ng panahon ang pagbabasa. At ayaw nilang manalangin, dahil sila'y masyadong... napakaraming ibang bagay na ginagawa. Wala silang panahon na makapanalangin man lang. At istorbo lang daw sa kanila ang Biblia. Wala na raw Itong sapat na magagawa para sa modernong panahon na ito, o sa anumang panahon.

41 Alam n'yo, sa paniwala ko sinabi 'yun ni Pablo, "Kayo'y mga sulat ng Diyos, na binabasa ng lahat ng mga tao." Gumagamit ang Diyos ng mga tao bilang mga tanda, para ipakita ang Kanyang mga tanda. At maraming beses na ang tanda na 'yun, at sa tuwina, kadalasan, maliban na lang kung 'yun ay nasa kalagitnaan ng mga taong hirang, ang tanda na 'yun ay napalampas at nililibak, pinagtatawanan, iniitsa-puwera.

42 At itinuturing, maging sa Lumang Tipan, sa panahon ng mga propeta, sila'y itinuturing na mga taong nasisiraan ng bait. Iniisip ng mga tao na ang mga propetang 'yun ay mga saykikong neurotiko, na may kung anong bagay na mali sa pag-iisip nila. At nakikita nga ng mga tao na sila'y nanggagaling sa ilang at—at nagpapamalas ng mga tanda, at pagkatapos ay babalik muli sa ilang. At kanilang nililibak sila, dahil ang mga tao'y walang kaalam-alam sa Kasulatan.

43 Sinabi ni Jesus sa mga Fariseo, isang beses, ukol sa pagkabuhay na mag-uli. Ang sabi nila, “Mayroon kaming. . . Sinasabi ng kautusan na kung ang isang kapatid na lalaki’y mamatay at iwan ang kanyang asawang babae na walang—walang anak sa kanya, na ang kapatid niyang lalaki ay aasawahin ang asawang babae na ’yun at magkakaanak para sa kapatid, na namatay.” At sabi, “May isa kami na may pitong kapatid na lalaki. At ang una’y kumuha ng asawang babae, at ang lalaki’y namatay, na hindi nakapag-iwan ng binhi. At pagkatapos ang kapatid niyang lalaki ang kumuha sa babae, at pagkatapos naman ang lalaking ito; at hanggang umabot sa ikapito. At sa huli’y namatay na rin ang babae.” Sabi, “Ngayon, sa pagkabuhay na mag-uli,” sabi, “ngayon, magiging kaninong asawa ang babae na ito, sa pito na ’yun?”

44 Oh, gustung-gusto ko nga ang Salita na ’yun! Ang sabi ni Jesus, “Lagi kayong nagkakamali, sa di pagkakaalam sa Mga Kasulatan ni sa kapangyarihan ng Diyos.” Oh, ganoon na lamang na Kanyang masasabi ’yan nang tahasan sa panahon ngayon kung Siya’y nakatayo rito! “Lagi kayong nagkakamali, sa di pagkakaalam sa Mga Kasulatan ni sa kapangyarihan ng Diyos.” Ang kapangyarihan ng Diyos ay nakaugnay sa Kasulatan. “Labis kayong nagkakamali.”

Pagkatapos nagpatuloy pa Siya sa pagsasabi, “Sa pagkabuhay na mag-uli ay di sila nag-aasawa ni ibinibigay sa pag-aasawa, pero sila’y gaya ng Mga Anghel.” Hindi Niya sinabi na sila’y magiging Mga Anghel, siyanga, bagkus sila’y magiging tulad sa Mga Anghel, wala na silang mga seksuwal na glandula. Hindi sila nag-aasawa ni ibinibigay sa pag-aasawa.

45 Nabubuhay tayo sa panahon ng moralidad, o, mortalidad, panahon ng mortal na kaharian. Pero may parating na panahon na may imortal na Kaharian na parating, at ang imortal na Kaharian na ’yun ay dako kung saan mabubuhay ang mga tinubos. Sila na mga tinubos, at nagkamit. . .Ang buhay na umalis sa katawang ito, para bumalik sa Diyos na nagkaloob nito, ay babalik muli mula sa Punongkahoy ng Buhay, balang araw, para maghari nang magpakailanman.

46 Ganoon na lamang na ang kabataang lalaking ito, ang kabataang propeta, ay nagsakripisyo at ibinigay ang buo niyang buhay para maging isang tanda sa kanyang mga kababayan, ukol sa parusa na kanilang tatanggapin, dahil hayan nga na sila’y naging ’yung tinatawag natin na “mga walang malasakit.” Ayaw nilang magkaroon ng anumang kinalaman sa Diyos. Hindi sila naniniwala sa mga propeta, at kanila lamang ginagawang katatawanan ang mga propeta. At, haya’t, mangyari pa, at gaano man silang di nagnanais na paniwalaan ito, sinigurado ng Diyos na darating ito sa kanila, ano’t anuman.

47 Ayaw kilalanin ni Jezebel noon na si Ahab ang kanyang pastor, pero siya nga ang kanyang pastor. Sinigurado ng Diyos na darating sa kanya ang tanda na 'yun, ano't anuman.

Ganoon din dito sa bansang ito. Ang makatuwiran at tapat na Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ay hindi mapahihintulutan ang isang bagay, na nakikita nating napipinto nang mangyari, nang wala man lang tanda sa kung saan man. Lagi Siyang mayroong ganoon. Ngayon, kinakailangan nating sumpungan ito. At sigurado ako na ang mga tao na may mainam na pagkaunawa sa Kasulatan ay nalalaman kung paano humanap nun.

48 Si Noe ay tanda noong panahon niya, para sa mga tao, ukol sa parating na paghatol. Si Noe noong panahon niya ay itinuring na isang panatiko. Isa siyang propeta. Itinuring siya na wala sa katinuan. At nagmartilyo nang nagmartilyo ang lalaking 'yun, taon at mga taon, na ginagawa ang isang daong, noong panahon na wala man lang tubig sa ibabaw ng lupa kundi yaon lamang na mga nasa bukal. At naghula siya ng isang bagay na kakatwa mismo, sa karnal na pag-iisip. Ang sabi niya, "May tubig na manggagaling mula sa himpapawid."

49 Hindi nakapagtataka, na marami ang magsasabi sa kanya, "Ipakita mo nga sa amin kung nasaan 'yun." Sinasabi ng siyentipiko mismo, "Mapapatunayan ko mismo na walang tubig doon sa itaas."

Pero, sa kabila nun, kung sinabi sa kanya ng Diyos na manggagaling 'yun sa himpapawid, sisiguraduhin ng Diyos na ang Kanyang Salita'y matutupad.

50 At gayong wala pang tubig na nakikita, noong wala pa ni isang ulap sa kalangitan, wala ni isang patak ng ulan na pumatak, wala ngang ganoong bagay na tinatawag na ulan, sa kabila nun, sa tuwina, inihahanda ni Noe ang isang daong para sa ulan. Isang buhay na ebidensya 'yun na ang propetang ito'y sumampalataya sa bagay na kanyang ipinapangusap, dahil naghahanda na siya para rito.

51 At sinumang tao na tunay na naniniwala sa bagay na inyong pinagsasasabi, kayo nga'y maghahanda para rito.

52 Maaari ba akong huminto muna rito, pansumandali. "Noong panahon ni Noe," gaya ng sinabi ni Jesus, "ay gayon din sa pagparito ng Anak ng tao." Kung ang mga iglesya, sa panahon ngayon, ay nananampalataya sa bagay na ipinapangusap nila, kanilang isasabuhay ang sinasabi nila.

53 Papaanong nagsisipagtayo tayo ng naglalakihang mga bantayog ng mga gusali, at milyon-milyong dolyar na mga gusali, at malawakang paglalaganap ng mga organisasyon at mga bagay-bagay na gaya nun, at nangangaral na si Cristo ay parating na anumang oras? Paano tayo nakakausad sa ganoon, na tatanaw sa ating mga kongregasyon at makikita sila na

humihiwalay mula sa kapangyarihan ng Diyos at napupunta sa pagkamakasanlibutan, at nadadala 'yun papasok sa simbahan at inihahalo, at pinapayagan natin? Dahil sa popularidad, at dahil sa popular na mga opinyon at mga denominasyunal na pagkakaiba, na pinipilit higitan ang isa pang organisasyon, paano natin isasabuhay ang bagay na ipinapangaral natin? At nakasubaybay ang mundo, alam nila 'yan, hanggang sa ang relihiyon ay naging bagay na lamang ng pakikipagmiyembro sa kung anong samahan, o pakikianib sa isang sosyedad ng kung ano. Ang relihiyon . . .

54 Ang pagliligtas ni Cristo ay hindi isang sosyedad. Hindi ito pakikianib sa kung anong bagay. Isa itong isinasabuhay na karanasan.

55 Ngayon, ginagawa ni Noe ang sinasabi niya. Ang sabi niya, "May parating na isang baha ng kahatulan sa di-matuwid na henerasyong ito. At ibubuhos ng Diyos mula sa kalangitan, ang ulan, at Kanyang pababahain ang buong mundo." At hindi lang niya ginagawa 'yun, pero siya'y gumagawa mismo ng daan ng pag-alpas at sinasabihan ang mga tao na pumasok dito. Pero hindi nila siya pinakikinggan.

56 Pero, si Noe, bilang isang propeta, ay isang tanda sa henerasyon na 'yun, isang tanda na kung anu-anong masama ang ibinansag, isang lalaki na itinuring na isang baliw na lalaki; naghahanda ng isang bagay, na haya't—haya't wala namang ebidensya sa kung saan, o kailanman ay mayroon, na 'yun ay may anumang gamit.

Anupa't ganyan tila ang paraan ng pag-iisip ng mga tao ngayon. Ang iniisip nila'y mga silungan laban sa ibababagsak na mga bomba. Anong mabuting maidudulot ng silungan laban sa ibababagsak na mga bomba kapag wala ni isang punongkahoy o bato ang matitira sa lupa?

57 Mayroon tayong Silungan laban sa pagbagsak, ang Cristiano nga'y mayroong ganoon. At sabi ko, mga ilang Linggo na ang nakararaan, o biglang pumasok sa isip ko habang nangangaral, "Ito'y hindi isang Silungan laban sa *pagbagsak sa labas*, Ito'y isang Silungan para sa *paglagak sa loob*, tayo'y lumalagak mismo papasok Rito, una ang ulo, nang buong puso natin, at nang buong kaluluwa natin, at buong pag-iisip natin, papasok kay Cristo, ang Daong ng pagkaligtas ng Diyos."

58 Anupa't, si Noe, na isang neurotiko, ganoon ang turing sa kanya noong panahon na 'yun, na sa pamamagitan ng kabaliwan ng pangangaral, at pagpapamalas ng isang tanda sa harap ng mga tao, nagbibigay sa kanila ng babala, ay haya't hinatulan ang sanlibutan. "Hinatulan ang sanlibutan, sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang daong," sa panahon na walang tubig para paglutangan nito. "Kanyang hinatulan ang sanlibutan," ang sabi ng Biblia, Mga Hebreo, ika-11 kabanata. "Kanyang hinatulan

ang sanlibutan at iniligtas ang kanyang sariling sambahayan, sa pamamagitan ng paghahanda," at sa pagiging isang tanda para sa Diyos, ukol sa parating na mga kahatulan noong panahon na 'yun. Grabeng kaluwalhating bagay!

59 Pagkalipas ng ilang taon, heto't dumating uli ang isa pang tanda. Yun si Moises, isang propeta. Yun ang tanda ng Diyos sa Israel. Sila'y apatnaraang taon na nasa pagkabihag. At ang Diyos ay naghanda ng isang tanda para sa kanila, bago mismo ang pagliligtas. At siya'y naging isang tanda ng pagliligtas ng Israel, at isang tanda ng paghahatol sa Egipto.

60 Si Noe ay isang tanda ng pagliligtas ng kanyang bayan, at isang tanda ng paghahatol ng napariwang sanlibutan, ang di-mananampalataya. Ang mismong mga tubig na sumupil sa sanlibutan at lumunod sa mundo ay ang tanging paraan ng pagliligtas kay Noe. Ang tanging makapagliligtas sa kanya noon ay yaong paghatol.

Ang tanging bagay na makaliligtas sa Iglesya sa panahon ngayon ay ang paghatol, haya't inilalatag na ng Diyos ang kahatulan na bumagsak.

Anupa't ipinangaral ni Noe ang ganoon din. Siya'y naging isang tanda.

61 At ngayon ang Israel, matapos ang apatnaraang taon, sila'y nagsimulang humibik para sa kaligtasan. At hindi kailanman inihahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili at ipinapakita ang Kanyang Sarili hanggang sa ang Kanyang bayan ay handa nang tanggapin ang bagay na Kanyang ipapakita.

62 Ngayon, oh, ang bagay na masasabi riyan, kung ganoon nga, na haya't iniwan ng Diyos ang bansang ito na hubad! Nalalaman nila ang mas nakabubuti. Inilathala ito ng mga pahayagan, sa buong palibot at paligid-ligid. Inilalantad na ang mga tanda ng Kanyang pagparito. At patuloy pa rin ang mga tao na para bang binabalewala nila ito. Wala nga silang maidadahilan. Nasa dulo na tayo.

63 Nagpapadala lamang ang Diyos ng Kanyang mga propeta kapag ang bayan ay nagnanais ng isang propeta. Nagpapadala lamang ang Diyos ng Kanyang tanda kapag ang mga tao'y handa na para sa isang tanda. Pero, ang nangyayari nga, bihira ang mga tao na. . .Nasadlak sila sa isang kalagayan na ang nais nila'y emosyon, o ang nais nila'y parang, "Magpakita Ka sa amin ng isang tanda mula sa Langit." Pero kapag nagpapadala na ang Diyos ng isang tanda, haya't ayaw nila itong tingnan. "Kaya ito'y itinago mula sa mga mata ng matatalino't pantas, para mahayag sa mga sanggol na dito'y matuto sila." Kanilang napalampas ito, ang tanda.

64 Alam dapat sana ito ng Israel, noong ang maganda na sanggol na 'yun ay naipanganak, noong tumingin sila roon at nakita sa pamamagitan ng—ng panahon ng mga taon na kanilang

kinabubuhayan, “Ang iyong bayan ay magiging dayuhan nang apatnaraang taon, sa isang dayuhang lupain, ngunit Akin silang ilalabas.” Marapat lamang na alam nila na ang panahon ay nalalapit na, at noong makita nila ang magandang sanggol na ’yun ay ipinanganak na. Haya’t, maging ang nanay at tatay, sina Amram at Jochebed, ay di natakot sa utos ng hari, at inilagay nila ang bata roon sa ilog kung saan naroon ang mga buwaya; wala ni isa sa mga buwaya’y nakagat ang sanggol. Nakita nila na naroon nga ang isang tanda, pero binalewala nila ito. Hindi sila handa para rito.

Dinala siya mismo roon ng Diyos at inilagay sa palasyo ni Faraon, at ibinunsod si Faraon na palakihin siya at ibigay sa kanya ang lahat ng edukasyon na makukuha niya, para ipakita (ang Diyos) kung paano Niya isinasagawa ang mga bagay-bagay, at pagkatapos dinala siya sa likurang bahagi ng ilang, pinakalimot sa kanya ang lahat ng ito.

65 Pinagsasanay siya ni Faraon. Sinanay siya ng Diyos. Nagkaroon ng apatnapung taon si Faraon para sanayin siya, pagkatapos inabot ng apatnapung taon para sanayin siya ng Diyos, ipinakalimot sa kanya ang lahat ng tungkol dun. Pagsasanay ng tao; at pagsasanay ng Diyos.

Pinagsasanay ni Faraon ang isang anak na lalaki para maging isang pinuno, isang diplomata, para maging isang mandirigma, isang nakikipaglaban, para sa susunod na magiging Faraon na hahawak sa Egipto sa mataas nitong kinalalagyan, haya’t sinusupil ang lahat na mga bansa’t pinababayad sila ng buwis kay Faraon. Pero dinala siya ng Diyos sa likurang bahagi ng ilang, inalis ang lahat ng ’yun mula sa kanya. At ipinakita sa kanya, sa loob ng limang minuto, sa pamamagitan ng nagniningas na kahoy, na Siya’y isang buhay na Diyos. At inalis ang lahat ng takot mula sa kanya; inihanda siya. Siya’y isang tanda.

66 Nais ng Diyos na ang Kanyang bayan ay manalangin. At noong ang Israel ay naghirap nang husto, sa sinapit na ganoong kalagayan, na hindi na nila kayang magpatuloy pa, humantong sila sa panahon nila, at ang kanilang pasanin ay lumabis nang husto kaysa sa inaakala nila, at pagkatapos sila’y nagsimulang manalangin. At noong ang mga tao’y nagsimulang manalangin, pagkatapos nga’y nagsimulang dinggin ng Diyos. Yun na ang panahon para ang Salita ng Diyos ay matupad.

67 At pagkatapos, noong makita ni Amram at Jochebed na panahon na para matupad ang Salita, sila’y nanalangin mismo, sa Diyos. At kadalasan na kung sino ang nananalangin sila ang mayroong pasanin, sila yaong may dalahing bagay. Sila na mga nananalangin mismo, ang itinalaga ng Diyos na gawin ang gayon.

68 Nag-uusap kami ngayong umaga sa hapag habang nag-aalmusal habang minamadali naming kainin ang tustadong tinapay at iba pa, para makadalo sa simbahan. May bagay na nabanggit tungkol sa isang lalaki na haya't, wala rito, haya't bumalik siya sa paninigarilyo matapos na siya'y mapagaling sa kanser. Sabi ko, "Kahabag-habag naman."

69 Pagkatapos may isa na nagsalita't nagsabi, "Yan ang pinakamahirap na bagay na alisan, hayan nga, ang paninigarilyo."

70 Sabi ko, "Alam ko. Dahil, 'yan ay isang diyablo." Tapos ang sabi ko, "Ito'y—ito'y isang diyablo." Tapos ang sabi ko, "At hindi n'yo ito maihihinto maliban na ang kapangyarihan ng Diyos ay nasa sa inyo."

May kilala akong dalawang lalaki noong kabataan ko, kapwa sila nagnanais na maging kalalakihan ng Diyos.

Ang isa sa kanila, noong pagkaakay na pagkaakay ko sa kanya kay Cristo, ay agad siyang nagsindi ng sigarilyo. Naninigarilyo siya ng lima o anim na pakete sa isang araw, nauupo nga roon at magsisindi ng isa't tuluy-tuloy na, buong maghapon. At magsisindi na sana siya ng isa pang sigarilyo, at may Bagay na hindi siya pinahihintulutan na gawin 'yun. Lumakad siya roon sa paningasan, na hindi nalalaman na kinokondena ng Mga Kasulatan ang mga bagay na ito, at sinindihan ang paningasan at inilagay ang pakete sa paningasan. At natapos doon.

71 Samantalang, 'yung isang lalaki na nagnanais na maging isang Cristiano, haya't kanyang ginawa ang mainam na makakaya niya. Siya'y humibik sa Panginoon. Inihinto niya ang paninigarilyo, nang dalawa o tatlong linggo. At noong humantong siya sa kanyang sarili, sa kalagayan na 'yun, nawala siya sa katinuan ng kanyang pag-iisip. At noong magkamalay siya, haya't nasumpungan niya ang kanyang sarili sa bakuran, na ipinupukpok ang kapirasong lata, sa kanyang ulo. Kumaripas siya papasok ng bahay, nang dali-dali, at kinuha ang kanyang mga sigarilyo, at hinithit ang isang pakete bago siya umalis ng bahay nung gabi ring 'yun, haya't isa-isa mismo't tuluy-tuloy. Kita n'yo?

72 Ang isa'y tinawag. "Walang makalalapit sa Akin maliban na siya'y palapitin ng Aking Ama, at ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin." Anong ibig sabihin ng babala na 'yun? Ito'y Buhay, sa isa. Nakita niya Ito. Hinding-hindi mo nga Ito makikita maliban na ihayag mismo Ito ng Diyos. "Ito'y itinago mula sa mga mata, ng matatalino't mga pantas, at inihayag sa mga sanggol sa dito'y matuto sila." Ganoon nga.

73 Batid nila Amram at Jochebed na panahon na noon. Napipinto na ang oras.

74 At nais ko pong sabihin habang sinasaysay ko ito. "Hindi ang may ibig, o maging ang tumatakbo; ang Diyos ang nagpapakita ng kaawaan." Ganoon nga. Ang Diyos ito.

75 Kaya, ngayon. . . Oh, patimuhin n'yo ito nang malalim! Kung, ngayon, tinawag ka ng Diyos, at inihiwalay mo ang sarili mo mula sa mga bagay ng sanlibutan, at pinaging malinis ka ng maluwalhating kapangyarihan ng Diyos mula sa mga bagay na 'yan, marapat mismo na ikaw ang pinakamasayang tao na mayroon sa mundo. Milyun-milyon ang gagawin 'yun kung magagawa lang nila, pero hindi nila kaya. Hindi para sa kanila na taglayin ito. Ito 'yung panahon na ang Iglesya'y tinawag palabas, inihiwalay. Ito'y iba, kung paano ito noon. Oo.

76 Kapag ang tao'y nagsimulang manalangin, noong ang Israel ay nagsimulang manalangin para sa isang propeta, ang Diyos ay may propeta na. Ang Diyos ay talagang may propeta, sa tuwina, dahil ang Diyos sa tuwina'y inuunahan na Niya ang mga tao. May tao na Siya na inihanda, pero hinihintay lamang Niya ang mga tao na magsipanalangin, na naisin ito ng mga tao.

77 Masasabi ko na tipikal ito sa panahon ngayon! Ang kailangan natin sa panahon ngayon ay hindi isang rebaybalista, hindi isang tao na naman sa kung saang malaking organisasyon, na nagagawang tipunin ang lahat na mga grupo't iorganisa sila na magsama-sama. Ang kailangan natin sa panahon ngayon ay isang propeta na ipinadala mula sa Diyos, taglay ang isang Mensahe na hahatulan ang sanlibutan. Marahil may ganoong tao na ang Diyos, kung handa lamang ang mga tao para rito. Alam n'yo ang bagay na ipinapahiwatig ko. Siya'y mayroon na, marahil, narito na siya sa kung saang dako sa mundo, pero kinakailangan mismo na naisin ito ng mga tao. Hindi basta-basta na lang pinagtutulakan ng Diyos ang mga bagay-bagay sa inyo. Kinakailangan n'yong asamin ito. "Mapalad sila na mga nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran, dahil sila'y bubusugin." Ganoon nga.

78 Matapos na mapagkilala si Moises. . . Matapos na ang mga tao, ang ibig kong sabihin, ay mapagtanto nila na kailangan nila ng isang mamumuno, sila'y nagsimulang manalangin. Nagsimula silang manalangin na magpadala ang Diyos sa kanila ng isang mamumuno, o ng tao na maglalabas sa kanila. At Siya'y nagpadala sa kanila ng isang lalaki, isang propeta. Yun ang Kanyang tanda. Ngayon, kung ang lalaking ito'y hindi isang propeta, kung siya'y lilitaw dun, na nagsabi, "Ako'y isang militar na henyo," ang Israel nga'y may karapatan na di paniwalaan ang lalaking 'yan. Dahil, ang Diyos, sa lahat ng panahon, di kailanman nabigo, na isang propeta ang Kanyang ipinapadala. Magbanggit kayo ng isang beses sa Biblia kung mayroon man. Sa tuwina nga'y isang propeta ang Kanyang ipinapadala na taglay ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

79 Maging si David, mismo, ang pinakadakilang militar na henyo na nagkaroon ang Israel, at, sa kabila nun, si David ay isang propeta. Tunay, siya nga. Siya'y isang propeta, si David.

80 Hinihintay Niya ang mga tao na magkaroon ng pag-aasam sa kanilang puso na pakinggan ang propetang ito na Kanyang ipapadala.

Hayan nga, na may mangilan-ngilan na nagsabing nag-asam sila, na hinid naman. Napatunayan nga paglaon na sila'y di tama. Sila'y pinukaw lang mismo ng emosyon. At ang sabi ng Biblia, "Isang halo-halong karamihan ang sumama sa kanila." Anong ibinunsod nun? Nagdala ng kaguluhan doon sa ilang. At sa tuwina, isang pangyayari ang ipinangyayari. Oh, nag-aasam ako na mapatimo 'yan, nang mainam. Sa tuwing ang Diyos ay magpapadala ng isang bagay, may kung anong walang pakundangan, na karnal na panggagaya nito, na sumasabay dun. Sa tuwina, laging may bagay, para gayahin ito; na bumabagay nang husto sa mga tao.

Pero ang isang tunay na propeta ng Diyos ay mananatili sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Hindi siya kailanman lilihis sa Kasulatan na 'yun kung siya'y ipinadala ng Diyos.

81 Si Moises ay nanatili nang eksakto sa Kasulatan. Ang sabi ng Diyos, "Akin silang ilalabas." Ang sabi Niya kay Moises, "Ipinadala Kita para gawin ang trabaho na 'yun." At si Moises ay may karanasan. Kanyang nakatagpo ang Diyos. Dala-dala niya ang Salita ng Panginoon.

82 Ang dahilan kung bakit nagpapadala ang Diyos ng mga propeta ay dahil kamit nila ang Salita ng Panginoon. Ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa mga propeta. At kung di niya dala ang Salita ng Panginoon, kung ganoon hindi siya isang propeta.

83 Napakaraming karnal na mga panggagaya na pilit sinasabi na sila'y mga propeta, sa pagtugaygay sa mga kapanahunan, pero sila'y laging napapalayo mula sa Salita ng Panginoon. Pero ang tunay na propeta'y nananatili nang eksakto sa Salita. Ngayon, huwag n'yong kalimutan ang sipi na 'yan. Ang isang tunay na propeta'y nananatili sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

84 Binalaan na tayo ni Jesus kung anong mangyayari sa mga huling araw. Anupa't ang isang—isang tunay na lingkod, ang tunay na propeta, ay di kailanman sumasala na makapanatili mismo sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

85 Nanatili si Moises sa Panginoon. Siya'y isang tanda. Siya'y isang tanda sa Israel na ang araw ng kanilang paglaya ay nalalapit na, at siya'y naging isang tanda sa Egipto, na ang araw ng kanilang katapusan ay napipinto na. Dahil, haya't nalunod sila roon sa Dagat na Patay, kalaunan, ang buong hukbo ni Faraon. Nasa katapusan na sila noon ng kanilang

puwersang militar, at isang propeta ang naging tanda ng katapusan ng bansa.

86 Bulayin n'yo 'yun, kung gaanong kadakila ang Diyos, at kung gaanong kasimple mismo ang Kanyang mga paggawa. Tunay, kung ang isang di-edukado'y nauunawaan ito, dapat sana'y maunawaan din ng edukado. Amen. Kung ang mga alipin sa putik na mga hukay ng Egipto'y nauunawaan na 'yun ay propeta mula sa Diyos, at ang oras ay nalalapit na, gaano pa kaya na dapat sana'y nalalaman ito ng palasyo ni Faraon? Pero 'yun kasi'y ang uri na hindi ito nalalaman, 'yun ang uri na napapalampas ito, sa tuwina.

87 Noong si Moises ay tumayo, tumanaw sa mga bintana na 'yun, sa mga anak ni Israel na napapadaan, kay Israel. . . para kay Faraon, sila'y mga alipin at mga aso, para kay Moises, sila'y mga hirang ng Diyos. Sinabi ng Biblia, na, "pinili ni Moises," nagpasya siya mismo, "na magdusa sa kadustaan ni Cristo, na inaaring malaking yaman kaysa sa layaw ng kasalanan, dahil taglay niya ang kabayaran ukol sa gantimpala." Alam ni Moises na sila'y di lang basta naglulublob sa putikan; sila'y bayan na may kamit na pangako.

88 Siya mismo, kilala niya kung sino siya. Hindi niya lang masabi sa kanila. Kinakailangan nilang mapagkilala ito, sila mismo. Alam niya, mismo, kung ano ang gagawin niya, na—na kailangang gawin. Alam niya na ibinangon siya ng Diyos para sa layunin na ito, pero hindi niya maaaring basta na lang sabihin sa kanila. At hangga't sila'y bulag dito, hindi niya kailanman inihayag ang kanyang sarili nang hayagan, hanggang sa mapagkilala nila ito. Pagkatapos, kanilang nakita ang tanda na ito, at napagkilala nila.

89 Ang sabi Niya, "Ako'y magbibigay sa Israel ng isang tanda. Kunin mo ang tungkod na ito; gawin mo itong isang ahas. Kung di sila makinig dun, kung ganoon ilagay mo ang iyong kamay sa iyong dibdib hugutin mo ito, pagalingin mo ang sarili mo sa ketong, pagkatapos kanilang paniniwalaan ito. At pagkatapos, kung di pa rin nila dinggin, kumuha ka ng tubig sa Nile sa dako roon, ibuhos mo sa tuyong lupa, at ang lahat ng mga tubig ay magiging dugo." Yan ay tanda para sa bansa. Paniniwalaan 'yan ng bayan. Sa panahon mismo, na sila na mga handa nang tanggapin ito ay paniniwalaan ito kapag nakita nila ang tanda ng Diyos na kumikilos, pero marapat mismo na ang bansa'y magkaroon ng bagay na kaiba. Kaya, nagkaloob Siya mismo ng isang tanda.

90 Gumamit ang Diyos ng isang tao, isang ordinaryong tao, isang propeta, para maging isang tanda ng katapusan ng kalagayang pambansa sa dako roon. Diyos, magpadala Ka po sa amin ng isa pa. Magbangon Ka po sa amin ng isa pa. Kung ang bayan ng Diyos ay mananalangin mismo na magkaroon

nun, Siya'y magbabangon mismo ng ganoon. Mangyari mismo, na ang bayan ay kinakailangan na magkaroon ng ganoong pasanin. Kinakailangan nilang magising. Kinakailangan nilang mapagkilala. Kinakailangan nilang mapagkilala ang araw na kinabubuhayan nila, at kung ano ang situwasyon sa palibot nila, bago sila magising.

Kung hindi'y mabubuhay ka gaya ng lagi mo nang ginagawa. "Kinakailangang makapagpatayo ako ng bagong bahay sa taong ito. Kinakailangan kong makakuha ng mas magarang kotse kaysa sa kotse ng mga Jones. Kinakailangan kong gawin 'yung *ganito*." Oh, napakaraming *ganito*! Kapag napagtanto n'yo, na kahit ano pa . . . Ayos lang 'yan. Pero kinakailangan n'yong mapagkilala, kapatid, na ang lahat ng mga bagay na ito'y lilipas.

Sinabi ni Jesus, "Huwag ninyong katakutan siya na pumapatay ng katawan," ang bomba atomika ng Rusya. Huwag n'yong katakutan ang sinuman na gagawing alikabok ng bulkan ang katawan na ito, nang kaunting minuto lang, "bagkus katakutan ninyo Siya na magagawa ang katawan na maging ganoon at iwawaksi ang kaluluwa sa impyerno." Ganoon nga.

91 Habang kausap ko ang isang doktor, sa labas ng ospital noong ang nanay ko'y naroon, binabanggit niya kung gaanong nakakabilib ang siyensiya, na may gagawin sa iba't ibang bahagi ng katawan, at maglalagay ng gamot doon, at makikita kung bakit pinupuksa nun ang isang naturang mikrobyo, at isasalba ang binhi ng buhay. Sabi ko, "Kahanga-hanga 'yan. Mainam 'yan." Pinakinggan ko siya nang ilang sandali. Pero sabi ko, "Doktor, mainam 'yan. Ikinalulugod ko 'yan. Mainam 'yan. Ako—ako nga'y tunay na nagpapasalamat sa Diyos para diyan. Pero, tingnan mo, ginugugol mo ang buong buhay mo sa pagsusumpong ng bagay sa isang nilikha. Pero bakit hindi ka gumugol ng kaunting panahon ukol sa Kanya na lumikha nito, sa Kanya na gumawa nito, sa Kanya na Nagdisenyo nito? Ang Diyos ang Nagdisenyo nito."

Tunay nga mismo na mas higit na dakila ang Manlilikha kaysa sa nilikha na Kanyang ginawa! Bakit tayo maglalagay ng higit na pagpapahalaga sa nilikha, samantalang di man lang natin naiisip ang Manilikha na Siyang gumawa ng kalangitan at lupa, at nilalang ang katawan at buhay? Magagawa niyang wasakin ito anumang oras Niya naisin, dahil ito'y Kanya.

92 Isa ngang kahanga-hangang bagay, ang gumawa ukol sa katawan ng tao. Ikinalulugod natin 'yan. Nagagawa nilang ilipat ang isang mata, mula sa isang tao patungo sa isa pa; kukunin ang maliliit na mumunting dugtungan, at aalisin ang mata mula sa lalagyan ng mata nung tao at ililipat 'yun sa lalagyan ng mata nung isa pang tao, at 'yung tao na 'yun ay makakakita na sa mata na 'yun. Kahanga-hangang bagay nga 'yan.

93 Dati-rati, kung ang isang nanay, kapag siya'y manganganak ng sanggol, at 'yung—'yung sanggol ay di maipanganak, ay ganoon ang kanyang—ang kanyang kalagayan, na ang sanggol ay di maipanganak: at ang nanay at ang sanggol, kapwa, ay mamamatay. Ganoon nga. Pero bihira n'yo lang 'yan maririnig, iba kasi noon, marahil hindi nga. Pero ngayon magagawa nilang dalhin ang nanay matapos na siya'y nasa kalagayan na 'yun na manganganak na, at kung ang . . . kapag ang nanay ay malapit na mismo sa—sa oras ng panganganak, siya . . . magagawa nilang dalhin ang nanay na 'yun sa loob ng isang silid at bigyan siya ng kaunting anestesiya, at aalisin ang bata na 'yun, na parang ordinaryong panganganak, kukunin ang bata. Ikinalulugod natin 'yan.

94 Magsabi kayo sa akin isang sistema. Barahan n'yo ang isang balbyula rito kung saan, sa sistemang panubigan sa siyudad, at tingnan n'yo kung anong mangyayari sa pangunahing balbyula. Sasambulat 'yun.

Pero, sa kabila n'yan, nagagawa nating putulin ang isang binti, putulin ang isang braso, at, sa himala ng Diyos, Kanyang padadaanin ang dugo sa ibang daanan, sa isang segundo lang, at paaagusin 'yun sa ibang daan para isalba ang buhay ng tao. Sinong makagagawa nun? Sabihin n'yo sa akin.

95 Putulin n'yo ang isang arterya, barahan ang pangunahing linya ng tubig dito sa kung saan, habang bumubomba 'yun mula sa isang balbyula. Anong ibubunsod nun? Subukan n'yo nang isang beses at tingnan n'yo kung anong mangyayari. Wala ngang ibang daan para dumaan sa iba. Yun nga'y sasambulat pabalik sa balbyula.

Kung ang Diyos ay di gumawa ng daan para sa dugong ito na idaan ang sarili nito sa iba, nang dali-dali, isang pag-agos lang pabalik sa puso'y ikamamatay mo na nga. Sa tuwing maiipit mo ang daliri mo, kamatayan nga mismo, agad-agad. Sa tuwing magkakaroon ka ng sugat kung saan, na magbubukas ng isang arterya o kung ano, ay kamatayan nga mismo, agad-agad. Masugat lang ang iyong daliri, patay ka na agad. Ganoon nga mismo. Sasambulat nga 'yun pabalik sa puso mo. Mapapatay ka nun. Pero ang Diyos . . .

96 Ngayon, iniisip natin na ito'y kahanga-hanga. Iniisip natin na nakakabilib ito. At ikinalulugod natin ang bagay na nagagawa ng siyensiya, kung papaanong natatalian nila ang mga arterya at napipigilan ang pagdurugo. Ang lahat ng 'yun ay mainam. Pero Sino ang Isa na Siyang nagdisenyo nun? Kita n'yo? Tumitingin tayo sa lahat ng nilalang at nakakalimutan ang Maylikha nito. Kita n'yo? Nakatingin tayo sa natural na mga bagay, at nakakalimutan ang lahat na—na espirituwal na bagay. Yan ang ginagawa natin.

97 Ngayon, ang mga propeta ng Diyos, sila'y . . . kamit nila ang Kanyang Salita. Yan ang dahilan kung bakit naniniwala sa kanila ang mga tao.

Yan ang dahilan kung bakit sinabi ng Diyos kay Moises, sinabi Niya roon sa Genesis, nang marami, sa Exodo, sa buong tugaygay, "Kung may lumapit sa kalagitnaan ninyo, na isang espirituwal, o, propeta . . . " "Ngayon paano natin mababatid ang mga bagay na ito?" Ang sabi Niya, "Kapag siya'y magsabi ng isang bagay at ito'y maganap, magsasabi ng isa pang bagay, at mangyayari, haya't paniwalaan n'yo ito." Kita n'yo? Yun ay isang tanda.

98 Kaya Kanyang ibinibigay ang Kanyang Salita, hindi sa mga liderato, hindi sa mga diktador, kundi sa mga propeta. Si Khrushchev ay hindi tanda sa mundo. Hindi, po. Si Hitler ay hindi isang tanda sa mundo. Pero sa kung saan, sa kung saang dako, ang Diyos ay may mapagpakumbabang propeta na naghihintay sa oras. Siya ang tanda. Siya ang tanda na hahatol sa sanlibutan at magliligtas sa Iglesya. Ang propeta!

99 Si Elias ay naging tanda sa kanyang panahon, ang propetang Elias. Sa mga . . .

Siya'y isang pro- . . . siya'y isang tanda ng Salita ng Diyos, kahatulan sa Egipto at pagkalaya sa Israel, kung nais nilang maniwala sa kanya.

100 Noong makasalanang panahon na 'yun ni Elias, noong ang buong Israel ay tumalikod sa Diyos, sila'y nagsibaling pabalik sa kasalanan. Nakalimutan nila ang kaayusan. Nakalimutan nila ang tungkol sa pangunguna sa kanila ng Diyos na makalabas noon, at ang tungkol sa dakilang Jehovah na ibinuka ang Dagat na Pula, at naglabas sa kanila sa Egipto, at ang isang dakilang propeta gaya ni Moises sa kalagitnaan nila. Nakalimutan nila ito.

Nakalimutan nila ito. Kayo na mga Methodist ay nakalimutan n'yo si John Wesley. Kayo na mga Lutheran ay nakalimutan n'yo si Martin Luther. Kayo na mga Baptist ay nakalimutan n'yo si John Smith. Marami sa atin ang nakakalimot na kay Charles Finney, ang pinakadakila sa lahat sa kanila.

101 Sinasabi na siyamnapu't pitong porsiyento ng mga naakay ni Finney ay nananatili. Pitumpu't limang porsiyento ng kay Moody ay tumatalikod sa pananampalataya sa isang taon. At kay Wesley, ang holiness na grupo, sunud-sunod ang pagtalikod. Pero si Finney ay may siyamnapu't pitong porsiyento. Maliit, pandak, payat, na kalbong lalaki na lalakad doon sa pulpito at tatanaw sa mga tagapakinig, nang *paganoon*, at mahihimatay ang mga kalalakihan, dahil namalagi siya roon sa mga palumpong isang araw hanggang sa lukuban siya ng Espiritu Santo. Ginawa nga niya. Siya'y naging isang tanda para

sa katapusan, mga dalawang daang taon ang nakararaan, sa dakilang rebaybal na tinamasa nina Wesley at sa kanila roon, at ang paghatol ay dumarating.

102 Siya'y naging isang tanda, sa makasalanang henerasyon na 'yun. At ganoon mismo na si Elias ay nakatatayo roon, matapang at mabalasik, nakatayo nang mag-isa, wala siyang kasama, pero siya'y naging tanda ng Diyos.

Ang lahat ng iba pa na ministro'y nagsipuntahan lahat kay Ahab, sa daan ng modernismo. Naging moderno sila sa henerasyon na 'yun. Pero ganoon na lamang ang matandang Ahab, o, ang matandang Ahab, at lahat ng kanyang malaking pagyabong, at dinala nun ang buong iglesya sa Katoli-. . ., o, hindi Katolisismo, kundi sa parehong bagay, sa pagsamba sa diyus-diyosan. Pinahantong sila sa isang dako kung saan sila'y naging pahapay-hapay. Ang iba'y piniling sumamba sa *ganitong* paraan, at sadyang malaya mismo, "Puwede mong gawin ang anumang nais n'yo." At nasadlak sa ganoong uri ng kalagayan.

103 At ganoon na lamang na si Elias ay tumindig doon, matapang, taglay ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Oh Diyos, pagkalooban Mo po kami ng mga kalalakihan na gaya nun. Hindi siya nasindak na sabihin kay Jezebel ang tungkol sa kondisyon nito. Hindi siya natakot kay Ahab. Hindi siya natakot na baka mali siya. Tumayo siya nang may katapangan, at lumakad papalapit kay Ahab, at nagsabi, "Wala ni isang hamog ang papatak hangga't sabihin ko ito." Amen.

104 Ano siya? Isang tanda para sa makasalanang henerasyon na 'yun. Nakita ba 'yun ng Israel? Hindi. Pinagtawanan nila siya, nilibak siya.

Hinula niya na magkakaroon ng isang tagtuyot, na magkakaroon—magkakaroon ng kaguluhan, kagutuman, pagkagutom. At matapang siyang nagpropesiya, nakatayo nang mag-isa, kamit-kamit ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Nagsabi, "Panginoon, pinatay na nila ang lahat ng mga totoo. Pinatay na nila silang lahat. Ako na lamang ang isa na natitira, na nakatayo sa Iyong Salita." Tungkol saan ang pagkabalisa niya? Ang Salita ng Diyos. Nais ni Elias na makapanatili sa Salita. Siya'y isang tunay na propeta.

105 Yung ibang mga propeta'y nagsipagsabi, "Oh, buweno, wala namang pinagkaiba. Hindi ito alintana ni Jehovah, alam n'yo."

Siyanga't alintana ito ni Jehovah. Haya't ang Salita Niya ito. At matapang na tumindig sa Salitang 'yan si Elias, kamit ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Binigyan siya ng Diyos ng isang munting lihim, isang araw. Ang sabi Niya, "May pitong libo Ako, Elias, na ikaw ay saksi mismo, sa dako rito. Wala pa silang sapat na katapangan na lumabas at angkinin ito. Nagtatago sila sa mga palumpong. Pero, sa kabila nun, sa kanilang puso, sila'y Aking mga lingkod. Hindi sila lumuhod kay

Baalim. Takot sila na gawin ’yun. Pero, binibigyan Kita ng isang tanda, at ikaw ay isang tanda. Tumayo ka roon, at tumayo ka sa Aking Salita. Aalagaan Kita. Bibigyan sila ng isang tanda.” Hallelujah!

Diyos, Iyo pong padalhan kami ng kagaya nun, na magiging isang tanda ng Salita ng Diyos. At bawat pangako na ipinangako ng Diyos ay kakatigan sa tao na ’yun, dahil siya’y isang tanda, isang nakaligtaang tanda.

106 Oh, iniisip nila, dahil si Ahab ay isang dakilang hari at lahat ng mga bansa’y natatakot sa kanya, ay haya’t sapat na ’yun. Pero si Elias ay isang tanda ng Salita. Yun nga’y isang tunay na propeta, isang tanda ng Salita. Kaya habang siya’y isang tanda ng Salita, hindi nila siya pinaniwalaan. Wala siyang pakinabang para sa kanila.

107 Siya’y isang tanda sa balo, noong ipadala siya ng Diyos sa Bundok ng Carmel, doon sa . . . sa itaas sa batis ng Cherith. Ipinadala siya roon, matapos na siya’y pakainin ng mga uwak, at natuyo ang batis. Nagtungo siya sa bahay ng balo. Grabeng dako nga para puntahan ng isang mangangaral! Pero nagtungo siya roon dahil sinabi sa kanya ng Diyos na magpunta.

Haya’t nagtungo Siya roon, ang sabi, “Inutusan Ko siya na pakainin ka.”

108 Marapat lamang na makita ng balo ang isang tanda. Ang propeta nga’y marapat lamang na maging ang tanda na ’yun. Noong, naroon ang balo, may sapat na lamang siya na harina para gumawa ng isang tinapay, at siya’t ang anak niyang lalaki’y kakainin ’yun. Sapat na banga para . . . At sapat na langis sa banga, para gumawa ng munting mantikilya, para pangluto nun. Ang sabi ng balo, “Narito ako sa labas na pumupulot ng dalawang patpat.”

109 Sa kakila-kilabot, na mainit, na maalinsangang umaga na ’yun noong may isang matandang balbasing lalaki, na may ubaning buhok na nakalaylay sa kanyang likuran, ang lumakad doon, at ang kalbo niyang ulo’y nangingintab, sumandal sa tarangkahan, nagsabi, “Dalhan mo ako ng kaunting maiinom na tubig,” at ang sabi, “saka, dalhan mo ako ng sansubo ng makakain sa iyong kamay, isang tinapay.”

110 Ang sabi ng balo, “Wala po akong sapat na pagkain. Narito ako ngayon, na namumulot ng dalawang patpat, para gumawa ng isang munting tinapay para sa aking anak na lalaki. May sapat na lang ako para gumawa ng isa para sa kanya at para sa akin. Kakainin namin ’yun at mamamatay na kami.”

111 Ang sabi niya, “Huwag kang matakot, dahil, GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Ganoon ang lalaki na kailangan natin. Hindi nga ganito, “Ngayon, *maaaring* mangyari, kapatid na babae. *Maaari* itong mangyari. Hindi ko alam.” Hindi, hindi. Siguradong-sigurado si Elias. “GANITO ANG SABI NG

PANGINOON. Ang gusi na 'yan ay hindi mababawasan, ni ang banga ay matutuyuan, hanggang sa araw na magpadala ang Diyos ng ulan sa lupa." Amen. Hayan nga. Yun nga'y marapat mismo na sapat na tanda para sa balo.

112 Nirerepresenta niya ang iglesya sa panahon ngayon. Matapos na humimpil si Elias sa kanya nang kaunti. . .Siya nga'y may maliit na anak na lalaki. Ang batang ito'y nagkasakit. Yung sakit niya'y malala na nalagutan siya ng hininga. Namatay siya. Anong ginawa ng babae? Nakita na ng iglesya ang mga tandang 'yun. Pero, ano't, noong pagkadating na pagkadating ng munting sakunang 'yun, dali-dali na nais niyang sisihin ang iglesya dahil dun. Nais niyang isisi kay Elias. Ang sabi niya, "Ikaw na lalaki ng Diyos, ngayon dumating ka rito para ipaalala sa akin ang aking mga kasalanan at kunin ang buhay ng aking anak na lalaki."

113 Kinuha ni Elias ang anak na lalaking 'yun, nagtungo roon sa itaas na silid kung saan siya natutulog, iniratay ang bata sa sarili niyang higaan, iniunat ang kanyang sarili sa ibabaw ng bata, nagsabi, "Panginoong Diyos!" Hallelujah! "Ipadala Mo pabalik ang kaluluwa sa batang lalaki na ito." At ang bata'y nagising.

114 Dinala niya sa ibaba ang bata. Tumingin ang babae na 'yun sa bata, at pagkatapos ay tumingin sa kanya, pagkatapos nalaman niya na may kung anong bagay roon. Ang sabi niya, "Sa pamamagitan nito ay nalalaman ko na ang Salita ng Diyos ay nasa iyong bibig mismo." Amen. Siya'y naging isang tanda roon sa balo. Noong makita ng babae ang kapangyarihan ng Diyos, Na nakabubuhay o nakapapatay, nakapagbabangon ng patay niyang anak para mabuhay, ang sabi niya, "Sa pamamagitan nito ay nalalaman ko na ikaw ay isang lalaki ng Diyos." Napagkilala ng babae mismo.

Ang mga bansa sa panahon ngayon ay pagtatawanan lang ito, gaya ng ginawa nila noon. Hindi nila ito paniniwalaan. Pero iba ang nalalaman ng babae na 'yun. Yun nga'y naging isang tanda noon, kung papaanong siya'y isang tanda, para ibangon ang patay na niyang anak na lalaki na mabuhay. Ang mga propetang 'yun ay sa tuwina'y mga tanda ng Diyos.

115 Noong magtawag si Elias ng isang pagtutuos, ang sabi, "Kung ang Diyos ay Diyos, paglingkuran n'yo Siya. Pero kung si Baal ang diyos, paglingkuran siya."

Hindi ba't kahanga-hangang araw 'yan para kay Elias sa panahon ngayon? Kung ang pulitika'y diyos, paglingkuran n'yo ito. Ano bang mayroon tayo sa pulitika? Ano itong nagawa natin? Wala nga tayong anuman kundi santambak mismong korupsyon. Wala tayong anumang mayroon.

Anupa't nawawala sa atin ang bawat, halos lahat ng kaibigan na mayroon tayo, sa mga bansa. Dito, noong nakaraang linggo lang, dalawa o tatlong bansa ang naiwaglit natin sa

komunismo. Binubuwisan natin ang mga tao't kinukuha ang pera nila, at ipinapadala 'yun doon para pakainin ang mga tao na bumaling naman sa komunismo sa pagkataguyod na pagkataguyod sa kanila. Yun nga'y isang pagpapaimbabaw. Ganoon nga.

116 Sinasabi natin na mga Cristiano tayo. Tayo nga'y maging mga Cristiano, kung ganoon, hindi sa pagpapakain sa kanila ng mga bagay na gaya nun. Yan nga'y halos walang—walang. . .Maging ordinaryong may-malasakit-ang-puso na tao'y magagawa ang bagay na 'yun. Yan nga'y relihiyon. Hindi kaligtasan.

Napakaraming tao ang napaghahalo ang relihiyon at kaligtasan. Ang relihiyon ay pakainin ang mga balo't mahihirap, at iba pa. Yan ang relihiyon. Pero ang kaligtasan ay isang bagong Kapanganakan, ang maipanganak na muli. Magkaiba 'yun. Ang relihiyon, ang Mohammedan ay isang relihiyon. Napakaraming relihiyon.

117 Ngayon, doon sa Bundok ng Carmel, noong araw na 'yun na magtawag siya ng pagtutuos, at tinawag niya si Ahab at ang libo-libong mga saserdote na kaanib sa templo ng kanilang mga denominasyon, tinawag niya sila sa itaas ng Bundok ng Carmel, nagsabi, "Pumarito kayo. Katagpuin n'yo ako rito sa itaas. Tatayo ako sa harap ng kabuoan." Anong ginawa niya? Kamit niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Hindi siya natakot. Ang sabi niya, "Mag-alay kayo ng isang baka. Manawagan kayo kay Baalim. Ibunsod nga mismo na ang Diyos na tumutugon sa pamamagitan ng apoy ay matanghal na Diyos."

118 Kaya, buong maghapon, hanggang . . . mula umaga hanggang sa pagkatapos ng hapunan, sila'y nagtatalon-talon sa may dambana. Nilanseta nila ang sarili nila. Nagsiiyakan sila. Nagsisigaw sila. Nagpalakad-lakad doon si Elias, ang sabi, "Sumigaw pa kayo nang mas malakas. Marahil umalis siya't nangisda, o kung ano. Marahil umalis siya't may inaasikaso, o kung ano."

Dahil, taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. May kasapatan siya. Taglay niya ang Salita ng Diyos.

Kapatid na lalaki, kapatid na babae, ano pa bang kailangan ng sinumang tao kaysa sa pangako ng Diyos? Sinabi ng Diyos na Kanyang gagawin ito. Hayan si Abraham. Kanyang ibinilang ang Diyos na may kakayahang gawin ang bagay na Kanyang sinalita. Alam niya na magagawa 'yun ng Diyos, dahil sinabi mismo ng Diyos.

119 Kaya kanyang—kaya kanyang tinawag sila na umakyat doon. At pagkatapos nilanseta nila ang kanilang sarili, at nagsisigaw at nagsiiyak buong araw, hanggang sa panggabing pag-aalay. Pagkatapos, si Elias, masdan n'yo kung paano niya 'yun ginawa.

Ang unang bagay na ginawa niya ay magpagulong doon ng labing-dalawang bato sa isang kalipunan.

Ang Diyos ay hindi hati-hati. Hinahati ng mga denominasyon ang mga iglesya, pero hindi ang Diyos.

Ang isa'y magsasabi, "Isa ka bang Cristiano?"

120 "Isa akong Baptist." Haya't para na rin mong sinabi na isa kang baboy.

121 Sasabihin, "Ako—isa akong Methodist." Buweno, para ka na ring baboy, uli, sa Diyos.

122 Sasabihin ko, "Isa ka bang Cristiano?" Para masabing isang Cristiano, kinakailangan na ikaw ay katulad-ni-Cristo, nakatabernakulo ang Diyos sa iyo, kalakip ang Espiritu Santo, gaya noong bumaba noong Araw ng Pentecostes. Hindi kung anong emosyon, pero ang ibig kong sabihin ay isang tunay na Pentecostes. Kita n'yo? Tama.

123 "Isa akong Pentecostal. Isa akong Oneness. Ako'y—ako'y trinidad. Ako'y . . ." Oh, naku! Para na rin mong sinabi na ibang bagay ka. Wala ngang halaga sa Diyos. Yan kasi'y humahati.

124 Yan ang bagay na nangyari diyan sa kalagitnaan ng mga ministro. Pero nagpagulong nga si Elias ng labing-dalawang bato sa isang kalipunan, para ipakita na ang Diyos ay isang Diyos sa ibabaw nilang lahat, pinagulong ang mga 'yun sa isang kalipunan.

125 Pagkatapos, noong maipon niya ang mga 'yun nang sama-sama gaya nun, pinatay niya ang baka at inilapag 'yun sa ibabaw ng dambana, sa kahoy. Ang sabi niya, "Ngayon, para makatiyak na walang pamemeke rito, kuhanan n'yo ako ng labing-dalawang bariles ng tubig." At aktuwal na tinigmak niya sa tubig ang kahoy na 'yun. Oh, Hallelujah! Nais niyang ipakita na ang Diyos ay Diyos. Dahil, bakit? Taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Isa siyang propeta. Taglay niya ang Salita ng Diyos.

126 Mangyari na ganoon din ang ginawa nila—ganoon din ang ginawa nila noong panahon na 'yun, kung sasabihin nila na patatalsikin ka nila ng iglesya, na gagawin nila 'yung *ganito*, o ang *iba pa*, kung nabautismuhan ka sa Pangalan ni Jesus, at lahat na ng iba-ibang mga bagay na gaya n'yan: kalokohan. Ito kasi'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

127 May kalugud-lugod na tao, nung isang gabi, ang nakipag-usap sa akin, iniakbay ang kanilang bisig sa akin, at ang sabi, "Kapatid na Branham," sabi, "Nais kong humiling sa iyo ng isang bagay." Sabi, "Kung magagawa mo lang na makipagkompromiso nang kaunti, sa bagay na ito na ipinapangusap mo."

Sabi ko, "Ano?"

Sabi, “Yung tungkol sa bautismo.” Sabi, “Ang mga kaiglesyahan sa Chicago’t sa buong palibot ay gustung-gusto ka, pero nangangamba lang sila na baka mabanggit mo ’yun.”

128 Sabi ko, “Tunay, mababanggit ko ’yun. Siguradong, babanggitin ko ’yun.”

Sabi, “Buweno, ’yan lang ang tanging bagay na laban sila sa iyo.”

129 Sabi ko, “Kung ganoon hindi sa akin sila laban. Hindi naman ako Ang nagsabi Nito. Ang Diyos ang may sabi Nito. Hinahamon ko ang sinuman sa kanila na pumaroo’t patunayan na mali Ito.” Kita n’yo?

130 Sabi, “Buweno, kita n’yo, dapat ka—dapat ka sanang makiayon at makisama.”

Ganyan na ganyan din ang bagay na nais nilang gawin niya. Amen. Ang Diyos ay di nakikipagkompromiso. Hindi, nga. Hindi Siya nakikipagkompromiso.

Ang sabi nung tao—sabi nung tao, “Ngayon, Kapatid na Branham, nais kong tanungin ang isang bagay sa iyo. Ang Anghel ba ng Panginoon ay . . . ” Sabi, “Lahat kami’y naniniwala sa Anghel ng Panginoon. Sinabi ba sa iyo ng Anghel ng Panginoon ang tungkol Dito?”

131 Sabi ko, “Di ko alintana kung ano ang sabi rito ng Anghel ng Panginoon. Kung Ito, ay ang Anghel ng Panginoon, ay Kanya ngang sasabihin *Yan*. Pero kung Siya’y magsasabi ng taliwas, hindi Siya ang Anghel ng Panginoon.” Sabi ko, “Kahit na ano pang Anghel, o anupamang iba ang nagsaysay, ang sabi ni Pablo, ‘Gayong isang Anghel mula sa Langit ang mangaral ng ibang ebanghelyo sa inyo, matakuwil nga siya.’”

132 Mga anghel man at lahat, na kung anong karnal na pamamayagpag na kung ano, na sasabihin ukol sa Mga Anghel. Sina Joseph Smith, Bringham Young, at lahat ng iba’t ibang kulto, ng mga Adventist at lahat ng iba pa, na nakakakita raw sila ng lahat ng uri ng mga bagay na gaya n’yan, pero lagi itong taliwas sa Salita.

133 Pero, kinakatigan ng Diyos ang Kanyang Salita. Ito’y Kanyang Salita. Sabi ko, “Ito’y ang Salita ng Panginoon. Tunay. Lahat ng nalalaman ko’y itinuro Niya sa akin. Hindi ako kailanman nagtungo sa isang seminaryo o eskuwelahan. Ito’y nanggaling mula sa Kanya.” Pero ang sabi ko, “Yan man ay taliwas. . . Kung ’yan ay taliwas Doon, hindi ko Siya paniniwalaan. Dahil, ’yang Salita ng Diyos, ay una. Lahat ng iba pa’y kasinungalingan.” Sa Salita ng Diyos, manatili kayo Rito.

134 Kaya, si Elias, matapos niyang, ibabad sa tubig ang mga troso, nang labing-dalawang bariles ng tubig. Ibinuhos dun sa ibabaw roon. Humakbang siya roon, nang sadyang kalmadong-kalmado. Bakit? Hindi maaaring magsinungaling ang Diyos.

Sinabi na kasi 'yun sa kanya ng Diyos. Sabi niya, "Panginoong Diyos ni Abraham, Isaac, at ng Israel, maalaman nga sa araw na ito na Ikaw ay Diyos, at ako'y Iyong lingkod. At ginawa ko ito sa Iyong utos, dahil ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ginawa ko ito dahil sinabi Mo sa akin na gawin ito, dahil ito'y ayon sa Iyong Salita. Maalaman nga ngayon na Ikaw ay Diyos."

At bumaba ang Apoy ng Panginoon, tinupok ang alay, ang binabad sa tubig na mga troso, sinunog ang mga bato, at lahat ng iba pa, at tinupok mismo ang lahat. Pagkatapos sumigaw ang Israel, ang pitong-libo, "Ang Diyos nga'y makilalang Diyos."

135 Si Elias, napakaganda ngang tingnan ang munti't, matandang nanghihinang, payat na katawan na talagang kulubot na, ang munting tungkod na 'yun sa kanyang kamay, ang munting sisidlan ng langis na nakabitin sa kanyang tagiliran, may kapirasong balat ng tupa na nakabalot sa kanya. Aba, ipapatapon nila siya sa kulungan ngayon kung maglalakad-lakad siya sa kalsada; pero hinahayaan nila ang mga kababaihan na magsuot ng shorts; pero pihadong di nila papayagan 'yung ganoon, kita n'yo, gaya *nun*, na lumabas.

136 Kaya, pagkatapos, pero heto sila na du-. . .heto siya na dumarating, sa dako roon, sa ibabaw ng burol, hawak ang kanyang tungkod. Ngayon, ang Bundok ng Carmel ay hindi isang munting—munting bakanteng dako na naroon sa gitna ng disyerto. Isa 'yung malaking bundok. Ang dalisdis nun, medyo nakaanggulo nang *paganito*, at tumutugaygay pataas, at tanaw sa ibabaw ang dagat. At sina Elias at Gehazi'y tumakbo paakyat dun, sa itaas. At nagpatirapa si Elias dun, at nagsimulang humibik sa Diyos, na ang likod niya'y nasa direksyon ng Kanluran, sa direksyon ng araw. Tatlong taon at anim na buwan, na wala maski hamog ang pumatak. Sinabi niya kay Gehazi, "Pumaroon ka't tingnan kung may nakikita kang anuman, isang ulap sa ibabaw ng dagat."

Tumayo ka rito sa bundok, tumanaw sa gawi *roon*, sabi, "Wala akong nakikita na kahit na ano."

137 Nanatili siya roon. "Diyos, kung ang mga taong ito'y nagsipagsisi na, kung ang mga taong ito'y nanumbalik na sa Iyo, kung handa na silang tumalikod sa lahat ng mga walang kabuluhan na ito at babaling pabalik sa Iyong Salita, kung ganoon Ikaw ay Diyos, para tumugon sa Iyong Salita."

138 Hayaan n'yong sabihin ko ang siya ring bagay. Kunin n'yo ang mga denominasyon na ito at basagin sila, kalimutan n'yo ang maka-denominasyong pagkakaiba-iba, at ibunsod ang mga tao na makapanumbalik sa Salita ng Diyos, sa pinagtagaang linya. Patutunayan ko sa inyo na may isang Diyos na tumutugon pa rin sa pamamagitan ng Apoy.

139 Ibunsod ang mga tao na tumawag sa Diyos. Ibunsod. . .?. . . na tumawag ng tao. Ibunsod ang mga tao na tumawag para sa

isang propeta. Ilalagay siya ng Diyos sa eksena. Hinahamon ko ang mga bansa na gawin ’yan. Magpatirapa kayo at tumawag sa Diyos, para magpadala ng isang tagapagpalaya, at antabayanan n’yo kung anong mangyayari. Gawin n’yo lang nang isang beses, ang Diyos ay tutugon. Sa tuwina’y ginagawa nga ng Diyos.

140 Nagpatirapa at nagsabi, “Diyos, mangyari nawa sa araw na ito. Ang mga taong ito noon ay minsang laban sa Iyo. Ang mga taong ito’y watak-watak sa lahat ng uri ng mga denominasyon doon. Pero, ngayon, Iyong pinatunayan ang Iyong Sarili. Ikaw ay Diyos. At ang sabi ng mga tao, ‘Iwaksi si Baalim.’ At pinaslang ko ang libo-libong saserdote nila. Wala na sila sa pagkakasagabal, Panginoon. Lahat ng hadlang ay wala na, ang mumunting mga bakod na naghihiwalay sa amin.”

Ang isang Methodist ay may pagnanais na na makisamba kasama ang Baptist; ang Baptist ay may pagnanais na na makisama sa mga Pentecostal; ang mga tapat sa puso roon, ang tapat na pitong libo. Pero di nila kayang gawin. Kung gagawin kasi nila, sisipain sila palabas ng mga iglesya nila. Ang iba sa kanila’y di na ’yan alintana. Sila’y dumating, ano’t anuman. Ganoon nga.

141 Anupa’t ibunsod silang lahat na basagin ang lahat ng pagkiling na ’yun at magsama-sama, at sabihin, “Kakalimutan natin ang lahat dito na mga kredo at katesismo, at lahat ng binabasa natin. Tayo’y manumbalik sa Salita ng Panginoon.” Masdan n’yo kung anong mangyayari pagkatapos. Ang Diyos ay magbabangon sa kanila ng isang propeta, tunay na gagawin nga Niya, na ihahatid mismo Ito sa kanila, kung sila’y handa nang tanggapin Ito. Una sa lahat, kailangan nilang manalangin. Ang Diyos ay naghihintay.

142 Hindi ba’t kakatwa na nais ng Diyos na ang mga tao’y magkaroon ng bahagi rito? Noong tumingin si Jesus sa aanihin, ang sabi Niya, “Hinog na ang aanihin. Ang mga manggagawa ay kakaunti. Manalangin kayo sa Panginoon ng pag-ani,” Siya ’yun. “Manalangin kayo sa Akin, na Ako’y magpadala ng mga manggagawa sa Aking pag-ani.” Siyanga’t may bahagi kayo na dapat n’yong gawin. Naghihintay ang Diyos para sa Kanyang Iglesya na tumawag sa Kanya. Ginagawa Niya ito sa tuwina. Naghihintay ang Diyos ngayon na ang mga tao’y tumawag sa Kanyang lingkod na kumilos. At ang lingkod ay di makakakilos hanggang sa ang mga tao’y manalangin.

143 Hindi makakakilos ang Israel doon, na may mga tanda’t mga kababalaghan, hanggang sa magpatirapa sila’t manalangin para sa isang tagapagpalaya. Ang Diyos ay may Kanyang tagapagpalaya. Ang Diyos ay may isang propeta na nakaantabay roon sa ilang, iningatan siya roon nang apatnapung taon, naghihintay sa kanila na malagay sa tama, na manalangin. Anupa’t noong sila’y malagay sa tama at magsimulang

manalangin, pagkatapos nga'y ipinadala ng Diyos ang tagapagpalaya.

Gagawin ng Diyos ang siya ring bagay ngayon, kung ang mga tao'y makakapaglakip-lakip para manalangin, na manalangin mismo. Siyanga.

144 Siya'y isang tanda sa mga bulaang propeta na 'yun at kay Ahab, na siya ang lingkod ng Diyos. Siya'y isang propeta ng Diyos. Siyanga't, siya rin ay isang tanda sa Israel, na magagawa niyang ipinid ang kalangitan o buksan ang kalangitan, kapag naisin niya. Tunay nga.

Magbanggit kayo sa akin ng isa na nakapagsasara ng kalangitan, pakitaan n'yo ako ng isa na nakapagbubukas ng kalangitan, maliban sa Diyos. Haya't ang Salita ng Diyos, o, ang Salita ng Diyos ay naroon sa mga propeta.

145 Si Micaya, na isang tanda kay Josaphat. Si Micaya ay isang tanda noon kay Josaphat, na ang Diyos ay nag-iingat ng tunay na propeta sa isang tabi.

146 Ngayon pansinin. May apatnaraang propeta siya, si Ahab nga, at pinatawag niya ang apatnaraang propeta na 'yun. At nang may pagkakaisa'y sinabi nila sa kanya. At sa kabila nun, sa kaibuturan ng puso ni Josaphat, na isang lalaki ng Diyos, alam niya na may kung anong bagay na mali. Alam niya na may kung anong bagay na mali. Ang sabi niya, "Wala ka na bang isa pa?"

147 "Matapos na nariyan na ang apatnaraan?" Ang sabi niya, "Ang lahat ng mga ito'y mga propeta, mga propeta ni Jehovah." Nariyan ang—ang mga Methodist, ang mga Baptist, ang Presbyterian, ang Unitarian, oh, naku, naku, ang mga Trinitarian, at lahat na ng iba't ibang uri. "Mayroon kami ng lahat dito, at nang may pagkakaisa'y nagsasabi sila na ito ang pinaka dakilang bansa na mayroon. Wala tayong bagay na dapat ikatakot." Gaya ng isang munting bata na pasipol-sipol doon sa sementeryo, alam n'yo, samantalang siya'y natatakot. Huwag kayong mag-alala tungkol dun.

Sabi, "Pero wala ka na bang isa pa?"

Sabi, "Oh, siyanga, mayroon namang isa pa rito, pero," sabi, "kinamumuhian ko siya." Kita n'yo? Sabi, "Lagi kasi siyang nagsasabi ng masama tungkol sa bansang ito. Lagi siyang nagsasabi ng masama na mangyayari sa amin."

148 Sabi ni Josaphat, "Nais kong—nais kong marinig siya." Oh, siyanga!

Ano siya? Isang tanda. Kahit na gaano pang karaming mga organisasyon o mga denominasyon, ang Diyos ay may isang propeta pa rin na nananatili sa Salita.

149 Alam ni Josaphat na si Ahab ay sentensyado na, dahil ang tunay na propeta na 'yun, si Elias, ay naging tanda sa mga bansa, ang sabi, "Hihimuran ng mga aso ang iyong dugo,

sa pagparito mo." Ganoon nga. Alam niya na sina Jezebel at Ahab ay nararapat na kaharapin 'yun. Alam niya na ganoon. Kita n'yo?

150 At si Micaya, ang sabi ni Micaya. . . Sila'y—sila'y nagpunta sa kanya't nagsabi, "Ngayon, sinasabi ko sa iyo, kung nais mong mapasama sa susunod na asosasyon, sasabihin ko sa iyo ang gagawin mo. Sumang-ayon ka lang na ang lahat ng mga mangangaral na ito ay tama. Kita n'yo? Sabihin mo lang sa hari, 'Umahon ka.'" Tapos sabi, "Kinakailangan mong sumang-ayon." Sabi, "Sasabihin ko sa iyo kung anong gagawin natin. Gagawin naming. . . Sisiguraduhin namin na makakapasok ka sa aming organisasyon, kung gagawin mo lamang 'yun, kita mo, kung makikipagkompromiso ka lang sa kaunting mga bagay rito na ipinapangusap mo. Ipakita mo lang, pumunta ka roon, na sumasang-ayon sa kanila, sumama ka sa kanila." Huh-huh! Makikinita n'yo ba 'yun na ang isang tunay na propeta ng Diyos ay aalis mula sa Salita ng Diyos? Magagawa n'yo ba?

"Buweno," ang sabi ng mga kalalakihan na ito, "pero, nakakita kami ng isang pangitain," 'yung apatnaraang mga propeta. "Nalalaman namin. Kami'y mga propeta. Alam namin, dahil kami'y mga propeta."

151 Ang sabi ni Micaya, "Hindi ko pinagdududahan na nakakita kayo ng isang pangitain. Hindi ako nagdududa maski kaunti, na ang nakita n'yo, ay isang pangitain, pero hindi 'yan batay sa Salita na 'yun." Amen. Sabi, "Nakakita rin ako ng isang pangitain, siyanga." Amen. Oh, kahabagan! Siya'y isang tanda. Siya'y isang tanda. Ang sabi niya, "Nakakita ako ng isang pangitain, at nakita ko ang Israel, na gaya ng mga tupa, na nagkalat sa ibabaw ng isang burol, na walang pastol."

At itong malaking tagapangasiwa, obispo, lumakad papalapit at tinampal siya sa bibig. Sabi, "Saan nagtungo ang Espiritu ng Diyos noong Ito'y lumabas mula sa akin?"

152 Ang sabi niya, "Makikita mo kapag nasa bilangguan ka na. Makikita mo."

Siya, ang sabi ni Ahab, "Ipiit n'yo ang lalaking 'yan sa bilangguan. Pakainin n'yo siya ng tinapay na ito ng kahapisan, at bigyan siya ng mga tubig ng kahapisan, na maiinom." Sabi, "Kapag nakabalik na ako nang payapa," sabi, "pagkatapos nga'y ako nang bahala sa kanya."

153 Tumayo si matandang Micaya dun kamit ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Sabi niya, "Kung makakabalik ka, hindi nangusap sa akin ang Diyos." Hum! Ganoon nga. Ano siya? Siya'y isang tanda, na ang mga propeta ni Jehovah, ang mga propeta ng Diyos, ay nananatili sa Salita ng Diyos.

154 Kung may propeta kayo na nagsasabi na kailangan mo raw magpabautismo sa mga titulo ng "Ama, Anak, Espiritu Santo," bulaang propeta 'yan. Kung sinasabi n'yo na may propeta sa

kalagitnaan n'yo, na nagsasabi, "Tatlo ang Diyos," bulaang propeta 'yan. Walang Kasulatan para dun. Ganoon nga. Bagkus ang isang tunay na propeta ng Diyos ay mananatili sa Salita na 'yun. At kung ang pangitain niya ay taliwas sa Salita na 'yun, hindi siya tunay na propetang mula sa Diyos.

155 Walang dako, sa Biblia, na may nagbautismo sa titulo ng "Ama, Anak, Espiritu Santo."

156 Tingnan n'yo si Pablo, doon sa bilangguan, isang munting, patusok ang ilong na Judio, kalbo, na nakaupo roon, gumugugol nang dalawampung taon, sa isang Romanong bilangguan. Nagsulat siya ng mga liham. Ngayon, ano sa palagay n'yo ang iniisip ng mga babaing mangangaral kay Pablo, noong sabihin niya, "Ang mga kababaihan ay manahimik sa kanilang mga simbahan. Hindi ko sila pinahihintulutan na magsalita"? Naiisip ko na marahil sila'y nainis nang husto sa kanya.

Ano sa palagay n'yo ang inisip nila na mga obispo, sila na mga obispo, noong sabihin niya ang lahat ng iba't ibang mga bagay na ito, "Ihinto n'yo ang *ganitong* bagay rito, at 'yung *ganito* rito, lahat ng *ganito*, *ganoon*," si Pablo hayan nga't pinagsasabihan niya sila? "Sino ba itong lalaking ito, hayan nga, itong lalaking ito na naroon sa bilangguan?" Pero nakatagpo niya si Jesus. Alam niya kung anong ipinapangusap niya.

At mula sa siya ring grupo na 'yun, matapos ang kamatayan ni Pablo, sila'y bumuo sa huli, mula sa grupo ng mga obispo't mga nakakataas, ng Konsehong Nicea, at 'yun ang nagbuo sa iglesyang Katoliko, palayo mula sa Salita ng Diyos. Diyan nanggaling ang inyong "Ama, Anak, Espiritu Santo." Hinahamon ko ang sinuman, saanman, anumang bansa, para pabulaanan ito.

157 GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ang pagbabautismo gamit ang titulo ng "Ama, Anak, Espiritu Santo" ay huwad. GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Inuutusan ko ang bawat isa sa inyo, dito o nasa teyp man, na hindi pa nabautismuhan sa Pangalan ni "Jesus Cristo," na magpabautismo uli sa Pangalan ni Jesus Cristo.

158 Si Pablo, sa Mga Gawa, 5:9, o, 19:5, ang sabi, "Natanggap n'yo ba ang Espiritu Santo simula ng manampalataya kayo?"

Sabi nila, "Di nga namin alam na may Espiritu Santo pala."

Sabi, "Kung ganoon sa ano kayo nabautismuhan?"

159 Ang sabi nila, "Nabautismuhan kami," pero hindi sa Cristianong bautismo.

"Ama, Anak, at Espiritu Santo" hindi 'yan Cristianong pagbabautismo. Walang Cristiano ang nabautismuhan ng gaya n'yan, sa Biblia o nang daan-daang mga taon pagkatapos ng Biblia. Kredong Katoliko 'yan, at hindi Cristianong Doktrina.

Ipakita n'yo sa akin sa Biblia. Ito'y isang—ito'y isang pandaraya. Gawa 'yan ng mga diyablo.

Hindi ko ibig sabihin na ang mga taong nabautismuhan nang gaya nun ay ganoon na. Maraming tao ang Diyos sa dako roon ngayon na hindi lang nila nalalaman ang mas mainam.

160 Pero, dumating na ang oras, na kinakailangan nating bumalik sa Salita kung umaasa tayo na ang Diyos ay kikilos sa panahon na ito gaya ng ginawa Niya noon.

161 Sinabi ko sa nanay ko noong mamamatay na siya, bago siya mamatay. Sabi ko, "Nanay, noong naging Cristiano ako, bilang isang binatilyo, sinimulan kong hanapin at nasumpungan ko. Alam ko na may isang Diyos, mula sa mga pangitain na alam mo na, at mga bagay na nangyari sa buong buhay ko." Sabi ko, "Mangyari na nalaman ko na sinabi ng iglesyang Katoliko, 'Kami ang iglesya. Hindi mahalaga kung ano ang sinasabi ng Biblia. Naniniwala kami na Yan ay mainam naman, pero, kami ang iglesya. Ang sinasabi namin, ay tinatalian ng Diyos sa Langit.' At kaya naman, hayan nga, sa *ganitong* paraan nila ginagawa ito. Yan nga'y isang katawan. Sinabi naman ng Lutheran, 'Mali sila. Sa *ganitong* paraan ang paniniwala namin dito.' Sasabihin ng mga Baptist, 'Mali silang lahat. Sa *ganitong* paraan ang paniniwala naman namin dito.' At daan-daan ang mga katawan na 'yun."

Aba, papaano tayo magkakaroon ng pananampalataya kung ganoon? Alin sa kanila ang tama? May isang Bagay lang na tama. Hindi ko pa Ito alam noon.

162 Sabi ko, "Nanay, bumalik ako sa Biblia at nasumpungan ko ang pamamaraan ng unang mga alagad, kung anong uri ng iglesya ang mayroon sila noon, kung paano ang itinuro nila, at mga bagay na kanilang ginawa. Ginawa ko nang eksakto ang paraan ng pagsasagawa nila rito, ang paraan na sinabi ng Biblia, at nakamit ko ang parehong mga resulta." Amen. Pasensya na po sa ekspresyon na ito, pero ang—ang patunay ng pudding ay sa pagkain nito. Totoo 'yun. Nakamit din ang parehong mga resulta na nakamit nila noon. Oo.

163 Kaya, hindi ka makapagtataguyod ng kompiyansa sa bagay na siyamnaraang iba't ibang paraan, ng pagtugaygay sa *ganitong* daan at *ganoong* daan.

Pagkatapos nasumpungan ko nga, doon sa Biblia, na si Jesus ay nagsabi, Mismo, "Ang sinuman na magbabawas ng isang Salita, o ibahin Ito, sa Aklat na ito; na may magdadagdag ng anuman Dito, o mag-aalis ng anuman mula Rito; siya nga'y aalisin, ang kanyang bahagi sa Aklat ng Buhay." Ipinakita na naroon ang pangalan niya, hayan nga, pero ito'y aalisin. Oh!

164 Kinakailangan nating bumalik sa Salitang ito. "Ang kalangitan at ang lupa'y lilipas, ngunit ang Aking Salita ay di kailanman mabibigo." Siyanga, po. "Ibunsod ang salita ng bawat

tao na isang kasinungalingan. Ang Akin ang totoo," sabi ni Jesus. Manatili tayo sa Salita. Siyanga. Oh, grabe! Siyanga.

165 Alam ni Josaphat na may iniingatan ang Diyos na isang totoo't, tunay na propeta na nananatili sa Kanyang Salita na hindi Ito ikokompromiso. Hindi, nga.

166 Siya'y nanatili Rito. Apatnaraan ang kalaban niya, dala-dala ang kanilang mga propesiya, rin. Pero ang nasa kanya ay ang Salita ng Diyos, kalakip ang siya ring mga tanda't mga bagay-bagay.

At sinasabi ko, ngayon, ang kailangan natin ngayon ay isang lalaki, isang propeta, na babangon sa kalagitnaan natin, na mananatili sa Salita ng Diyos kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng iba, o anuman ang sabihin ng denominasyon.

167 Walang kumampi noon kay Micaya. Walang kumampi kay Moises. Walang kumampi kay Noe. Wala sa kanila, mismo, ang may kumampi man lang. Ang lahat ay laban sa kanila. Pero mga tanda sila noong masamang panahon na 'yun bago ipadala ng Diyos ang paghatol. At tinutupad ng Diyos ang Kanyang Salita at nagnanais na ang Kanyang Salita'y tuparin din ng Kanyang mga lingkod. Purihin ang Panginoon.

Ngayon, papalapit na tayo sa pagtatapos, kaunting minuto na lang ngayon. Ngayon pakinggan n'yong maigi.

168 "May isang lalaki noon na ipinadala mula sa Diyos na ang pangalan ay Juan," isang propetang-tanda. Bago dumating si Jesus sa lupa, para ideklara ang Kanyang Sarili, nagpadala Siya ng isang propeta sa unahan Niya. Ginawa ba Niya 'yan noon? Nagpadala Siya ng isang propeta, si Elias ng Lumang Tipan, na iprinopesiya na darating sa kapangyarihan ni Elias ng Lumang Tipan. Siya'y magiging propetang-tanda na si Jesus ay parating na, na may isang Mesiyas na darating.

169 At lumantad mula sa ilang si Juan, siya ang tanda na ang Mesiyas ay parating na noon. Noong magpakita si Juan, ang dapat sana'y napagkilala ng Israel, sa pamamagitan ng mga propeta nila.

Diyan ito napalampas ng mga tao. Hindi nila sinampalatayanan ang kanilang mga propeta. Hindi sila naniwala. "Hindi kami naniniwala na ang bagay na sinabi ni Pedro ay tama, noong Araw ng Pentecostes." Hindi sila naniniwala na tama 'yun. Hindi sila naniwala sa bagay na sinabi ni Pablo, na siya ring bagay na sinabi ni Pedro. Sabi, "Kung may isang Anghel mula sa Langit na mangangaral ng ibang salita, siya'y matakuwil." Hindi nila 'yun pinaniwalaan. Kita n'yo? Hindi nila 'yun pinaniwalaan.

At hindi sila naniwala sa kanilang mga propeta. Kung nalalaman lang sana nila, mapagkikilala nila ang sinabi ni Elias, "Magkakaroon ng isang tinig ng isa na sumisigaw mula sa ilang,

na ihahanda ang daan sa unahan ng Panginoon." Dapat sana'y nalaman nila. Isa siyang propeta, isang prinsipe ng mga propeta. Sinabi niya sa kanila, pero hindi nila 'yun pinaniwalaan. Hindi, hindi. Sabi niya, "May isang Mesiyas na parating."

170 Ang lalaking ito'y isang lalaki na ipinadala mula sa Diyos. Oh, mga kapatid! Wala siyang tagasunod. Nagbigay ang Diyos sa kanya ng tagasunod, isang munting kawan, gaya ng ginawa Niya noon kay Elias. Ibinigay ng Diyos sa kanya ang mga tagasunod niya. Hindi niya nakuha 'yun mula sa kung anong pulitikal na organisasyon. Ipinangaral niya ang Salita, nanatili sa Salita ng Diyos, at nagbigay sa kanya ang Diyos ng isang munting kawan. Nanatili si Elias sa Salita ng Diyos. Binigyan siya ng Diyos ng isang munting kawan.

171 Ang lalaking ito'y walang mga tagapagtaguyod. Wala siyang tagasunod, walang tagataguyod, hindi kasapi sa anumang denominasyon, hindi humihingi ng anuman at walang kinatatakutan. Ganoon si Juan. Bakit? Siya'y isang lalaki na ipinadala mula sa Diyos. Yan ang dahilan kung bakit siya nanindigan. Siya ang Elias na nakatayo roon, para patunayan sa mga tao na ang Mesiyas ay parating na. Ang sabi niya, "Ako ang tinig niya na sumisigaw sa ilang, gaya ng sinabi ng propetang Isaias. Maghanda para katagpuin ang Panginoon."

172 Sila na mga Fariseo at mga Saduceo'y tumayo roon at nakipagtalo tungkol sa kanilang mga kasuotan at mga bagay-bagay. Doon mismo habang sila'y nakikipagtalo at nakikipagbangayan tungkol dito, doon mismo sa gitna nila ay dumating ang Mesiyas, na naglalakad.

173 Ang sabi ni Juan, "Narito, heto na Siya." Hallelujah! Masdan n'yo siya. Kanyang ipinakilala Siya. "Hayun Siya. Nakatayo Siya sa kalagitnaan n'yo ngayon."

Noong mga sandali ring 'yun, dumagundong ang kalangitan. Naglakad si Jesus patungo sa tubig. At sumaksi si Juan, na nakita niya ang Espiritu ng Diyos, na gaya sa isang kalapati, na bumababa. Isang Tinig ang sumigaw, "Ito ang Aking sinisintang Anak na Siyang Aking kinalulugdang panahanan." Oh, grabe, grabe!

174 Ang sabi ni Juan, "Ngayon kinakailangan kong bumaba. Siya'y kinakailangang dumakila." Oh, grabeng propeta, isang tanda sa Israel! Siyanga, po.

175 Isa siyang lalaki na ipinadala mula sa Diyos, gayong ang kanyang tatay ay isang saserdote. Oh, siyanga. Ang kanyang tatay, na si Zacarias, ay isang saserdote. Pero napansin n'yo ba? Hindi hinayaan ng Diyos na ang propeta na 'yun ay mahalo sa kanilang mga organisasyon. Ang gagawin kasi sana ng kanyang tatay ay dadalhin siya roon sa paaralan ng teolohiya, sa bantog na *Ganito-at-ganoong* denominasyon, gagawin siyang isang pinong ministro, alam n'yo, at sasanayin siya nang husto, at

bibigyan siya ng napakaraming bagay-bagay na di naman niya kailangang taglayin. Pero hindi nga pinahintulutan ng Diyos na ang kanyang kaluluwa'y makontamina. Nauunawaan n'yo ba? Hindi Siya papayag na hayaan ang kanyang lingkod na mahalo sa mga organisasyon. Hindi siya nabibilang sa anuman sa kanila, walang sekta, Fariseo, Saduceo, o Herodian, o anuman ito. Hindi 'yun pahihintulutan ng Diyos.

176 Kakaiba ang kapanganakan niya. Isa siyang kakaibang bata. Isa siyang propeta. Ang tatay niya'y isang saserdote, pero hindi siya pinahintulutan ng Diyos na mahalo-halo sa lahat ng pagpapaimbabaw nila, na mga Fariseong relihiyon at mga bagay-bagay. Anong ginawa Niya? Dinala Niya siya sa ilang at pinagsanay siya sa ilang.

177 Grabeng pagsasanay! Amen. Kanyang pinagsanay siya sa pamamagitan ng karanasan. Yun ang pinakamainam, ang makilala ang Diyos. Noong lumabas na siya roon, alam niya mismo kung ano ang atas sa kanya. Pinagtibay ng Diyos ang atas na 'yun.

Saan Niya 'yun pinagtibay? Doon sa may ilog. Ngayon, kung magagawa n'yong mahinuha ang dalawa sa dalawa. Kita n'yo? Sa may ilog!

Sabi, "Ako ang tinig ng isa na sumisigaw sa ilang, 'Ihanda ang daan ng Panginoon, tuwirin ang Kanyang landas.'"

178 Si Juan, isang lalaki na ipinadala mula sa Diyos. Hindi siya hahayaan ng Diyos na makontamina nun. Kanyang pinagsanay siya sa ilang, ginawa nga ng Diyos. Kanyang pinagsanay siya hindi sa mga eskuwelahan nila, hindi sa teolohiya nila. Kung hinayaan Niya, siya nga'y madodoktrinahan nang husto sa mga bagay gaya ng mapupulot n'yo mula sa mga eskuwelahan sa panahon ngayon, na lahat ng uri ng mga eskuwelahan. Hindi lang ang Presbyterian, Baptist at Methodist, pero maging ang mga Pentecostal na eskuwelahan, ay ganoon ding kalala, alinman sa mga ito na mga eskuwelahan ng teolohiya, na ibubunsod nila roon. Oh!

179 Ang pagdating niya, ay isinaysay sa Espiritu, ni Isaias. Ang kanyang pagdating, ang pagdating ni Juan, ay inihula na sa Kasulatan. Ang sabi ng Isaias 40:3, "Isusugo ko ang Aking mensahero sa harap Ko, ihanda ang daan," o, 'yun ang Malakias 3. Sabi. . .Sinabi ng Malakias 3 na Siya'y magsusugo ng Kanyang mensahero sa unahan Niya. Ang propeta, ang huling propeta, ay nangusap tungkol sa kanya. Ang huling bagay ay nangusap ukol sa kanya. Alalahanin n'yo, ang huling Aklat ng Lumang Tipan ay nangusap na si Elias ay darating sa mga anak ni Israel bago ang pagpapakita ng Mesiyas.

180 Handa na ba kayo? Ang huling Aklat ng Biblia, ang Apocalipsis, ay ipinapakita sa atin na may isang pagbabalik niya sa huling araw, sa iglesyang Gentil, isang tanda. Ganoon

na lamang na napalampas nila ito! Siya'y iprinopesiya na babalik uli, bago lamang ang dakila't ikalawang Pagparito ng Panginoon. Sa Mal-. . . Sa ika-4 na kabanata ng Malakias, sa Apocalipsis din, sa ika-3 kabanata, ay sinasabi sa atin dun na siya'y paririto sa huling mga araw. Ang siya ring 'yun, na tatayo sa gitna para sa mga tao, na may isang munting kawan na ibibigay sa kanya ng Diyos, siya'y darating sa huling mga araw. Sinabi mismo ng Diyos. Siya'y magiging isang tanda sa bansang Gentil na ito, na ang kanyang panahon ay ubos na.

181 At, alalahanin n'yo, kapag nagpakita na siya sa eksena, napipinto na ang panahon. Manalangin tayo para sa Diyos na ipadala siya. Napipinto na ang panahon.

182 Pagkatapos na pagkatapos ng pagmiministeryo niya, ang Mesiyas ay nagpakita Mismo. Pagdating na pagdating ng dakilang isa na ito sa huling mga araw, pagkatapos ng pagmiministeryo niya, ipapakita ng Mesiyas ang Kanyang Sarili. Magiging ganoon. Nalalapit na ang panahon, kaya mabuti na tayo'y manalangin. Mabuti na magsimula na kayong manalangin.

183 Ang kanyang bigay-ng-Diyos na tanda sa kapanahunan na ito'y patutunayan kung ano siya. Malalaman ito ng lahat. Patototohanan ito ng Diyos. Magpapakita siya ng mga tanda't mga kababalaghan na hindi pa kailanman nagagawa sa mundo, sa pamamagitan nito. Hindi ko tinutukoy ang panginginig, pagtagtag, at pagsasalita ng iba't ibang wika. Siya'y kakatigan mismo ng Salita ng Diyos, gaya ng lalaking ito noon. Bakit? Siya'y iprinopesiya sa pagparito, sa Malakias 4 at Apocalipsis 3, kaya siya'y talagang darating. Walang makapipigil sa kanya; siya'y darating. Amen. Siya'y paririto. Amen. Hayaan ang mga tao na magpatirapa ngayon at magsimulang humibik sa Diyos, at antabayanan n'yo kung anong mangyayari. Masasaksihan n'yo siya na magpapakita sa kapangyarihan. Siyanga, po.

184 Batay sa Kasulatan, ang kanyang Mensaheng-tanda ay yaong "pagbabalik-loob." Ano ang bagay na kanyang. . . Ano yaong bagay na makikilala natin siya? Paano natin malalaman na ito na 'yung tama?

185 Alam n'yo, tinanong 'yan minsan ng Israel, diyan sa Deuteronomio, sa ika-20 kabanata. . . ika-20 talata, sa palagay ko. Ang sabi niya, "Paano namin malalaman na ito na 'yung tama?"

Paano natin malalaman? Sinasabi ng Diyos na mapagkikilala natin siya. Ano ba ang gagawin niya? "Kanyang pagbabaliking-loob ang mga puso ng mga anak sa orihinal na pentecostal na Mensahe ng simula." Oh, grabe!

186 Isang tanda na napalampas, ang tunay na tanda, at napalampas nila ito. Sa tuwina'y ganoon ang ginagawa nila.

187 Manumbalik sa totoong Iglesya, sa totoong Mensahe! Tatayo siya na mag-isa laban sa denominasyon, nang may katapangan at walang kinatatakutan, kamit ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Hindi siya makikipagkompromiso sa anumang denominasyon. Wala siyang magiging kinalaman sa anuman; na manghahatak ng impluwensiya sa kung ano. Siya'y diretso mismo sa Salita, GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Pagtitibayin ng Diyos ang kanyang pagmiministeryo gamit ang mga tanda't mga kababalaghan, dakilang paghahayag ng Salita, at paglalahad sa mga tao. Grabeng araw ang malapit nang dumating! Gaya ng . . . Tatayo siya kagaya ng pagtayo nina Pedro at Juan, pagkatapos, noong Araw ng Pentecostes.

Pagkatapos ng Pentecostes, na sila'y mapuspos ng Espiritu Santo, nabautismuhan doon, sila'y tumayo sa harap ng konseho ng Sanedrin. Tumindig sila roon na may buong katapangan na maititindig. Noong, sabihin nila, "Pinagbabawalan na namin kayo na mangaral sa Pangalan ni Jesus, siyanga."

188 Ang sabi niya, "Tama ba na kami'y makinig sa inyo, o sa Diyos? Kayo mismo ang humusga." Gayong mga walang nalalaman, di nakapag-aral. Amen. Sila'y mga propeta. Sila'y mga propeta na pinahiran ng Diyos. Sila'y mga tanda ng Espiritu Santo. Sila'y mga propeta. Alam nila.

189 Kagaya sila ni Juan. Naroon sila noong Pentecostes at nakasumpong sila ng isang bagay.

Hindi sila tulad ng karamihan sa mga mangangaral natin sa panahon ngayon, na inaangat ang sarili, ipinagmamalaki kung anumang bantog na organisasyon ang mayroon sila, kung gaano bang karami ang mayroon tayo sa naglalakihang mga grupo natin. "Tumatayo kami bilang isang malaking organisasyon. Malalaking pagmimisyon na gawain ang ginagawa namin." Oh, kahabagan! "Oh, mas malaki ang mga dumadalo sa amin kaysa sa iba pa sa kanila." Ano 'yan? Pulitikal lang na hatak. Nais kong makinig kayong mabuti, sa susunod na dalawa, tatlong minuto. Isang pulitikal na hatak.

190 Tunay na nakapagsabi ako ng isang bagay, mga ilang minuto pa lang ang nakararaan, alam n'yo na ang bagay na ipinapangusap ko. Isang tanda na iprinopesiya. Iniwan ko nga 'yan, inilapag sa inyong harapan. Kita n'yo? Buweno, hindi lang sa inyo rito, pero sa kanila na makikinig pa. Nasa harapan n'yo na ito. Gawin n'yo rito ang anumang bagay na nais n'yo. Manalangin kayo, at matyagan n'yo ang Diyos na kikilos sa eksena. Matyagan n'yo Siya na tuparin ang Kanyang Salita. Siya'y naghihintay.

191 Kapag ang mga bomba atomika, at ang mga tao'y natatakot; at ang Pentagon, haya't di nila malaman kung anong gagawin nila; at may mga mistikong tanda sa himpapawid, na mga flying

saucer, at lahat na mismo na inihula ng Diyos: panahon na para si Elias, (narito siya kung saan), na lilitaw sa eksena.

192 Ibunsod n'yo ang mga tao, ibunsod ang munting kawan, ang munting nalabi na 'yun na ibibigay sa kanya ng Diyos, ibunsod ang munting nalabi na 'yun na pumaroo't tumawag sa Diyos, at masdan n'yo kung anong mangyayari. Magkakaroon ng pagtutuos sa bansa. Magkakaroon ng isang puwersa na di pa nila nakikita kailanman. Ang malungkot lang diyan, sa panahon na 'yan, ay huli na ang lahat para sa kanila. Sarado na ang mga pinto. Kaya, alalahanin n'yo, narito na tayo sa huling panahon. Manalangin kayo.

193 Tingnan n'yo 'yung sa panahon ngayon na tinatawag nating pagmiministeryo. Ano ba itong mayroon tayo? Ngayon, sa pagtatapos, nais kong sabihin ito. Ano itong mayroon tayo? Wala nga tayong anuman. Ang ilan sa magagaling nating mga liderato, ating magagaling na mga ebanghelista; sabi ng isa magagaling nating ebanghelista, "Kung makasusumpong ako ng sampung porsiyento ng mga naakay ko na mananatili, sa isang taon, lubos-lubos na ang aking pasasalamat." Gayong, hindi naman ganoong katagal na ang lumipas kay Finney, siya'y may siyamnapu't pitong porsiyento nila.

Si Pablo ay may higit-makasandaan na sandaan, na makasandaang-makasandaan. Ang isa'y maliligtas, at, ang isang ito'y mapupuspos nang lubos, siya'y hahayo at ipamamalita sa iba; ang sunod nito'y ipamamalita sa iba; at ang isa namang ito'y ipamamalita rin sa iba; kaya aabot ng milyon-milyon. Bakit? May bagay silang kamit. Sila'y naroon sa Salita.

194 Ngayon, ang inaalala lang natin ay malalaking madla. Ano 'yun? Isa 'yung pulitikal na organisasyon. Kung magpupunta tayo, na may bantog na ebanghelistang magpupunta sa siyudad, anong unang sasalubong? Isang grupo ng mga kalalakihan. Kung ang lahat na mga Methodist, mga Baptist, Presbyterian, lahat sila, may ginagawa silang munting talaan, nila, "Ang mga ito'y makakapangaral lang ng *ganito*, at hindi niya puwedeng ipangaral ang *ganoon*, at di niya puwedeng ipangaral ang *ganito*, pero puwede niyang ipangaral ang *ganoon*," ano tuloy ang nakukuha n'yo?

195 At lumapit sila roon, mga kababaihan. Ang tinutukoy ko rito'y mga Pentecostal. Lumapit doon ang mga kababaihan, doon sa may altar, sila'y nagmamakaawa.

196 Sa tuwina'y di ako pabor sa pagtawag ng pagdulog sa altar. Mabuting masabi ko na ito. Hindi ako naniniwala sa mga ganoon. Walang ganoon sa Biblia. Papaanong makalalapit ang isang tao maliban na tawagin siya ng Diyos? Hindi n'yo siya mapipigilan. Hindi n'yo kailangang tumawag ng kung ano. Tinawag na siya ng Diyos. Ang pagtawag sa pagdulog sa altar ay Methodist na ideya. Ganoon nga. Ang mga pagtawag sa pagdulog

sa altar, para bang nauudyukan ang mga tao, sinasabi, "John, alam mo, namatay ang nanay mo matagal nang panahon."

197 "Ooh-ooh-ooh, opo, kapatid, ooh-ooh!" Hindi 'yan pagbabagong-loob.

198 Dito, mga ilang gabi ang nakararaan, may pagtatanghal tayong nakita rito sa Louisville, ukol sa isang babae na dinala roon na nasa loob ng isang kabaong, inilagay roon sa isang entablado sa imbakan ng mga armas. "Daan-daang mga tao," sabi, "tumakbo kayo papunta roon sa altar." Ang Ebanghelyo ay hindi pananakot. Hindi ito isang pakikiramay na pakiramdam. Isa itong pagbabago ng pananalig.

199 Masdan n'yo rito sa mga pagtitipon, nitong mga bantog na ebanghelista, at maging sa mababa kong munting pagmiministeryo, ako nga'y hindi bukod dito. Kung minsan nahihiya ako, sa paglabas. Ganoon nga. Anong ginagawa natin? Tumatayo roon at nagtatawag ng pagdulog sa altar at hinihikayat ang mga tao. Nagpupunta roon ang kabataang mga babae, at nguya-nguya ang chewing-gum, na nagsasabi, "Kita n'yo? Kita n'yo? Papunta na ako. Uh-huh." Nagpupunta roon itong mga kababaihan, na putol ang buhok at de kolorete ang mga mukha, mga Pentecostal, at magpupunta roon, at lalabas, at sasabihin na sila'y nakapagsalita raw ng iba't ibang wika. At hindi man lang pinahahaba ang kanilang buhok, at ginagawa ang siya ring bagay na nakagawian nila. Sinasabi n'yo ba sa akin na pagbabago 'yan? Yan nga'y pangungutya sa Diyos. Ang sabi ng Biblia, "Kasalanan at kahihiyan na ang mga babae'y magputol ng kanilang buhok." Papaanong ang isang babae na putol ang buhok ay makokondena ang isang babae na nakakolorete ang mukha? Nararapat lang na makinig na. Paparating na ang oras, na ang palakol ay iniumang na sa ugat ng puno. At ang bawat puno na nagbubunga ng di-mabuting bunga ay pinuputol.

200 Anong problema? Mali kasi 'yun, dahil ang ating modernong, naturingan lang na mga mangangaral dito, na naglalakihang madla't mga palalo, mas wala pa ngang nalalaman ang mga organisasyon tungkol sa Diyos kaysa sa isang Hottentot na alam ang isang mandirigmang Egipcio, kapag ito'y dumating. Nagtutungo sila roon . . .

201 Ano kaya kung 'yung mga tao na 'yun noong Pentecostes ay nagtungo roon at nagsabi, "Ngayon, inutos sa atin ni Jesus na tayo'y magtungo raw rito at manatili hanggang sa matanggap natin ang kapangyarihan mula sa Itaas. Ngayon, mga kapatid, namamalagi na tayo rito nang siyam na araw, na. Atin na lang tanggapin ito, sa pamamagitan ng pananalig. Na ngayon, kamit na natin ang Espiritu Santo. Lumabas na tayo, dahil ang tagal na natin dito. Ginawa na natin ang bagay na sinabi ni Jesus na ating gawin"? Wala sanang karanasan.

202 Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay. Alam ko na nakarekord ito sa teyp, pero heto nga ito, siyanga. Pakinggan n'yo. Sasabihin ko sa inyo ang isang bagay. Isa ngang kahihiyan. Tinatangka ng mga tao . . . Kailanman ay hindi ako naniwala na ang Espiritu Santo ay "panginginig." Kailanman ay hindi ako naniwala na ang Espiritu Santo'y "ang katibayan nito'y ang pagsasalita ng iba't ibang wika, o pag-iyak, o pagsigaw." Mga emosyunal na sensasyon 'yan. Naniniwala ako na magawa 'yan ng Espiritu Santo. Pero ang Espiritu Santo'y ang pagtatabernakulo ng Diyos. Naniniwala ako na malaking bilang ng mga tao na nag-aangkin na kamit daw nila ang Espiritu Santo, ay walang nalalaman maski isang bagay ukol sa Diyos. Kakatagpuin n'yo ang Diyos.

203 Paano, na ang Araw ng Pentecostes, ang sabi nila . . . Ngayon, gaya ng mga Baptist ngayon, ang Presbyterian at mga Methodist, tinanong ko, "Naniniwala ba kayo na natanggap n'yo ang . . . ?"

204 "Oh, oo naman, tinanggap namin Ito, sa pamamagitan ng pagsampalataya." Sa pamamagitan ng pagsampalataya, ay wala. Hindi Ito 'yun.

205 Isa 'yung sensasyon, na nais n'yong makita ang paglubog ng araw, tatayo kayo at panonoorin ang paglubog ng araw, at maiiyak, at may mga luha na tutulo, hindi 'yan ang Diyos, emosyon 'yan, mula sa isang bagay na nasa inyo. Kapag nakabalita kayo ng isang tao na may sakit, o isang tao na naghihingalo na, sumisigaw kayo at umiiyak. Hindi 'yan Diyos. Pantaong emosyon 'yan. Paanong ang Diyos . . .

206 Nakakita na ako ng mga tao sa isang beysbol na palaro, sila'y natutuwa nang husto na nauutal ang mga labi nila't, lahat na. Huwag n'yong sabihin sa akin.

Kailangan na kailangan natin ng rebaybal, isang kaligtasan. At ang mga Pentecostal ay dumarating, pinupukaw ang mga tao, at sinasabi sa kanila, "Kapag sila'y nagsalita sa iba't ibang wika, kamit nila ang Espiritu Santo." At ang iba sa kanila'y namumuhay ng lahat na ng uri ng pamumuhay, pagkatapos.

Pakinggan n'yo, kapatid. Noong Araw ng Pentecostes, hindi ganoon. Hindi sila umasa sa anumang pagsasalita ng wika o anuman. Habang naroon sila, na naroon sa isang lugar, sa isang pagkakaisa, bumaba ang Diyos, nang literal, sa kalagitnaan nila. Nakita nila, sa bawat isa sa kanila, ang mga dila ng Apoy, na parang *ganoon*, na nakalutang sa ibabaw ng kanilang ulo. Naroon ang Diyos. Hindi 'yun, "Tanggapin n'yo ito sa pamamagitan ng pagsampalataya, o kung anong emosyon." Sila'y napuspos ng Espiritu Santo, at pagkatapos lumabas sila at nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika. Pero, unang-una, kinatagpo nila ang Diyos.

Yan ang problema sa panahon ngayon. Sila'y napupukaw nang husto at nanabik, nagiging emosyunal, at hindi 'yan ang

Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ay ang pagtatabernakulo ng Diyos. Ang inyong mga salita ay Kanyang Mga Salita. Sinasabi ko sa inyo, ang kailangan natin ngayon, ay isang pagtawag.

207 Pumapasok ang mga tao, ang mga kababaihan nga'y ganoon, papasok, magsasalita ng iba't ibang wika, tapos lalabas. At magpupunta kayo sa mga dako nila kung saan ang kanilang mga simbahan ay . . .

208 Sana nakaupo rito ngayon si Billy. Katatanggap ko lang ng isang liham mula roon sa kung saan, noong isang araw, kung saan ang sabi ng isang babae, "Kaanib ako sa isang, malaking . . ." ang pinaka malaking organisasyon ng mga Pentecostal, malaking Trinitarian na organisasyon. Ang sabi nila, "Lahat ng mga kababaihan namin, Kapatid na Branham, ang lahat ay nagpuputol ng kanilang buhok. May mahaba't itim na buhok ako." Sabi niya, "Gustung-gusto ko nga ito, dahil naniniwala ako na sa Diyos ito." Sabi, "Hindi ako kailanman nagmemeykap. Itinuturo ng simbahan namin na makaluma 'yun." Sabi, "Sinasabi nila sa akin, kapag ang buhok ko'y nakapaikot na parang bola, sa likod, sabi, 'Mag-ingat ka, may umimpis kang gulong sa likod,' at lahat na parang ganoon. Sabi, 'May dala-dala kang umimpis—umimpis na gulong sa likod ng ulo mo.'" Tapos sabi, "Sa huli'y, ang sabi ng asawa ko, 'Bakit di mo paputulan ang buhok mo at maging gaya ng iba pa sa kanila?'"

Ngayon may liham ako na tugon pabalik sa kanya.

Sabi niya, "Totoo po ba? Napakinggan ko sa mga teyp mo, na ang Cristianong pagbabautismo ay sa Pangalan ni Jesus Cristo." Ngayon, alam n'yo na kung anong makakamit niya. Hindi po ba? Sabi niya, "Sabihin mo sa akin, Kapatid na Branham. Ako'y nagugutom. Nais kong malaman kung ano ba ang bagay na ginawa ko."

209 Sasabihin ko, "Mahiya ang asawa mong tumalikod sa pananampalataya. At ang walang Diyos na grupo na 'yun na kasama mong sumasamba, lumabas ka mula sa kanila." Ganoon nga. Hindi maaaring magbago ang Diyos. Kapag ang Diyos ay may sinabing anumang bagay, seryoso Siya rito. Wala akong pakialam kung gaanong karami nang mga mangangaral na tumalikod sa pananampalataya ang nais makipagkompromiso, para magkaroon lang ng isang malaking organisasyon o isang grupo. Ang kailangan natin ay mga salbasyonista. Ang mga kalalakihan na titindig at hahayaan ang kanilang mga asawang babae na gawin ang katulad nun, wala nga akong tiwala sa inyong karanasan bilang isang Cristiano. Tama. Magsisi kayo, o kayo'y mapapahamak! Naku, grabe!

210 Papasok sa ganoon, aanib sa mga simbahan, Pentecostal na mga simbahan, lalabas at hindi man lang nabago maski katiting; nananatili pa ring ganoon, ni hindi kumilos maski katiting. Oh,

kahabagan! Ano 'yun? Modernong mga Jezebel. Isa lang ang babae sa Biblia na nagpinta ng kanyang mukha, at pinakain siya ng Diyos sa mga aso. Mga modernong Jezebel na hila-hila ang kanilang mga Ahab sa may kuwelyo, sinumang baklaing lalaking hahayaan ang kanyang asawang babae na gawin 'yan, na magsuot ng shorts at mga ganoong mga suot, at hahayaang lumabas sa kalsada at mananamit ng mga bestida na hapit na hapit sa kanyang katawan na parang isang longganisang binalutan nang paganoon. At lalabas. . .Hindi ko sinasabi 'yan para magbiro. Hindi ito lugar para magbiro. Ito ang Salita ng Diyos. Totoo ito. Tama. Maglalakad dun sa kalsada, suot-suot ang damit na sobrang hapit, ang pagkakasuot, na halos di na siya makapaglakad. Pagkatapos, may lalaki na may masasabi sa kanya, at gusto mong makipag-away sa kanya. Marapat lang sa iyo na matampal sa iyong panga, ganoon nga, dahil hinahayaan mo ang asawa mong babae na gawin 'yun. Ipinapakita lang n'yan kung ano ka talaga. Ganoon nga mismo.

211 Ang kailangan natin ay Ebanghelyo. Diyos, magbangon Ka ng isa sa eksena na nakabalik mismo sa Salita. Sinabi mismo ng Diyos na hindi nga disente para sa isang babae na pumasok ng simbahan at manalangin na ang kanyang buhok ay putol. At ang isang babae na pinuputol ang kanyang buhok, ay . . . ang lalaki'y may ganap na karapatan para idiborsyo ang babaing 'yun. Siya'y babae na walang dangal. Yan mismo ang sabi ng Biblia. Kanyang winawalang-puri ang kanyang asawang lalaki. Marahil hindi niya ito nalalaman. Sinumang babae na magsusuot ng shorts ay walang dangal. Marahil di niya ito nalalaman. Binibini, hindi ko pinapangahasan na saktan ka. Sinisikap ko na iligtas ka mula sa dagat-dagatang apoy, at impyerno. Magsisi ka!

212 "Buweno," sasabihin n'yo, "Kamit ko ang Espiritu Santo." Kung ganoon ay kumilos kayo na gaya nun, na ang Diyos ay nakatabernakulo sa kaibuturan mo, ang mismong Diyos na nagsabi sa inyo na huwag 'yung gawin?

213 "Buweno," sasabihin n'yo, "nakapagsalita ako sa iba't ibang wika." Nakakita na ako ng mga diyablo na nagsalita sa iba't ibang wika. Nakakita na ako, sa Aprika, na umiinom sila ng dugo mula sa bungo ng tao, at nagsasalita ng iba't ibang wika at tinatawag ang diyablo. Nakapunta na ako sa mga kampo ng mga mangkukulam at manggagaway, kung saan sila'y nagsalita ng iba't ibang wika't ipinaliliwanag pa 'yun. Nakakita na ako ng mga lapis na nakapatong sa mesa at kusang nagsusulat sa di-kilalang wika, at may lalaki na lalapit dun, ipapaliwanag 'yun. Totoo. Huwag n'yong sabihin sa akin ang tungkol sa mga wika. Napakarami na nating ganoon ngayon.

Pero, naniniwala ako na ang Diyos ay may isang di-kilalang wika. Naniniwala ako na ang Diyos ay nagsasalita sa di-kilalang wika, pero huwag kayong sumalalay sa ganoon. Ang sabi ni Pablo, "Kahit nakakapagsalita ako ng wika ng

tao at mga Anghel, at hindi kamit ang Espiritu Santo, ako'y walang kabuluhan pa rin. Kahit nakakapagpalipat ako ng mga bundok. . . "

214 Maraming mga tao ang sinusubukang sabihin, "Oh, *ito'y* isang dakilang tao ng Diyos. Dapat n'yong makita ang dakilang mga himala." Aba, ang mga diyablo'y nakakapagpagaling . . .

Lumalabas dun ang mga diyablo't nagpapamalas ng mga bagay na gaya n'yan. May alam ako na mga mangkukulam na lalabas, at mga bagay na gaya nun, na may tapi na nakasabit sa kanya nang *paganoon*. Naglalagay sila ng pera roon. Bubunot siya ng buhok sa likod ng kanyang ulo, ipapaikot 'yun sa dugo at ilalahok dun. At ang mga taong 'yun ay tapat na mga tao, sila'y naniniwala. Hindi ang mangkukulam na 'yun. Sila mismo na mga tao na naniniwala na ang dinudulugan nila ay Diyos, sa pamamagitan ng mangkukulam.

215 Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Marami ang lalapit sa Akin sa araw na 'yun, at magsasabi, 'Nagdaos ako ng malalaking gawain ng pagpapagaling'"? Hindi 'yan isang tanda. Tanda 'yan na nalalapit na tayo sa katapusan. Hindi ba't sinabi ni Jesus, sa Mateo sa ika-24 na kabanata, sa bandang ika-24 na talata, rin, 24:24? At ang sabi Niya, "Magsisilitaw ang mga bulaang propeta sa huling mga araw at magpapamalas ng dakilang mga tanda na anupa't dadayain nito ang mismong Hirang kung maaari." Pero ang Hirang nga'y nakatindig sa Salita. Alam nila kung ano ang isang tunay na tanda.

216 Papaano na ang isang tao, na ginagawa ang mga bagay na ito, na ikinakaila ang Pananampalataya ng Diyos, ay sasabihin na siya'y isang propeta na nagmula sa Diyos? Papaanong magagawa ng isang tao ang gayon?

Marahil siya'y isang propeta, gaya nung mga naroon noong panahon nina Ahab at Josaphat, noong si Micaya ay tumindig. Pero mayroon nga silang isa roon na tumindig sa Salita, si Elias. Nasulat ang Salita ng Panginoon, na darating si Ahab sa kanyang katapusan, at ang pangitain ni Elias ay kalakip dun.

217 At sinumang tao, sinumang tao na tinatawag ang sarili na espirituwal o isang propeta, ay kinikilala ang bawat Salita *Nito* ay totoo. Paano siya magiging Trinitarian? Papaano siya makakapagbautismo sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo," at sinasabi na siya'y pinahiran ng Espiritu? Papaanong naituturo niya sa mga tao ang kamalian na 'yun, at napahiran pa rin ng Espiritu? Hindi nga maaari. Imposible 'yun.

218 Napagtanto ko na hindi ito sikat. Pero ayaw nating maging sikat. Ang nais n'yo ay maging tapat.

Ngayon, Jezebel at mga Ahab. Siyanga, po.

219 Bakit, bakit nila ginagawa 'yun? Bakit ginagawa ng mga kababaihan, na hinahayaan ang kanilang buhok na putol, at

nagmemeykap, at lumalabas at nagsusuot ng shorts samantalang may mga kalalakihan na dumadaan, at mga bagay na gaya nun, hinahayaan sila ng kanilang mga asawang lalaki na gawin 'yun? Dahil wala silang tunay na propeta sa kanilang pulpito, para sabihin sa kanila ang Katotohanan. Sinasabi nila, "Buweno, wala namang kinaibhan. Ayos lang 'yan. Hindi n'yo kailangang gawin *'yan*." Ninyo!

220 Ito'y ang Salita ng Panginoon. Ang sabi ng Biblia, "Sinumang babae na magsusuot ng damit na ukol sa lalaki ay kasuklam-suklam sa harap ng Diyos." Hindi nagbabago ang Diyos. Papaanong nagbabago Siya't Diyos? Siya'y walang katapusan.

221 Kailangan nila ng isang tunay na propeta na magsasabi sa kanila na 'yun ang tanda ng katapusan. Sinasabi ng Biblia na gagawin nila. Isaias, sa ika-5 kabanata, sinabi na gagawin 'yun ng mga kababaihan sa huling mga araw. Eksakto mismo. Kaya, hayan sila.

222 Pero sinasabi nila na may propeta sila sa pulpito, na takot sa Salita ng Diyos. Hindi . . . Takot siya sa kongregasyon.

Manalangin tayo sa Diyos na magpadala sa atin ng panghuling Liwanag, ang mga panggabing Liwanag na 'yun, ipapadala sa atin ang isa na Kanyang ipinangakong gagawin, sa hinirang na Iglesya, na sasabihin sa kanila kung ano ang Katotohanan, titindig sa Salita ng Diyos. Hayaan ang mga Jezebel at mga Ahab, haya't ihihiwalay nila sila. Ganoon mismo.

223 Naalala n'yo noong ang mga kababaihan ay nagsimulang umakto ng gaya nun. Ngayon magbalik-tanaw lang nang kaunti, noong sinimulan nilang putulin ang kanilang buhok at umakto ng tulad nun. Noong nagsimula ang mga kababaihan na umakto ng tulad nun, 'yun nga 'yung panahon at panahon 'yun noon na si Elias sa huling mga araw ay magpapakita sa eksena na taglay ang panghuling-kapanahunan na tanda, taglay ang panghuling-panahon na tanda gaya noong panahon ni Lot. Kita n'yo? Ang panghuling-panahon na tanda; noong ang mga kababaihan ay nagsimulang umakto ng tulad nun. Ganoon na ang inaakto nila ngayon. Yun 'yung panahon na si Elias ay magpapakita sa eksena, na sumusuyod at tumatawag, nagsasaway at nagsasawata, doon, na kamit ang tanda ng Diyos sa likuran niya, sa pag-usad. Hindi nga siya magtatawag ng malaking kalipunan ngayon. Ang sabi ng Biblia, "Huwag kayong matakot, munting kawan, mabuting kalooban ng iyong Ama na ibigay sa inyo ang Kaharian." Tama. Siyanga't tama 'yun.

224 Siya'y siguradong tatanggihan at tatanggihan ng lahat maliban sa munting kawan, dahil siya'y tulad ni Elias kasama ang kanyang pitong daan, at ni Juan na kasama ang kanyang munting kawan. Oo.

225 Nakikita n'yo ba kung saan tayo nakatayo ngayon? Kinakailangan nating makapanumbalik sa orihinal na Pentecostes. Kinakailangan nating makabalik sa mga bagay ng Diyos. Kinakailangan nating makapanumbalik. Kapatid na lalaki, kapatid na babae, huwag kayong malinlang sa inyong karanasan. Tayo nga'y—tayo nga'y naghihintay para sa oras na 'yan.

226 Huwag kayong makokontento sa, "Sana nga—sana nga. Naniniwala ako, sa pamamagitan ng pananalig ay tinatanggap ko Ito." Huwag n'yong gawin 'yun. Katagpuin n'yo ang Diyos, nang mukhaan, at kayo'y mapuspos ng Espiritu, at pagkatapos matyagan n'yo kung anong mangyayari. At kung ang espiritu na 'yun ay taliwas sa Salita na ito, kung ganoon ay isantabi n'yo ang espiritu na 'yan. Pumaroon kayo at tanggapin ang isang... Manalangin kayo sa Diyos na pagkalooban kayo ng Kanyang Espiritu, kung ganoon.

227 Kapag ang Espiritu na ito'y babangon sa huling araw, Ito'y magiging isang babala laban sa kanila, sa kanila na mga huwad. Kita n'yo? Dahil, sinabi ni Juan, "Huwag n'yong isipin na sabihin sa ating mga sarili na tayo...na 'si Abraham naman ang aming magulang.'" Kamit namin ang...Kami ang...

"Kami, ang mga magulang namin ay mga Methodist, mga Baptist, Presbyterian, o Pentecostal." Huwag n'yong iisipin, na kayo, "ang Diyos," at kayo'y anak kay Abraham, dahil may kakayahan ang Diyos na sa mga batong ito'y magbangon ng mga anak ni Abraham. Huwag n'yong isipin na palibhasa'y Pentecostal kayo, na kayo'y di kasama rito. Hindi nga. Ang Diyos ay may kakayahan na gawin ang mga batong ito na mga anak kay Abraham. Ganoon nga mismo. Siyanga, po.

228 Salitain n'yo lamang ang Salita ng Diyos, sa katotohanan ng huling araw. Ang propesiya niya ay...

229 Kung maipapaumanhin n'yo, hayaan n'yong bumuklat ako rito pansumandali, hayaan n'yong ipakita ko sa inyo kung paano natin masusumpungan. Marami ako ritong Mga Kasulatan na naisulat. Akin ngang sinisipi ang mga Ito. Nais kong basahin ang isa sa inyo. Mula, ating, unang-una, kunin natin...Kunin natin ang Deuteronomio, ang ika-18 kabanata, at makikita natin, pansumandali. Sige po, bago lamang tayo magtapos dito, para mabasa ko ang Kasulatan na ito sa inyo. Sa Deuteronomio, sa ika-18 kabanata, buweno, haya't tingnan natin ngayon. Sa ika-20 talata ng ika-18 kabanata, Deuteronomio, 20:

> *Nguni't ang propeta, na magsasalita ng salitang may pagpapalalo sa aking pangalan, na hindi ko iniutos sa kaniyang salitain, o magsasalita sa pangalan ng ibang mga dios* (maramihan), *ay papatayin nga ang propetang yaon.*

Ganoon nga. Espirituwal na pagkawaksi. Buweno. “Ang kaluluwa na nagkakasala, ito’y mamamatay.” May isa tayong Diyos, hindi “mga Diyos.”

> *At kung iyong* sasabihin *sa* iyong *puso, Paanong malalaman namin ang salita na ang* PANGINOON ay . . . *hindi sinalita?*

“Paano natin malalaman? Napakarami nito, paano natin malalaman? Sinasabi ng isa na *ganoon*, ’yung isa naman ay *parang-ganito*. Buweno, sasabihin ng isa’y *ganito*, at ’yung isa naman ay magsasabi ng *ganoon*, at kung ano pa.” Ngayon masdan. Malalaman natin.

> *Pagka ang isang propeta ay nagsasalita sa pangalan ng* PANGINOON*, kung ang bagay na sinasabi ay hindi sumunod, ni mangyari, ay hindi sinalita ng* PANGINOON *ang bagay na yaon, ang propetang yaon ay nagsalita ng kahambugan: huwag mo* ngang *katatakutan siya.*

230 Kung hindi ’yun sinabi ng Diyos, kung ganoon ay huwag n’yong katakutan ito. Ayos—ayos lang, magpatuloy ka lang at kalimutan ito. Kita n’yo?

231 Ngayon tingnan n’yo ang napapakinggan natin ngayon. Credo de los Apostoles, ang kredo ng Methodist, ang kredo ng Baptist, ang kredo ng mga Pentecostal, ang kredo, kredo, kredo. Ano ang kredo? Saan n’yo ’yun nakuha? Hinahamon ko ang sinuman na ipakita sa akin ang Credo de los Apostoles sa Biblia. Naniniwala ako na walang ganoong bagay.

Kung may anumang kredo ang mga alagad na pinanghahawakan nila, heto ’yun: “Mangagsisi ang bawat isa sa inyo, at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin n’yo ang kaloob na Espiritu Santo. Sapagkat ang pangako ay sa inyo.”

Hindi n’yo ba nakikita kung nasaan na tayo, mga kaibigan? Tayo’y nasa isang teribleng kalagayan. Ano ’yun? Isang tunay na tanda na napalampas.

232 Ngayon, kayo na mga kalalakihan at mga kababaihan, karamihan sa inyo, haya’t kayo’y mga anak ng Diyos. Huwag n’yong mapalampas ito. Alalahanin n’yo na dapat taglay natin ang mga bagay na ito. Ang mga ito’y dapat mangyari sa panahon na ito, sa oras na ito na kinabubuhayan natin. Ito na ang oras, bago lamang ang Pagparito ng Mesiyas, may pabatid mismo na darating mula sa Diyos.

Hayaan n’yong basahin ko ’yun para sa inyo. Bumalik tayo ng Malakias. Dulo ’yun ng Lumang Tipan, at pakinggan n’yo ang bagay na sinasabi Niya rito sa Malakias. Pagkatapos tayo’y . . . Pakinggan n’yo ito pansumandali.

Ngayon, pansinin n'yo, Malakias 3, binabanggit ang sinabi ni Jesus ukol sa pagparito ni Juan:

> *Narito, aking sinusugo ang aking sugo, at siya'y maghahanda ng daan sa harap ko: at ang Panginoon na inyong hinahanap, ay biglang paroroon sa kaniyang templo, at ang sugo ng tipan, na inyong kinaliligayahan: narito, siya'y dumarating, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.*

233 Si Juan 'yun, na ipababatid ang pagparito ni Jesus. At pumaroon Siya sa templo, eksakto sa sinabi Niya mismo, ang Mensahero ng tipan, at ang Anghel na kasama ang. . . nasa ilang kasama ang—kasama ang mga alagad, o kasama ang Israel. Naniniwala ba kayo na Siya ang Mensahero na 'yun? Buweno sinabi Niya, "Ako'y nagbuhat sa Diyos, at Ako'y paroroon sa Diyos."

234 Ngayon, bakit binigyan ng karamdaman si Pablo? Para ihimpil siya.

Matapos na mamatay ni Jesus, at nailibing, at nagbangong muli; matapos ang matagal na panahon, nakatagpo Siya ni Pablo, nang harapan, sa daan patungong Damasco. (Ang sabi Niya, "Ako'y nagbuhat sa Diyos, at Ako'y pumaroon sa Diyos.") Tumingala si Pablo. Naroon ang isang malaking Liwanag, ang siya ring Haliging Apoy na 'yun. Alam n'yo ba ang tinutukoy ko? Ang siya ring Haliging Apoy. At nakipag-usap si Pablo sa Kanya, at nakipag-usap Siya pabalik kay Pablo. Hindi Siya narinig ng mga tao. Hindi nila Siya narinig. Pero narinig Siya ni Pablo. Sabi Niya, "Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?"

Sabi niya, "Sino Ka po, Panginoon?"

235 Sabi Niya, "Ako si Jesus. Ngayon tumindig ka't magtungo sa daan na ang tawag ay Matuwid. Sasabihan ka mula roon. May propeta Ako na naroon na sasabihin sa iyo ang gagawin, kita n'yo. At kung paano ang. . . "

236 Ibinaba si Pablo, binautismuhan, at tumawag sa Panginoon, tinanggap ang Espiritu Santo.

At ang sabi ni Pablo, "May kahinaan ako sa laman, na ibinigay sa akin, isang diyablo, isang mensahero ng diyablo, na *tinatampal* ako," 'yan nga'y parang, "hinahampas nang hinahampas." Siya'y gagaling, at pagkatapos magkakaroon nun, tatamaan siya uli. Sabi, "Sinangguni ko ang Panginoon nang tatlong beses, para alisin 'yun sa akin, pero ang sabi ng Panginoon, 'Pablo, ang biyaya Ko'y sapat.'" Pagkatapos ang sabi, "Upang ako'y huwag magpalalo nang labis. . . dahil sa kasaganaan ng pahayag."

Siya'y nagtaglay nga ng mas higit, sa pamamagitan ng kapahayagan, kaysa kina Pedro, Santiago, Juan, o kung sino pa sa kanila. Nakita niya Siya matapos na Siya'y mawala nang

marahil dalawang taon, o higit pa, na naroon sa isang Haliging Apoy, nakikipag-usap sa kanya. Gaano pa ngang kadakila ngayon, dalawang libong taon na, at Siya'y nabubuhay pa rin! Amen.

237 Sabi, "Binigyan ako, upang huwag magpalalo nang labis, na sinasabi, 'Ngayon, kapatid, ako'y mataas sa inyo. Kita n'yo? Nakita ko—nakita ko Siya matapos na Siya'y maibangon mula sa patay, at nakausap ko Siya. Ako'y. . .' Kaya't upang ako'y huwag magyabang ng labis, ay may bagay na ibinigay sa akin, para panatilihin akong mapagpakumbaba." Siyanga.

238 Siya ang nagsabi sa kanila na magpabautismo, muli, sa Pangalan ni Jesus. Ang sabi, "Kung may isang Anghel mula sa Langit. . ."

239 Ang sabi niya, "Hindi ako nag-aral sa kanilang mga eskuwelahan, kung saan man ang mga ito." Sabi, "Hindi ako dumiretso ng Jerusalem, at hindi nga nang labing-apat na taon." Sabi, "Nagtungo ako sa Egipto, doon sa Asia sa dako roon." At kanyang sinangguni ang Panginoon, namalagi siya roon nang halos tatlong taon, na pinag-aaralan ang Lumang Tipan, sinuri ito kung ang lahat ba'y tumutugma. Noong bumalik siya, labing-apat na taon ang nakalipas, nakatagpo niya sina Pedro at sila, at may pareho nga silang Ebanghelyo, nagbautismo sa siya ring paraan, at ginawa ang siya ring bagay. Amen. Alam niya na tama nga 'yun. Siyanga, po.

240 Pakinggan n'yo ang Malakias ngayon, sa dako rito, sa Malakias 3. Ngayon, kung ipahihintulot n'yo, hayaan n'yong liwanagin ko ito para sa inyo. Sa palagay ko. . .sige't bumuklat tayo ngayon sa Mateo sa ika-11 kabanata, at tingnan n'yo kung aking. . .Marahil mali ang nabuklat ko, haya't sa palagay ko tama naman ako, sige't titingnan ko muna. Mateo 11. Tingnan natin. Simulan natin sa:

> *At nangyari, na nang* matapos *nang masabi ni Jesus* ang *kaniyang mga utos sa kaniyang labingdalawang alagad, ay umalis siya roon upang magturo at mangaral sa mga bayan nila.*
>
> At. . .*Nang si Juan. . .marinig* habang siya'y. . .nasa *bilangguan ang mga gawa ni Cristo,* nasa. . .*bilangguan ang mga gawa ni Cristo, ay nagpasugo siya sa pamamagitan ng kaniyang mga alagad,*
>
> *At sinabi sa kaniya, Ikaw baga yaong paririto, o hihintayin namin ang iba?*

Nanlalabo na ang mata ni Juan doon, sa bilangguan. Kita n'yo?

> *Sumagot si Jesus at sinabi sa* kanya, *Magsiparoon. . . sabihin ninyo uli kay Juan* itong *mga bagay* na inyong. . .*nangaririnig at nangakikita:*

"Si Juan ay isang propeta. At kung kanyang—kanyang maririnig ito, ang bagay na ito na nangyayari, malalaman niya kung Sino Ako." Kita n'yo? Ang sabi Niya:

> *Ang mga bulag ay nangakakakita, . . . ang mga pilay ay nangakalalakad, ang mga ketongin ay nangalilinis, . . . ang mga bingi ay nangakaririnig,* at *ang mga patay ay ibinabangon, . . .*

"At ang lahat ng mga denominasyon ay nagsasama-sama"? Hindi ganoon ang pagkasabi nito, di ba? Hindi. Hindi nga. Ang sabi nito:

> *. . . ang mga pilay ay nangakalalakad, ang mga ketongin ay nangalilinis, . . . ang mga bingi ay nangakaririnig,* at *ang mga patay ay ibinabangon, at sa mga dukha ay ipinangangaral ang mabubuting balita* sa *kanila.*

Hayan ang tanda. Masdan:

> *At samantalang ang mga ito'y nagsisiyaon . . .*
>
> *At mapalad ang sinoman,* na *hindi . . . makasumpong ng anomang katitisuran sa akin.*

Ngayon masdan: "Mapalad ang sinuman na hindi makasumpong ng *katitisuran* sa Akin," sa madaling sabi, o, "*ikinahihiya* Ako. Mapalad ang sinuman na hindi Ako ikinahihiya." Kita n'yo?

> *. . . samantalang ang mga ito'y nagsisiyaon ng kanilang lakad, ay nagpasimula si Jesus na magsalita sa* karamihan *tungkol kay Juan, Ano ang nilabas ninyo upang masdan sa ilang?*

Masdan n'yo ang propetang ito ngayon:

> *. . . Ano ang nilabas ninyo upang masdan* sa *ilang? Isang tambo ba na inuuga ng hangin?*

Hindi si Juan. Oh, hindi. "Kayo na salinlahi ng mga ahas sa damuhan," sinabi ni Juan 'yun sa mga denominasyon, "sino ang nagbabala sa inyo na tumakas sa galit na parating? Huwag n'yong sabihin, 'Kaanib kami sa *ganito* at *ganoon*, dahil ang Diyos ay may kakayahan sa mga batong ito na magbangon ng mga anak.'" Oh, kapatid, hindi 'yun isang tambo na inuuga ng hangin, pagdating sa kanya.

> *. . . Isang tambo ba na inuuga ng hangin?*
>
> O *ano ang nilabas ninyo upang makita? Isang taong nararamtan ng mga damit na maseselan?* (Na kinakailangan magpalit ng kanyang damit nang dalawa o tatlong beses habang siya'y nangangaral?) *narito, ang mga nagsisipanamit ng maseselan* na damit, *nagsisipanamit ay nangasa mga bahay ng mga hari.*

Sila'y mga ministro na lumalabas dun at humahalik sa mga sanggol, alam n'yo, at—at nagkakasal ng mga kabataan, at—at nagpupunta sa eskuwelahan at nagbibigay ng intelektuwal na mga talumpati, at, alam n'yo, lahat ng mga mumunting malalamyang bagay na ito. Kita n'yo? Kita n'yo? Hindi siya nagwawasiwas ng tabak dito na pangdalawang kamay ang hawak sa unahang hilera. "Ano ang ipinunta n'yo para makita, isa bang lalaki na gaya n'yan?" Siya'y. . . Kanyang tinatanong sila.

> *Datapuwa't ano ang nilabas* ninyo. . . *upang makita? Isang propeta?* (Pakinggan n'yo.) *oo,* at *sinasabi ko sa inyo, at lalo pang higit kay sa isang propeta.*

Ganoon, nga. Ano siya? Ang sabi, "Siya'y higit pa sa isang propeta?" Isa siyang propeta, *at higit pa*. Siya'y ang mensahero ng kapanahunan na 'yun.

> . . . *ano ang nilabas ninyo. . . upang makita? Isang propeta? oo, at sinasabi ko sa inyo, at lalo pang higit kay sa isang propeta.*

> *Ito yaong,. . . tungkol sa kaniya'y nasusulat, Narito, sinusugo ko ang aking sugo sa unahan ng* aking *mukha,. . .* para *maghanda* ng *daan sa unahan* ko.

Tingnan n'yo rito sa Malakias 3. "Narito, isusugo Ko ang Aking mensahero sa unahan Ko."

241 Masdan. Ngayon, Malakias 4, hayaan n'yong basahin ko ito. Siya'y darating muli.

> . . . *narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno; at ang lahat na palalo,. . .*

242 Yan ang panahon ngayon. Naglalakad ako sa lansangan at nakikita ang mga taong ito. Kapag kakausapin n'yo sila, haya't tatawanan ka nila, lilibakin ka. Sa isip-isip ko, "Ano ito?"

Noong isang araw, naglalakad ako, doon, sa gilid ng plaza rito. Kausap ko ang ilang tao, at ang sabi lang nila, "Oh," nagpatuloy na sa paglakad.

May kung ano sa akin na nagsabi, "Sila'y atomikang kumpay, na balang araw ay magiging mga abo na makakalat sa lupa. Hayaan mo sila. Nasabi mo na ang payapang-saloobin mo. Maging handa ka't umalis na riyan." Hallelujah! Dapat pala'y hindi ko na sinabi 'yun, sa tingin ko. "Ihanda mo ang sarili mo. Bigkisin mo ang iyong baywang. Tinatawag Kita." Yan ang dahilan kung bakit naghihintay ako.

> *Sapagka't, narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno;* oo, *ang lahat na palalo,. . . at ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan, ay magiging parang* mga dayami:. . .

Ganyan nga mismo ang mangyayari. Anong nangyayari kapag may malawakang . . . ang ilan sa inyo na mga magsasaka; kapag may matinding sunog na tumama sa isang bukid ng trigo, kapag ’yun ay dayami na? Yun nga’y mapapatag, na mga abo ang maiiwan. Yun ang mangyayari, kapag ganoon, kapag ito’y tumama.

> . . . *ang araw na* darating ay *susunog sa kanila, sabi ng* P*ANGINOON ng mga hukbo, na anopa’t hindi magiiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man.*

Wala ngang kahit na ano ang matitira.

> *Nguni’t sa inyo na nangatatakot sa aking pangalan ay* sisikat *ang Araw ng katuwiran na may kagalingan sa kaniyang mga pakpak;* . . . kayo’y *magsisilabas, at magsisiluksong parang guya mula* sa *silungan.* (Yan ang Milenyum.)

> *At* inyong *yayapakan ang masasama; sapagka’t sila’y* magiging *abo sa ilalim ng mga talampakan ng inyong mga paa* sa *kaarawan na akin* ngang *gawin, sabi ng* P*ANGINOON ng mga hukbo.*

Mangyayari nga ’yun, sa Milenyum. “Ang mga abo ng masasama.”

> *Alalahanin . . . ang kautusan ni Moises na aking lingkod, na aking iniutos . . . sa kaniya sa Horeb para sa buong Israel,* sa makatuwid baga’y *ang* palatuntunan *at* kahatulan.

Ngayon, pakinggan n’yong maigi ngayon.

> *Narito, aking susuguin* sa *inyo si Elias na propeta bago dumating* ang *dakila at kakilakilabot na kaarawan ng* P*ANGINOON:*

243 Ngayon, hindi maaaring si Juan ’yun. Hindi maaari, dahil ang mundo’y nawasak na sa panahon na ’yun kung ganoon. Pero dito’y ang sabi Niya, sa Mateo 3, Siya’y magpapadala ng isang mensahero sa unahan Niya. At ang sabi ni Jesus, “Yan ang Elias na parating, para ihanda ang daan sa unahan Ko.”

“Pero bago tumama ang mapinsalang bomba atomika, isusugo Ko sa inyo si Elias na propeta.”

> *At kaniyang papagbabaliking-loob ang* mga puso *ng mga ama sa mga anak, at ang* mga puso *ng mga anak* sa *mga magulang, baka ako’y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa.*

244 Propesiya, sa araw na ito.

Pero ngayon sasabihin n’yo, “Oh, ang Elias na ’yun, ’yun nga’y si Juan.” Ang mensahero ng tipan ay si Juan, tunay. Tama naman. Sinabi yun mismo ni Jesus, at pinatotohanan ’yun dito, “Siya nga ’yung tinutukoy Ko.” Pero, nakita n’yo,

hindi maaaring si Elias ’yun na parating. Kita n’yo? Hindi maaari. Dahil, nakita n’yo, kung ganoon kasi, ang propesiya ay mali; hindi naman winasak ang mundo noong panahon na ’yun. Kita n’yo? “Ngunit bago dumating ang dakila’t kakila-kilabot na araw ng Panginoon, ay Aking susuguin sa inyo si Elias. At siya’y magpapanumbalik,” masdan n’yo ang una niyang pagdating, “sa mga puso ng mga magulang sa mga anak.” Yan ang ginawa niyang, una, hinatid ang mensahe ng bagong dispensasyon, ang pagparito nga ni Cristo, na hinahatak ang matatandang orthodox na mga magulang palayo sa orthodox na pananampalatayang ’yun, patungo sa isang bagong pananampalataya na kasisilang lamang noon.

Pagkatapos sa pagdating niya sa ikalawang pagkakataon, “At ang mga puso naman ng mga anak patungo sa pentecostal na mga magulang, pabalik sa orihinal na Mensahe.”

245 Ngayon bumaling kayo rito sa Apocalipsis 3, at makikita n’yo ’yun dun uli. Haya’t, ito’y prinopesiya. Nasa huling panahon na tayo, kapatid ko. Ganoon nga.

246 Gaya nung apatnaraang propeta na laban kay Micaya, sinasabi nila na tayo’y . . . Narito na tayo sa huling araw na ’yan, alam natin. Mga bulaang propeta, na nagpapakita ng huwad na mga tanda, nakikianib sa mga denominasyon. Sinasabi nila, “Halikayo at makianib. Sige’t makianib tayo. Pumarito kayo at umanib sa aming iglesya. Dalhin n’yo rito ang inyong pagpapamiyembro. Bukas kami sa umagang ito para ilipat ang inyong pagpapamiyembro mula sa iglesyang *’yun* papunta *rito* sa isa.” Oh, kalokohan. Anong mabuting maidudulot ng inyong pagpapamiyembro? Kung hindi n’yo kamit ang isang mana sa Langit, kalimutan n’yo na lang ito. Ang mga bulaang propeta’y magpapakita ng huwad na mga tanda.

247 Pero, tingnan n’yo, ang tunay na mga propeta, sila’y mananatili sa Salita ng Diyos. Dadalhin ng tunay na mga tanda ang tunay na Salita ng Diyos sa isang tunay na Iglesya, at tatanggap ang tunay na Iglesya ng Salita at magbubunyi Rito. Sa panahon na ang munting kawan, na ibibigay sa huling mga araw, na yaong nalabi ng mga Gentil, na mga itatawid.

248 Noong dumating si Jesus, wala—wala’t kakaunti lamang ang nanampalataya. Ang munting grupo ni Juan ay yaong mga nagsisampalataya. Kinuha sila ni Jesus mula roon, ginawa silang mga alagad at nagpatuloy. Noong si Elias . . .

249 Noong dumating ang pagkawasak, noong dumating ang panahon ni Noe, siya’y isang tanda, at dinala niya ang mga tao sa daong. Noong dumating si Elias, hinatak niya ang mga tao palayo sa pagkalito na kinasasadlakan nila. Noong dumating si Juan . . . Lahat ng mga propeta’y tanda, tanda, mga tanda, tanda.

At nangako ang Diyos sa atin ng isang tanda sa huling araw. Sa huling mga araw ay magkakaroon ng isang tanda. Isa

’yung tanda na pinalampas. Hindi ’yun makikita ng mga tao. Lalampas-lampasan lang nila ’yun, at babalewalain. Kapatid na lalaki, kapatid na babae, huwag kayong umanib sa iglesya. Hayaan n’yong sabihin ko ito, sa pagtatapos ngayon.

250 Kung ang naging karanasan n’yo ay kung anong emosyon lang, kung anong sensasyon, huwag kayong dumepende roon. Huwag n’yo ngang gawin. Para sa inyo. Kayo’y. . . Nakikipag-usap ako sa mga tao. Narinig ko na pinindot nila ang mga teyp rekorder diyan sa likod, ngayon-ngayon lang. Ako’y nakikipag-usap ngayon sa Iglesya. Kita n’yo? Pakinggan n’yo, huwag n’yong. . .

251 Minsan marami akong nasasabi na mga bagay-bagay, na gaya nun, para ang mga nasa labas sa bansa rito’y. . . Manatili sa Diyos. Matyagan n’yo ang tunay n’yong tanda. Makikita n’yo ito. Ito’y magiging nasa buong palibot n’yo, pero milyun-milyon ang lalampas-lampasan lang ito at hindi ito makikita.

Noong dumating si Jesus, hindi nila Siya napagkilala.

Hindi nila napagkilala noon si Elias. Alam n’yo ba ang sinabi nila nung pumaitaas na si Elias? Hindi sila naniwala sa walang kabuluhan na ’yun. Ang sabi nila, “Walang kabuluhan ’yun.” Ang mga anak mismo sa mismong bayan na ’yun, kung saan siya tumira. . . tinirhan niya, pinangaralan niya, nagpamalas ng mga tanda’t mga kababalaghan doon mismo sa bansa na ’yun, noong lumabas ang balita, “Hindi na namin mahagilap si Elias; kinuha siya ng Panginoon sa isang ipo-ipo,” pinagtawanan lang nila ang bagay na ’yun.

252 Hetong dumarating si Elias. . . si Eliseo, na dala ang siya ring mga tanda niya, isang tipo ni Cristo at ng Kanyang Iglesya. Hetong dumarating si Elias, pa-. . . si Eliseo, na may parehong mga tanda na dala noon ni Elias, pumunta roon, na ginagawa ’yun, na maging ’yung maliliit nilang mga anak ay bumuntot-buntot sa kanya’t nagsabi, “Matandang kalbo, bakit di ka pumaitaas gaya ni Elias?” Nakita n’yo ang nangyari sa mga walang galang na mga batang ’yun?

Ngayong panahon sila’y nagtatawa at nanlilibak. Huwag kayong mag-alala, kapatid, ang kahatulan ay nakabitin lang sa alapaap ngayon. Nakasulat na ’yun sa mukha ng bawat Amerikano. Ganoon nga. Nakabitin na ang kahatulan sa alapaap, ang buong galit ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

253 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] “Mga hindi maibigin sa mabuti; may anyo ng kabanalan, ngunit tinatanggihan ang kapangyarihan niyaon: lumayo kayo sa mga ganito.”

254 Huwag n’yong panghawakan ang sensasyon. Huwag n’yong panghawakan ang emosyon. Huwag kayong manghawakan sa anuman hanggang sa makatagpo n’yo ang Diyos, nang harapan, at ibunsod n’yo ang Espiritu Santo na dumako sa inyo.

Pupununin niya ang inyong puso't kaluluwa ng kapangyarihan, at pag-ibig, at pagniningas.

255 Diyos, Iyo pong tulungan ako na masumpungan ang aking dako roon, sa kung saang dako sa susunod na ilang mga araw, na doon mananatili hanggang sa makita ko kung saan ang aking susunod na kilos.

256 Matagal tayong naghintay. Matagal akong naghintay. Naalala ko noong nagtatabas ako sa bakuran ko roon. Noong ipatayo ko ang bahay na ito rito, tinawag ako ng Panginoon. Umiyak ang maybahay ko dahil ayaw niyang iwan ang kanyang nanay. Sabi, "Baka hindi na siya maalagaan."

At sa isip-isip ko, "May matandang nanay rin ako, hayan nga."

257 Naroon ako, isang araw, nagtatabas ng damo. Naupo ako. Nang kasinglinaw mismo, ay dumating ang isang Tinig, ang sabi, "Ibukod mo ang iyong sarili, pagkatapos ay pagpapalain Kita."

Sabi ko, "Panginoong Diyos, gawin Mo pong masaya ako rito. Iyong nakikita kung ano ang kinakaharap ko."

258 Lahat ng mga bagay na 'yun ay tapos na ngayon. Si Nanay Broy ay nasa Kaluwalhatian na; si Nanay Branham, din.

"Saang dako na ba ako kikilos, Panginoon?"

259 Tatama ang kahatulan sa bansang ito, isa sa mga araw na ito. May ibang mga bansa na hindi pa napapakinggan ang Ebanghelyo. May mga dako.

260 Anuman ang gawin n'yo, huwag n'yong kalimutan ang mga salita ko. Huwag nga! Ibunsod n'yo na umangkla ito, na kumuha ang Diyos ng bakal na panulat at iukit ito sa inyong puso, nang sa gayon ay di kayo makalimot. Huwag n'yo itong kalimutan! GANITO ANG SABI NG PANGINOON: Manumbalik kayo sa Diyos, nang buong puso n'yo, bumalik. Huwag kayong umasa sa emosyon, sensasyon, o anuman. Hanapin n'yo ang Diyos nang buong nasa kaibuturan n'yo, hanggang sa may bagay na mangyari sa inyo, na nagnanais kayo na maituwid, na nagnanais kayong maging maka-Diyos, na may takot sa Diyos, na nais n'yong—nais n'yong mamuhay nang tama, gawin n'yo 'yun. Huwag n'yo itong kalimutan, dahil narito na tayo sa huling panahon. Ngayon, alalahanin n'yo, nasa huling panahon na tayo.

261 At alalahanin n'yo ito, habang papatapos na ako, para manalangin, pansumandali, huwag n'yong kalimutan, pakinggan n'yo ako, tabernakulo! At kung patuloy pa ang teyp na ito, pakinggan n'yo ako, mundo, o kung saan man ito makakaabot: May lilitaw na isang tanda, isang tunay na tanda; marahil ito'y lumitaw na at napalampas lang, isang tunay na tanda na dati nang ibinibigay ng Diyos, na napapalampas.

Manalangin tayo.

262 Jesus ng Nazaret, noong ang dakilang Tinig na 'yun ay nagsalita sa dakong 'yun noong araw na 'yun, mga ilang linggo na ang nakalilipas, nakatayo ako sa isang tabi, habang ako'y papatawid sa troso na 'yun, sa palibot ng puno, at ang Espiritu na 'yun ay bumaba sa ibabaw ng mga puno't nagsabi, "Si Jesus ng Bagong Tipan ay si Jehovah ng Luma." Oh Diyos, sa Bato na ito'y ako'y tumatayo. Lahat ng iba pang tayo ay buhanging gumuguho. Lahat ng iba pang tayo ay buhanging gumuguho.

263 Nang halos tatlumpung taon, Panginoon, ako'y humihibik, sa lambak dito, na ang Mensahe na 'yun, ako'y di nga kailanman lumihis maski isang pulgada mula Rito, kung saan ako nagsimula, sadyang ganoon pa ring Mensahe, ganoong bagay pa rin; na tinatawag ang mga tao na manumbalik, hindi sa isang sensasyon, bagkus sa isang karanasan na makatagpo ang Diyos at mabautismuhan sa Kanyang Espiritu. Oh, talagang anong matitira pa maliban sa isang paghatol? Sila na tinatanggihan ang Mensahe na 'yun, Panginoon, wala na ngang natitira pa.

264 Iyo nang tinupad ang Iyong Salita, para ideklara ang panghuling-araw na mga tanda, at patunayan ito nang di-nabibigo, na Ikaw ay Diyos, at kami'y narito. Kahit na naririnig namin ang mga bantog na ebanghelista sa buong bansa ngayon, na ang lahat ay sumisigaw. At ang kabisera ng aming bansa, at ang pagtutok ng ibang mga bansa, at—at lumulukob ang takot. At kapag nababalitaan namin ang bantog na mga kalalakihang ito, doon sa Pransya, na inihuhula na ang unang bomba't babagsak sa Louisville, Kentucky, nang daan-daang milya ang masasakop nito sa lupain. Oh Diyos, nagkaroon na ng pagkakataon ang mga tao na makinig, pero ayaw nilang makinig.

265 Ang mga diyaryo, mga magasing pang-iglesya, telebisyon, radyo, ay inilathala ito. Walang maidadahilan. Kung ganoon, Panginoon, Iyong sinabi, "Ang lahat ng ibinigay ng Ama sa Akin ay lalapit, at walang makalalapit maliban na palapitin siya muna ng Ama."

266 Ngayon, Ama, ipinapanalangin ko ang panalangin na ito para sa sarili ko. Heto po ako, tumatanda na ngayon, at hindi ko alam kung gaanong karaming mga araw na lang ang natitira sa amin, Panginoon. Maaaring hanggang ngayong araw na lang kami. Pero anuman ang natitira, Panginoon, at kung ano ang natitira pa sa buhay ko, Oh Diyos, posible ba na Iyo pong gamitin ito at mayroon Kang gawin dito, para sa Iyong kaluwalhatian?

267 Ako'y nananalangin unang-una para sa sarili ko, Panginoon, na Iyo pong ipagkaloob sa akin ang Iyong kalooban. Ang Iyong kalooban ang mangyari, Panginoon, anuman ito. Nais kong marinig na masabi 'yun sa araw na 'yun kapag nakatagpo na po Kita, "Mabuting gawa." Yun man ay malaki, o 'yun man ay

maliit, anuman ang nasa malaking puso Mo para sa aking buhay, Panginoon, heto po ako.

268 Ikaw po'y magpadala ng isang Anghel na may dalang baga ng apoy at maglilinis sa aming mga labi at pakakabanalin kami, Panginoon, dahil ang huling malaking bagay ay napipinto nang tumama sa lupa. Iyo pong ibunsod kami na maging isang tinig na sumisigaw sa ilang ng kasalanan, "Maghanda kayo para katagpuin ang Diyos."

269 Ang munting iglesya na ito, ang mga tao na ito na dumadalo, araw-araw, at nagmamaneho nang daan-daang milya, Oh Walang Hanggan at mapagmahal, at hindi nakakalimot ng gawa, ang Diyos ni Abraham, Isaac, at ni Jacob, na Siyang nagbangon kay Jesus mula sa mga patay, at ngayon Siya'y nakaupo sa kanan ng Karangalan sa Kaitaasan, Diyos na nagtabernakulo sa laman, pagpalain Mo ang mga taong ito na aking pinagpapala sa Iyong Pangalan. Nawa'y lagi nilang maalaala at mapagkilala na may isang tanda, isang tanda sa huli. Dalangin ko na Iyong ibibigay sa kanila, at gagawin silang mga mang-aakay ng iba: sa kanilang trabaho, saanman sila, sa mga panulukan, sa mga gasolinahan, o saanman ito, para magpatotoo sa pamilihan, sa nagbebenta man ng gatas. Saanman ito, Panginoon, kung may bagay na nag-uudyok sa kanilang puso, nawa sila'y maging isang saksi. Nawa sila'y mamuhay ng isang maka-Diyos at malinis na buhay hanggang sa sila'y maging nasusulat na sulat na nababasa ng lahat ng tao.

270 Diyos, Iyo pong pagpalain ang aming kababaihan. Oh Diyos, dalangin ko na Iyong ibunsod na hugasan nila ang kanilang mga mukha, sila na mga hindi pa, na mayroon pang . . . na alisin nila ang meykap na 'yan ni Jezebel sa kanila. Maibunsod nawa sila na magkaroon ng katapangan ng mga Cristiano, at ang Espiritu Santo'y mapasakanila, nang sapat, para malaman na hindi dapat sila nagsusuot ng mahahalay na mga damit na kanilang sinusuot. Pahabain ang kanilang buhok, gaya ng mga binibini. Dahil nasusulat sa Biblia, "Mahalaga sa paningin ng Panginoon ang munting sanga na makakaalpas sa lahat ng mga bagay na parating sa huling araw. Ito'y magiging maluwalhati sa paningin ng Diyos," gaya ng paunang inihula na ito ng propeta. Diyos, Iyo pong ipagkaloob 'yun.

271 Wala na akong magagawa pa. Naisigaw ko na ang tinig ko, nang taon at mga taon, Panginoon. At maliban na Ikaw po'y kumilos, wala po akong magagawa. Dalangin ko, na Iyong gagawin. At batid ko po na Iyong gagawin, dahil Iyong ipinangako ito sa Iyong Salita. At diyan ako nakatindig. Magagawa ko lang na sumaksi, Panginoon. At walang makalalapit maliban na Iyong palapitin siya; at ang lahat ng ibinigay ng Ama ay lalapit. Kamit ko po ang kasiguraduhan na 'yan, na ang Iyong Salita'y tutuparin. Iyo pong pagpalain kami, Panginoon.

272 At kung mayroong narito na nakadepende lang sa sensasyon, na marahil sila'y nakasigaw, sila, marahil taglay nila ang Espiritu Santo, o. . .Hindi namin 'yun ibibilang, Panginoon, dahil nakikita namin ang mga tao sa mga larong beysbol, na nagsisigawan. Nakikita namin ang mga tao sa makamundong mga kaaliwan, na sumisigaw. Nakikita namin sila na sobrang tuwa na sila'y naiiyak, naroon sa sahig, nagsasasayaw, at lahat ng mga bagay na ito. Hindi po Ikaw 'yun, Diyos.

273 Pero ang makatagpo Ka at ang makausap Ka, at Ikaw ay mangusap pabalik, 'yan po ang nais namin, Panginoon. Oh, nananalangin ako sa Iyo, Diyos, sa mismong minuto na ito, na Iyong ipadadala ang Iyong Espiritu Santo sa silid, sa munting, simpleng dako na ito. Wala ngang dako na karapat-dapat para sa Kanyang panuluyan. Pero dalangin ko, Diyos, na, sa Iyong sariling paraan, na Iyong ipadala Siya ngayon mismo sa silid. Kumbinsihin ang mga kaluluwa.

274 Gaya ng sinabi ko di pa katagalan, Panginoon, marahil naglagay Ka ng isang katitisuran sa daan ng isang tao, tungkol dito sa mga pagtawag sa pagdulog sa altar, na nagmamakaawa't pinupuwersa ang mga tao na pumaroon sa harap. At kapag bumalik na kami sa kasunod na taon, nasusumpungan namin sila na dalawang-ulit na mas malala na anak ng impyerno kaysa noong simula. Paano sila makalalapit maliban na Iyong kumbinsihin sila at masidhing mapangusapan sila, ng dakilang Espiritu Santo?

275 At dalangin ko sa Iyo, Panginoong Diyos, na kung ang makasalanang lalaki o babae, kabataang lalaki o kabataang babae, ay narito sa gusali sa umagang ito, na ang Espiritu Santo ay darating na may kapangyarihan para masidhing mangusap na tutulo ang mga luha sa kanilang mga pisngi at tutulo sa kanilang kaluluwa, Panginoon, na mula sa kaibuturan ng kanilang puso ay mananampalataya sila't tatanggapin si Cristo. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Hindi nila kailangan ng altar. Ang kaluluwa nila ang magiging altar. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Pagkatapos sila'y lalapit nang bukal-sa-puso sa Iyo, at magsasabi, "Ngayon nais kong magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng aking mga kasalanan na aking pinagsisihan." Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Puspusin mo sila ng Espiritu Santo.

276 Iyo pong pagkalooban kami ng mga ebanghelista sa mundo ngayon, hindi yaong mga mamimilit at manghahatak, at magbubunsod ng makadenominasyong mga anak. Diyos, magbangon Ka sa Iyong Sarili ng mga anak. Ibunsod ang mga tao, Panginoon, na manalangin. Iniisip ko ang bahay noon ni Cornelio. Hindi pa ito nangyayari sa isang Gentil noon, pero sila'y nag-aayuno noon at nananalangin. At noong ang lalaki na 'yun ng Diyos, ang propeta na 'yun, ay tumayo roon, "At habang sinasalita niya ang mga salitang ito, bumaba ang Espiritu Santo

sa kanila na nakapakinig ng Salita." Diyos, Iyo pong ipagkaloob ang ganoong uri ng pagtitipon. "Habang sinasalita ni Pedro ang mga salitang ito." Oh Diyos, sila'y handa. Sila'y nag-aayuno. Sila'y naghihintay. Sila'y sinsero. Hindi lang sila basta "naghihintay," sila'y "naghihintay hanggang sa dumating."

277 Ang mga alagad na 'yun ay naghintay hanggang ang Diyos ay bumaba sa kalagitnaan nila, at nakikita nila Siya at nakikipag-usap sa Kanya. Lumabas sila na ang mga puso'y masisilaban ang mundo hanggang sa matupok. Sila'y may katapangan, at tumayo sa gitna ng mga dako kung saan maaari silang mapugutan ng ulo. Ang sabi nila, "Tama ba para sa amin na makinig sa inyo, o sa inyong mga organisasyon, o sa inyong mga makadenominasyong kalalakihan? O, ang dapat ba'y makinig kami sa Diyos? Kayo ang humusga." At diretso mismo, noong sila'y mapakawalan, dumiretso mismo sa labas at ipinangaral ang Pangalan ni Jesus Cristo muli. Oh Diyos, Iyo pong ipagkaloob sa amin—ipagkaloob ito sa amin, Panginoon.

278 Iyo pong ibangon ang isang ito na Iyong ipinapangusap sa Mga Kasulatan, sa amin. Iyong pahiran siya, Panginoon. Nananawagan ako para sa kanya. Iyo pong ipadala siya, Panginoon. Oh Diyos, ang gutom naming mga puso'y humihibik. Iyo pong ipadala siya, Panginoon, na magpapanumbalik sa mga tao pabalik sa Pananampalataya ng mga magulang muli, na mag-aalis sa kanila sa mga makadenominasyong papet na ito, patungo sa tunay na karanasan sa Diyos, gaya ng ginawa nila noon sa Pentecostes, na isang tunay na iglesya muli, na nagniningas, sa parehong Mensahe, parehong Pananampalataya, parehong Doktrina, parehong Biblia, parehong Diyos kalakip ang parehong tanda. Magbangon Ka po ng isang propeta sa amin, Panginoon.

279 Pagalingin Mo ang mga may karamdaman sa kalagitnaan namin ngayon, Panginoon. Mayroon dito na mga nangangailangan. Ipinapanalangin ko sila, Ama. Ako po'y napahaba't, atrasado sa umagang ito, at marami ang nakaupo rito.

Isang gabi noon, habang ang apostol na si Pablo'y nangangaral buong gabi, isang kabataang lalaki ang nahulog mula sa gusali at napatay ang sarili nito. Ang lalaki'y nakatulog. Hindi niya sinasadya, pero siya'y—siya'y nakatulog. At nahulog siya, at nawaglit ang buhay niya. At nanalangin ang apostol, at ang buhay ay nanumbalik sa lalaki uli.

280 Oh Panginoong Diyos, marami rito ang nahulog sa sakit. At gayong naghintay kami nang matagal na lumampas na sa oras ng pagpapauwi sa iglesya, narito ang mga may sakit. Oh Diyos, Iyo pong ibunsod ang kapangyarihan, ang—ang Espiritu Santo na 'yun na dumarating nang personal sa isang Haliging Apoy, Na itinatanghal ang Kanyang Sarili

at ipinapakilala ang Kanyang Sarili kung Sino Siya, at sinasampalatayanan namin Siya, na hayaan Siyang paikutan ang bawat tao na narito ngayong araw. Pagalingin ang maysakit. Puspusin ng Espiritu. Magbunsod ng paglaya sa bawat kalagayan, Panginoon, na kami'y nangangailangan nito. Iyong ibabad ang aming mga puso sa pananampalataya, Diyos, sa pananampalataya na di namamatay, kalakip ang pananampalataya na di nagkokompromiso na taglay namin ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

281 Heto po ang Iyong bayan, Iyong Mensahe, Iyong Salita, Iyong mga lingkod. At ang diyablo'y hindi kami nahahawakan. Hindi niya kayang wasakin kami kapag ang tabernakulong ito'y masira na. "Sapagkat kung ang tabernakulong ito na ukol sa lupa'y masira, mayroon tayong isa na naghihintay." Hindi siya makagagawa ng ikapapahamak namin, dahil ang lahat na aming kaaway ay Iyong kaaway, dahil kami'y sa Iyo. Kami'y binili sa isang halaga, ng mahalagang Dugo ni Jesus.

Kaya naman, kayo na mga diyablo na ginagapusan ang mga taong ito ng karamdaman, Inuutusan ko kayo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na lumabas mula sa bawat isa sa kanila. Bilang isang lingkod ng Diyos, na nagsasabing ang Salita na ito'y Katotohanan, iyong lubayan sila. Wala kang karapatan. Lahat ng inaangkin mo na mayroon ka, ay pinawalang-bisa na sa Kalbaryo. At hindi mo na mapanghahawakan ang mga ito kailanman.

282 Ngayon, Diyos, pagkalooban Mo po ang bawat lalaki at babae, kabataang lalaki o kabataang babae na narito, ng pananampalataya para sampalatayanan 'yan. Ang Salita'y sinalita na. "Kung sasabihin mo sa bundok na ito, 'Malipat ka,' at hindi mag-alinlangan sa iyong puso." "Ang panalangin ng pananampalataya'y makapagliligtas ng maysakit." "Makakamit mo ang iyong hinihiling." Nalalaman namin 'yan. Taglay namin ang tiwala na 'yan sa Diyos. Kung mayroon nga kaming pananampalataya, kung ang Diyos ay nabubuhay sa kaibuturan namin, sinasampalatayanan namin 'yan. At batid ko na ganoon nga ito, Panginoon. Kaya, Iyo pong ipagkaloob ito, ngayon, para sa karamdaman at kaligtasan. O, sana ang nasabi ko, o ang dapat kong sabihin, ay kaligtasan muna at pagkatapos karamdaman. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, dahil ang kaluluwa ay mas mahalaga kaysa sa katawan.

283 Pero sa kanila na, minsan, ligtas nga ang kanilang kaluluwa, at ang matandang katawan naman na ito'y kay Satanas, at alam niya na kanyang kukunin 'yun sa huling panahon. Kanyang dudurugin 'yun at patutumbahin dun hanggang sa ang mga insekto'y gagapangan ito at uubusin ito. Pero hindi niya kailanman sasalingin ang kaluluwa na 'yan, dahil ito'y mahalagang kayamanan ng Diyos. At sa buhay na 'yun, gaya ng

galing dun sa isang dahon, ito'y bumabalik sa Diyos na Siyang nagbigay nito; sisibol sa susunod na panahon, na may bago nang katawan na hindi na kailanman masasaling ni Satanas. Maski katandaan o anupamang iba'y hindi 'yun masasaling. Yun nga'y magiging isang niluwalhating katawan. Kami'y nakatuon doon, Panginoon. Iyong pagpalain ang Iyong bayan ngayon. Sila'y Iyo. At itinatagubilin ko sila sa Iyong kamay. Akin po itong hinihiling sa Pangalan ni Jesus.

[Nagbibigay ng marubdob na tagubilin si Kapatid na Neville—Pat.] Maluwalhati! Purihin. . . [Isa pang kapatid na lalaki ang nagbibigay ng isang marubdob na tagubilin.]

284 Hindi ko 'yan salita. Salita Niya 'yan. Oh, ang kailangan natin, sa oras na ito—sa oras na ito na kinabubuhayan natin! Hindi n'yo ba nauunawaan, mga kaibigan, na ang Diyos ay hindi dumadako sa bantog na mga personalidad? Siya'y nananahan sa gitna ng mga mapagpakumbaba, sa munti't, mababang mga bagay. Marahil hindi n'yo napagtatanto ang bagay na nangyayari ngayon, ang bagay na kumikilos sa gitna ng gusaling ito, ang bagay na kumikilos sa kalagitnaan ng mga tao ngayon mismo.

285 Bakit sinabi ng Espiritu, kanina, "Bago Ko gawin ang anumang bagay na ito," sa pamamagitan ni Kapatid na Higginbotham, "matyagan n'yo ang Mensaheng ito, sapagkat Akin Itong dinala," *o isang bagay* na parang ganoon, "para balaan kayo ukol sa bagay na ito na parating"? Tingnan n'yo kung anong nangyari.

286 May ilang bagay, sa Mga Kasulatan na inilista ko rito, na hindi ko na nabalingan, at nalaktawan ang mga Ito. Ako'y pinangunahan diyan ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Ang ilan sa Mga Kasulatan, hindi ko na nabalingan. Dumako na ako sa isa pang bagay, mismo. Paminsan-minsan, naririnig ko ang isang bagay na dumarating, bubuklat at hahanapin kung nasaan 'yun. Ang Espiritu'y nangungusap na sa bawat direksyon ngayon.

287 Oh, bayan, kayo'y maging tapat, maging sinsero. Huwag kayong umasa sa. . . Kita n'yo, nakatuon kayo—kayo sa bagay na bantog at makinang.

Samantalang, ang lahat ng mga propeta, maging si David ay sinabi, "Sa Pagparito ng Panginoon, haya't, ang bawat bundok ay mabababa, at ang—at ang mababang mga dako ay matataas." Sabi, "Ang mga bundok ay magsisiluksong parang mumunting mga lalaking tupa, at ang lahat ng mga dahon ay ipapalakpak ang kanilang mga kamay." Buweno, ano kaya ang iniisip ng mga tao kung magiging ano 'yun, kapag ang. . . si Jesus ay dumating?

Ano tuloy ang nangyari? Ang isang matanda't hamak na mangangaral, na walang edukasyon. Sa edad na siyam na taon, nagtungo sa ilang, hindi para pagsanayin ng tao, kundi para—para pagsanayin ng Diyos. Lumantad, at tumayo roon na ang

damit ay kapirasong balat ng tupa na nakabalot sa kanya, na may bala-balahibo sa mukha niya, balbasin, at ang buhok ay nakalaylay hanggang sa leeg niya. Tumira roon sa ilang, na balang ang kinakain, 'yun po'y tipaklong, balang sa gubat at pulot, noong siya'y tumira sa ilang. At pumaroon, tumayo sa putik sa may pampang, at prinoklama ang pagdating ng Mesiyas. At lumakad dun ang Mesiyas, isang ordinaryong Lalaki sa kalagitnaan ng mga tao, at binautismuhan. At lahat ng mga propeta'y dineklara 'yun na isa sa pinaka dakilang bagay na nangyari kailanman, at ganoon nga. Kita n'yo?

288 Ang mga tao'y naghahanap ng isang bagay na bantog, na kumikinang na bagay, para mangyari. Kita n'yo? Ang Espiritu Santo'y hindi kumikinang. Ito'y nagliliwanag. Ang pagninging ay sa sanlibutan. Ang pagliwanag ay sa Diyos.

Ikaw nga'y magliwanag sa ibabaw ko, Panginoon, 'yan ang panalangin ko. Iyo pong ibunsod ako na magpakumbaba. Kunin Mo ako, hubugin ako at ihanda ako. Espiritu ng buhay na Diyos, kumilos Ka nang panibago sa akin. Hubugin ako, ihanda ako. Gawin Mo po akong maging sa Iyo, Panginoon. Ako po'y kunin Mo mismo.

289 Sadyang alam ko na ang Espiritu ni Cristo ay kumikilos na sa palibot ng gusaling ito rito sa umagang ito. Ang Diyos na huhusga sa mundong ito'y narito ngayon, nang kasing sigurado na ako'y nakatayo ngayon dito sa pulpitong ito. Nagkaroon ng isa, dalawa, tatlong pagpapatibay nito, ng Salita, nang sadyang eksakto sa sinabi ng Biblia. Narinig n'yo ba na huminto 'yun nung sandali na 'yun, pagkatapos nun? Isa, dalawa, tatlo, ang lahat ay nasa espirituwal na kaayusan, ang lahat ay nakabatay sa Kasulatan na kaayusan. Oh, buksan n'yo ang inyong mga puso't unawain. Oh, grabeng panahon, ano kayang mangyayari sa panahon na ito!

290 Naroon sila noon sa itaas na silid, nang may pagkakaisa, naghihintay. "Sapagkat sila na naghihintay sa Panginoon ay mangababagong-lakas. Sila'y paiilanlang na may mga pakpak na gaya ng isang agila."

291 Huwag lang kayong tumungo roon at magsasabi, "Panginoon, patawarin Mo po ako sa aking mga kasalanan. Ngayon tinatanggap ko sa pamamagitan ng pananampalataya na natanggap ko ang Espiritu Santo," tapos aalis na.

"Sila na naghihintay sa Panginoon," nang ilang linggo, ilang mga araw, anuman, "ay mangagbabagong-lakas. Sila'y papailanlang na may mga pakpak ng isang agila. Sila'y tatakbo at hindi mapapapagod. Kung sila'y magsisilakad, hindi sila manghihina. Iyo pong turuan ako, Panginoon, turuan ako, Panginoon, na maghintay." Maghintay sa Panginoon.

292 Araw at gabi, nang walang humpay, si Anna ay nasa templo noon, walang humpay na nananalangin, nang araw at gabi.

Noong dalhin nila si Jesus doon, pumasok si Anna, na bulag, doon sa gusali, lumakad-lakad doon. Isa siyang bulag na babae na ipinatong ang kanyang mga kamay kay Jesus at niluwalhati ang Diyos. Sa kabila ng, kanyang pisikal na kabulagan, ay sa kanyang espiritu, siya'y pinakilos ng Espiritu, na tumungo sa kung saan Siya naroon.

293 Doon, si Simeon, ay naghihintay rin kay Jesus, doon sa silid-panalanginan, na nalalaman na nakamit niya ang isang pangako, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na hindi siya mamamatay; isang matandang lalaki, walumpu, halos siyamnapung taon na. At siya ay . . . sinabi niya sa mga tao nang tahasan, "Hindi ko makakatagpo ang kamatayan hanggang sa makita ko ang Mesiyas." At noong siya ring minuto na 'yun, isang munting abang Sanggol . . .

Ano Siya? Hindi isang sikat na personalidad, na lahat ng mga bantay ay tatayo nang may paggalang noong dalhin nila sa loob ang Mesiyas, na nakabalot nang komportable't maginhawa, at mainam at naayusan, at nababanguhan gaya ng mumunting mga sanggol na dinadala roon para maihandog. Pero hayun ang isang nanay na pinagsabihan ng masasamang bagay, sabi, "Nagkaroon siya ng Sanggol, na labas sa banal na kasal." Nakabalot ng basahang lampin, na pamatok, pamatok ng mga kargamento ng baka na ibinalot sa Kanya, na lumalakad papasok ng gusali, at ang lahat ng tao'y lumalayo sa Kanya.

Pero heto ang munting grupo na 'yun, ang munting grupo. Si Anna, ay isa. Si Simeon, ay isa pa, na lumalakad sa linya na 'yun, na hindi nalalaman kung kailan niya maisusulyap ang kanyang mga mata Rito. At itinaas ang kanyang mga kamay at nagsabi, "Panginoon, Iyo pong ibunsod ang Iyong lingkod na yumao na nang payapa, ayon sa Iyong Salita, sapagkat nakikita na ng aking mga mata ang Iyong kaligtasan." Hum. Kita n'yo? Hindi bantog, na makinang. Isang liwanag; at gayong kung anu-anong masama ang ibinabansag dito, 'yun ay isang tanda.

294 At, ngayon, kung anu-anong kasamaan ang ibinabansag sa tanda na ito. Wala itong pagtaguyod. Ito—Ito . . . Ito'y sinasabihan ng masama, at binabansagan ng lahat na kung anu-ano. Pero ito'y isang tanda na napalampas, isang tanda na sinabihan ng masama. Sinasabi 'yan ng Biblia, "Isang tanda, na sinabihan ng masama."

295 Alalahanin natin ito habang tayo'y bumibiyahe pauwi sa ating mga tahanan. Huwag na huwag n'yong hahayaan na mamatay ang Mensahe na ito sa inyong mga puso. Anuman ang gawin n'yo, huwag n'yong hayaan. Pagnilayan n'yo Ito, araw at gabi. At manalangin, araw at gabi, na ibangon ng Diyos ang Kanyang saksi ngayon. Tayo'y handa na, dahil naniniwala ako, na malapit na, wala nang oras. Tayo'y patungo . . .

296 "Paano, kailan ito, Kapatid na Branham?" Hindi ko alam. Marahil ngayon. Marahil bukas. Kung hindi ngayon, ako'y tutuon kinabukasan. At marahil itong taon na ito, susunod na taon, sampung taon. Marahil tatlumpung taon, hindi ko alam kung kailan ito. Pero sinasabi ko, mula ngayon, kayo'y maging handa anumang minuto.

297 At huwag n'yong ituring ito na para bang ordinaryo lang. Huwag n'yong gawin 'yan. Huwag kayong huminto, araw at gabi, hanggang sa makausap n'yo ang Diyos. Ilayo n'yo ang inyong sarili sa panatisismo. Huwag kayong magpadala sa emosyon. Huwag n'yong gawin 'yan. Yan ang nagdadala ng sobra-sobrang radikal na bagay at ibinubunsod ang mga tao na matakot dito, kita n'yo, ay dahil nga sa radikal na panatisismo. Huwag na huwag n'yong tatanggapin ang ganoon; ano't anuman. Manatili kayo roon hanggang sa makausap n'yo ang Diyos. Kung tutuusin, ang kaluluwa n'yo ang nakasalalay, at kayo ang gugugol ng Walang Hanggang sa ibayo. At siguraduhin n'yo na hindi kayo bahala na't makikipagkamay at mag-uusal ng isang kredo, o—o tatanggap ng kung anong bagay sa pamamagitan ng pananalig. Huwag n'yong gawin 'yan. Kausapin n'yo ang Diyos. Hayaan n'yong kausapin kayo ng Diyos, at masdan n'yo kung anong mangyayari sa inyo. Matyagan n'yo ang inyong mga pagnanais at kung anong mangyayari, pagkatapos malalaman n'yo kung nakipag-usap kayo sa Diyos o hindi.

298 Sa inyo na sumampalataya sa Kanya sa umagang ito. Sa inyo, at ang aking—aking nabanggit tungkol sa pagtatawag sa pagdulog sa altar. Alam n'yo ba kung paano nila 'yun ginawa sa Biblia? "Kung gaanong karami ang sumampalataya sa Panginoon, kung gaanong karami ang nanampalataya sa Panginoon ay sila'y nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng kanilang mga kasalanan." Kung hindi pa kayo. . . Hindi na tayo nagtatawag ng pagdulog sa altar. Sila'y hindi nagpalapit ng mga tao. Kapag ginawa n'yo 'yan, makukuha n'yo ang lahat. Heto ang isang lalaki na dumulog sa altar, aroganteng-tingnan, at lumuhod, dahil may taong nagpumilit sa kanya. Dalawang beses nga na mas mahirap para sa inyo—sa inyo—sa inyo na makuha siya muli. Kita n'yo? At anong ginagawa n'yo? Lahat na lang makukuha n'yo. At ang sabi ni Jesus, "Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin." Manatili lang sa Salita. Ang Diyos na ang bahala sa iba pa rito. Tama. Tama. Ang Diyos na ang bahala sa iba pa rito.

299 Pagpalain kayo ng Diyos. Umaasa ako na makita kayo uli, sana, bawat isa sa inyo na kaya pa. Alam ko na marami sa inyo ang uuwi, pa. Ako'y paririto, ngayong gabi, para pakinggan ang aking kapatid, kung 'yun ang kalooban ng Diyos. Ayaw kong kunin ang parehong pagmemensahe niya.

300 At—at si Kapatid na Neville ay isang kalugud-lugod na lingkod ng Diyos. At alam ko, alam ko kung sino. . . Kapag

napapakinggan ko siya na nangangaral, alam ko na ito'y galing direkta mula sa puso niya. Alam ko 'yan. At si Kapatid na Neville, gaya ng nabanggit niya nung isang gabi, 'yung komento na 'yun, na ang sabi'y nabanggit ko 'yun noon, "Balang araw babautismuhan ko siya sa Pangalan ni Jesus." Ginawa ko nga. Bakit? Nakita ko ang sinseridad at katapatan sa kanya. Alam ko na kung siya...na maibibigay sa kanya, at nakita siya... at kanyang—kanyang nakikita mismo Ito, na ang kanyang mga mata'y mabubuksan, kanyang matatanggap Ito. Naghintay ako, at sinasabi ko sa iglesya, "Huwag kayong mag-alala, ang Methodist na mangangaral na 'yun ay makararating din." At heto siya ngayon, isang pastor ng tabernakulo, na sadyang solido sa gawa na magagawa niya, sa Mensahe. Nananampalataya siya sa Diyos. At alam ko, kapag nakakapakinig ako ng isang bagay mula kay Kapatid na Neville, alam ko na tunay ito, na nanggagaling sa Diyos, dahil ganoon siyang tipo ng lalaki.

301 Nagpatong na ako ng mga kamay sa inyong mga panyo rito na ipinanalangin. Umaasa, na ang bawat isa sa inyo'y nakatanggap ng isang pagpapala mula sa Diyos. Umaasa na ang Diyos ay nasa inyong puso.

302 Hindi tayo—hindi tayo pumupunta rito para—para makakuha ng pagpapala mula sa Diyos, nang mas higit pa, sa pagpunta natin dito. Dahil araw-araw na humihinga tayo, tayo'y nakatatanggap ng pagpapala mula sa Diyos. Ang ipinupunta natin dito para gawin, ay para maitama, para alisin, tuliin ang ating mga puso, at ang humarap sa Diyos, at sampalatayanan ang Diyos nang buong puso natin.

303 Alalahanin n'yo ang Salita ng Panginoon. At huwag kayong makalimot, at huwag mabigo, na talagang makita ang tunay na tanda na ipinadala mula sa Diyos.

At pagkatapos ay ibabaling ko na ang gawain kay Kapatid na Neville, hahayaan siya na sabihin ang anuman na nais niyang sabihin.

[Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Tunay, hayan nga, na sinasabi ko sa inyo, alam ko na kinumpirma ng Diyos ang bagay na inaasahan natin sa unang bahagi ng gawain. Sa pagtanaw ko sa bilang ng mga mukha rito, sa umagang ito, alam ko na naging mainam na kayo'y nakaparito, at naging mainam na ako'y nakaparito, at ako'y dapat na narito, at kayo'y dapat na narito. Ang inyong misyon ay wastong natupad kung papahalagahan n'yo na maging ganoon. Ang bagay na kamit n'yo sa umagang ito, ay nakakamit n'yo dahil natanggap n'yo ito mula sa Diyos.]

["At pagkatapos na pagkatapos ay magkakaroon tayo ng gawain ng pagbabautismo, kasunod nito. At si Kapatid na Willard Collins ang mangangasiwa sa gawain ng pagbabautismo, at may dalawa o ilan tayong mga kandidato. At nais nating

makakita ng sandaan na mga kandidato para mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa umagang ito."]

Amen!

["Pagsumikapan n'yo na ipakita ang inyong pananampalataya sa isang pagpapahayag na paraan. Ang pananampalataya ay hindi kailanman naging gawa. Ang pananampalataya, na sinalita lang, ay walang mabuting maidudulot. Pero ang pananampalataya, na pinapagana, ay kaayusan ukol sa Biblia."]

Amen! Tama 'yan.

["Sa pamamagitan ng pagsunod, ang pananampalataya ay maipapakita. Nawa ipagkaloob ng Diyos sa kaninuman, sa umagang ito, na narito, na nakakaramdam na maluwag ang kalooban nilang gawin ito, kayo nawa'y dumulog. Kung heto, kung heto't medyo wala ito sa iskedyul na inyong pinlano, o marahil may pagkikita kayo na kailangan puntahan, o kung ano, pero kung kaya n'yong iantala 'yan, at sumailalim rito sa gawa na ito ng pagtalima, naniniwala ako bilang inyong nagpapakumbabang kapatid kay Cristo, at bilang isang kamanggagawa kasama ang propeta ng Diyos, naniniwala ako na magiging—magiging pinakamainam ito na pagpili, ang pagpasyahan ang desisyon na 'yan ngayon."]

Ipagkaloob nawa ng Diyos!

["At maipagkaloob na kayo'y dumulog, at pumuwesto sa inyong dako sa gitna ng iba pa na babautismuhan, na kayo'y mapasama sa bilang na ito, na bumubuo sa munting kawan. Oh, ito'y napakaganda, hindi ba? na maging isa sa Kanya, at maging ayon sa Salita ng Diyos. Maaari ba tayong tumayo, habang naghahanda na tayong umuwi.]

["Sa susunod na Linggo, si Kapatid na Branham ay babalik sa atin dito uli. Alalahanin natin ang pabatid na 'yan. Sinabi niya na magpupunta siya rito mamayang gabi, pero hindi niya sinabi na siya'y magmiministeryo. Gayunman, ang nais ko, sa tuwina, ay magawa niya. At hindi niya kailangang mangamba kung saan ako nakatayo ukol diyan. Ang aking pinakanais, sa pagkakakilala ko sa Mensahe at sa—sa tawag, sa tungkulin na mayroon siya, ay isang malaking pangangailangan para sa huling panahon na ito. Ibibigay ko ang pulpito, anumang oras.]

["Sinasabi ko ito sa harap ng mga tao at sa harap niya: Aking, ikagagalak na ibigay ang pulpito, anumang oras, sa anumang gawain, para sa importanteng Mensahe na aking sinasampalatayanan, dahil ang Diyos ay nangusap sa aming dalawa, sa umagang ito, na pinapahiwatig ang tanda nito. At ikinagagalak ko na magkaroon ng pribilehiyo na maging ang isa na ito na maibibigay ang pulpito sa kanya.]

[“At akin nga, sa gabing ito, aking ikinagagalak, kung mamarapatin ng ating kapatid, at lingkod at propeta ng Diyos, maluwag sa kalooban ko na gawin ito, ikinagagalak ko nang lubos na ibigay ang pulpito sa kanya. Basta’t sabihin niya, anuman ang nararamdaman niya. Anupa’t, siya’y nangusap na, at ipapaabot na lamang natin ang konklusyon ng buong bagay sa mga kamay ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.”—Pat.]

304 Talagang wala ka nang mahihiling pa na mas kalugud-lugod, siyanga, mula sa isang tunay na kapatid? Ang dahilan kung bakit aking. . . Kita n’yo, mga kaibigan, batid ko—batid ko na mahal n’yo ako. Mahal n’yo si Kapatid na Neville. Mahal n’yo ang lahat na mga hirang ng Diyos. Mahal natin ang isa’t isa. Kung may panahon man na dapat nagmamahalan tayo sa isa’ isa, ’yun ay ngayon mismo. Kinakailangan nating maging malapit sa isa’t isa, kapatid, na tayo nga mismo’y. . . Tayo’y magiging higit pa sa tunay na magkakadugong mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae. Yan dapat ang pag-ibig na nasa puso natin para sa isa’t isa, may pagpipitagan at paggalang, na pinakamataas. At gustung-gusto ko ’yan. Gusto ko ’yang tunay na bagay na ’yan.

305 At dito, si Kapatid na Neville, at Kapatid na Higginbotham, Kapatid na. . . Sa palagay ko si Kapatid na Funk, para ngang di ganoon ang pagkakasabi ko sa pagkakasabi niya, na nagbigay ng mensahe kanina roon. Na galing. . . galing ang mga ito sa Diyos, ang mga mensaheng ito, kaibigan, tunay na galing nga. Sinuman na may espirituwal na pagtalos ay nababatid ’yan.

306 Pero heto nga. Sa pagparito ko kanina, ganoon na lamang ang pagkagiliw ko—ko kay Kapatid na Neville na naisip ko ito, kita n’yo. Ayaw kong—ayaw kong magsabi ng anupaman maliban kung may bagay ako na mula sa Diyos na sasabihin sa inyo. Kita n’yo? At dumating ito—dumating ito sa puso ko, nang mga dalawa o tatlong araw na ang nakararaan, at hindi ko ’yun nabigyan ng masyadong pansin hanggang kagabi, noong bumuklat ako ng ilang Mga Kasulatan. Yun ang dahilan kung bakit sinaysay ko ito. Wala na ito sa mga kamay ko ngayon. Kita n’yo? Anuman ang gawin n’yo rito, nasa sa, ’yan nga’y, nasa sa inyo na, kita n’yo. Anupa’t wala na ito sa kamay ko.

307 Pero, si Kapatid na Neville nga’t ako’y, ganoon lamang. Sa pagdako ko uli rito, para—para mangusap sa ibang panahon, at may parang ganoon, at si Kapatid na Neville ay may mensahe mula sa Diyos, ako po’y mauupo. Oo, tunay nga. Pagbibigyan ko ng lugar ang mensahe ng Diyos, sa tuwina. Kita n’yo? Yan ang bagay na ginagawa namin sa isa’t isa. At ’yan ang dahilan kung bakit sinasabi ko na ako’y. . . Kung—kung hindi ako pagkakalooban ng Diyos ng anumang bagay, kung ganoon, marahil, para ipangusap, at kung magkakaloob ang Diyos kay Kapatid na Neville ng anuman, at nandito ako sa pulpito, nang Linggo ng umaga, Linggo ng gabi, kailanman ito, si Kapatid na Neville nga, siya nga’y mabuting kapatid sa tuwina, lalapitan

niya ako, sasabihin, "Kapatid na Branham, naniniwala ako na lingkod ka ng Diyos, pero binigyan ako ng Panginoon ng isang mensahe." Gagawin mo 'yung ganoon, hindi ba? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Amen."—Pat.] Siyanga, po.

308 Gagawin ko ang ganun din sa kanya, kung siya naman ang mangungusap. Sasabihin ko, "Kapatid na Neville, maaari mo ba akong pagbigyan? Nagkaloob sa akin ang Diyos ng isang mensahe. Kailangan kong sabihin ito sa mga tao, ngayon." At siya, si Kapatid na Neville, siya'y magbibigay-daan; sinuman sa amin, sa isa't isa. Kita n'yo? Ganoon ang ginagawa namin. At pagkatapos kung kami, kung wala akong partikular na bagay, hayan nga't aking . . .

309 Gustung-gusto ko ngang mapakinggan siya na nangangaral. Napakinggan ko siya. Ilan sa inyo ang nakapakinig sa kanya, noong nakaraang Linggo ng gabi? Grabeng kahanga-hangang mensahe, sinasabi ko sa inyo. Talagang tumugma 'yun, sa bagay na ipinangusap ng umagang 'yun.

At, mga kapatid, sinasabi ko sa inyo, nasa inyo na ang sapat na Salita ng Diyos na dapat n'yo mismong ipamuhay nang tama at maging tama.

Pagpalain ka ng Diyos ngayon, Kapatid na Neville.

*Isang Tunay Na Tanda Na Napalampas* TAG61-1112
(A True Sign That's Overlooked)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Nobyembre 12, 1961, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org